ang GSIS ay hindi po isang bureau ng national government, kundi ito ay government owned and controlled. Ito ay isang masasabi nating parang SSS. So ibig sabihin, may nature sila na kailangan nila ng kaunting kalayaan, na sila po ay makapag-decide, na ang kanilang budget ay hindi dumadaan po sa Kongreso. Kalimitan po ang mga budget nito ay hindi dumadaan sa Kongreso.

So, itinalaga po ng gobyerno para naman magkaroon po ng isang institusyon na nagbabantay sa operasyon po ng mga institusyon na ito, lalong-lalo na ito—ito ay under ng oversight functions ng Congress, subalit po sa mga pang-araw-araw na kanila pong operasyon ay mayroon na pong tagabantay tayo at ito po ang GCG.

REP. GAITE. Mr. Speaker, salamat po. Mr. Sponsor, gaano karami ba ang ahensiyang ino-oversight ng GCG sa kasalukuyan?

REP. SALCEDA. One hundred eighteen.

REP. GAITE. One hundred?

REP. SALCEDA. Eighteen.

REP. GAITE. One-one-eight.

REP. SALCEDA. One-one-eight.

REP. GAITE. Salamat po, Mr. Speaker.

Noong 2011 po itinatag ang GCG at siyam na taon na po siyang nag-e-exist. Pero binabasa ko po iyong ating mga listahan ng na-file na bills noong Seventeenth Congress, there were three bills calling for the abolition of the GCG. For this Eighteenth Congress, there was another bill that was filed for the abolition of the GCG, House Bill No. 1898 by Hon. Lorna Silverio, and the grounds stated therein was that it did not fulfill its mandate of, iyong nasabi po ng ating kagalang-galang na Mr. Sponsor, Mr. Speaker, iyong usapin ng policies ng government para sa GOCCs. Dahil sa dami nga ng GOCCs, nagkakaroon ng kaniya-kaniya o hindi consistent ang direksyon ng mga GOCCs na nabanggit—SSS, GSIS and the 118 others. And there is also a problem regarding the corporate governance

policies, specifically iyong problem ng political interference in the operations of said GOCCs. There is also a problem in the lack of transparency in the selection process of the members of the board of the respective GOCCs. And there is also a lack of financial integrity, financial consistency. So, nine years palang po ang GCG and yet, marami na po nag-iisip na hindi nito nafu-fulfill iyong kaniyang mandato, Mr. Speaker. Ano ho po ba ang reaksyon ng ating Sponsor dito, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Hindi ako magpapalusot na ito ay nasa Supreme Court na, na ito ay under judicial review already. Pero sa pananaw ko po, bilang isang dati pong nasa private sector, palagi pong nagkakaroon sa mga korporasyon, lalong-lalo na po kapag isa kang holding company, lagi na po sa loob po mismo ng board of directors, bumubuo ka pa ho ng isang grupo upang mabantayan po, ma-monitor po iyong performance noong mga kumpanya na pag-aari po ng isang korporasyon. So, sa pananaw ko po naman po ay may mga ginagawa po ang GCG na hindi po, sa ngayon, ginagawa o naimamandato, halimbawa, sa DBM, kasi ang GCG po, ang kanilang—iyong isang halimbawa na lang po, bago iyong GCG, P7.1 billion lang iyong nai-remit na mga dividend. Ngayon po ay nasa P28 billion. So, sila pa iyon parang tagabantay natin, tagaudyok.

It is almost like a management audit unit of the government that essentially tries to look after, not just from this negative approach, but rather that from holding the hands of our government-owned and -controlled corporations so they can better respond to the needs of the public, of public interest.

REP. GAITE. Thank you, Mr. Speaker.

Iyong binabanggit n'yo pong improvement in terms of the remittances of the GOCCs to the national coffers, sinasabi n'yo pong nag-improve, lumaki, Mr. Speaker, pero ang tanong, Mr. Speaker, ang PhilHealth ho ba ay saklaw ng GCG, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Ang alin po?

REP. GAITE. Ang Philippine Health Insurance Corporation.

REP. SALCEDA. Opo.

REP. GAITE. Case in point, Mr. Speaker.

Kung totoo ngang nakatulong ang GCG sa mas episyenteng pagpapatakbo ng mga korporasyon lalo na sa usapin ng pagbibigay ng serbisyo at, gayundin sa kabilang bahagi, ang nalulustay o baka maaari pang sinabi ng iba'y nananakaw na pondo ng mga GOCCs, a very glaring concern or issue is that the issue of corruption has not really been curtailed and as a matter of fact, the GCG even with its powers of oversight over such GOCCs has failed miserably in controlling or even minimizing corruption.

Ang sabi nga dito, gusto i-address iyong corporate governance policies, iyong problema ng transparency, the integrity of its financial operations. So, nandoon sana, nasa frontline, kung baga, frontliner iyong GCG dahil napakalaki ng kapangyarihan noong GCG. It overtook the original functions of the Office of the President, the Commission on Audit, the NEDA, the GPPB, the OGCC which accordingly, when this was created in 2011, ang sabi daw i-centralize na raw ang lahat ng mga GOCCs despite the fact that these GOCCs have their respective mother government agencies like, nabanggit ninyo po, the GSIS and SSS. Dati po ang mother agency nila, if I am not mistaken, ang Department of Finance. So, mayroong mga mother units din sila na nagbibigay ng guidance, nagbibigay ng direction, pati policy issues regarding the operations of such GOCCs. But now, we have created another layer, another dinosaur, if I may say, na napakalaki at napakalawak, pero tulad noong dinosaur, eventually, naging extinct kasi napakalaki, it was biting off more than it can chew dahil nakita nito na nagbigay ito ng isang masyadong napakalawak na kapangyarihan at iyong mga basic na operations ng mga GOCCs, kahit iyon ay hindi na niya ma-attend-an.

Mr. Speaker, ano ho bang tingin ng Sponsor doon sa nabanggit ko na nga po, mayroon na ngang ibang Kinatawan tayo dito sa Kongreso na nagmumungkahing i-abolish na iyong GCG dahil 'di nito natugunan iyong pangunahin niyang mandate based on those grounds that I have expounded, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. SALCEDA. Salamat. Pero alam ninyo po, dahil po sa –puwede ko i-share ko po sa inyo iyong analysis po ng GCG sa buong PhilHealth. Hindi ho sila nakakapagbigay ng bonus dahil laging bagsak po sila sa performance indicators. Sa pananaw ko naman ay isang napakalaking ambag ito sa operasyon ng gobyerno. Dahil po sa ginagawa po ng GCG, isa sa kanilang mandato na ibinigay po ng Kongreso, kaya po hindi po nakapagbibigay ng bonus ang PhilHealth gawa nga po noong 2017, 43 percent lang iyong kanilang grade, tapos noong 2018, iyong grade nila 78 percent lang. So ibig sabihin, maganda rin po iyong mayroon tayong isang management audit team na hiwalay po sa DBM dahil kung iisipin, ang DBM po talaga sa pagba-budget po talaga, kung бага iba ang focus po nila. E dito naman po, mayroon pong word mismo, “governance.” So, ibig sabihin nape-perform po ng GCG ang governance. The mere fact that PhilHealth never had bonuses because they failed the GCG Performance Audit, I think it is already a significant contribution to nation-building.

REP. GAITE. Salamat, Mr. Speaker, at buti na lang nabanggit ninyo po iyan kasi talagang magtataasan ang kilay ng mga mamamayan, lalo na iyong nagko-contribute sa PhilHealth, na bibigyan pa sila ng reward considering that they have already failed miserably, again, in the delivery of basic services. At hindi lang iyon, there are now allegations that our hard-earned contributions to the PhilHealth, which should have been monitored by the GCG, have been pocketed by certain officials or even those from the private sector.

So, Mr. Speaker, dapat lang talagang ginawa iyon and, of course, iyong issue ng non-delivery, iyong hindi pagbigay ng mga benefits, of course, that is a positive step, but other than that, it is controlling the hemorrhage of our much-needed funds. So iyon po iyong hinaharap rin po natin, na sana may proactive role and GCG pero as I said, we are not seeing that currently.

REP. SALCEDA. Ah, ...

REP. GAITE. I will go to... Sige,

Mr. Speaker, baka gusto mong sumagot.

REP. SALCEDA. Kung ipapa-print ko po itong kanilang –marami po doon kayong mababasa na mga masasabi nating proposal for the improvement of the operations of PhilHealth na sana po ay nakatulong, e nasa institusyon na po iyan. Kung hindi pa rin po nila gawin, sa tingin ko wala ho sa ambit ng GCG kundi ako personally po, Your Honor, it is a failure of the law because we made PhilHealth a health institution when in fact, it is just a financial institution. If it is a problem, it is a structural problem and therefore, that breeds a lot of other dysfunctions at the expense of the services to the people. I have conducted myself, Your Honor, a structural approach analysis of PhilHealth and I can tell you –pero sa ngayon po dahil ang napag-uusapan po ay ang budget po ng PhilHealth, sa pananaw ko, mula po dito sa GCG, e dapat po ang manghimasok na po ang COA and therefore, ang Ombudsman. So, iyon po ang step sa ngayon. Kundi sa ngayon, it is what you can call within the affirmative domain of managing certain institutions, especially those that do not regularly go to Congress when they ask for their budget.

REP. GAITE. Thank you, Mr. Speaker. Pero tulad ng nabanggit ko, dahil nga napakaraming amo ngayon ng iba’t ibang ahensiya, lalo na iyong mga GOCCs –nandiyan na nga iyong COA, mayroon pang GCG, may DBM na, may GCG pa, may NEDA na, may GCG pa rin –napakaraming amo, too many masters, kung kaya’t kahit doon sa proseso ng pag-e-ensure ng integrity of financial conditions, nabanggit ninyo na po, may COA, pero iyong COA, of course, that is another concern, another issue, e for the past several decades probably, the agencies, not only PhilHealth for that matter, but so many other agencies have escaped the very much-needed audit performance evaluation of such agencies. Kaya’t sa dami ng dapat na nag-o-audit dito, e parang hindi ko trabaho iyan, trabaho iyan ng kabilang ahensiya. And I think that was the purpose originally of the GCG. But now, even in that aspect, they have been very much remiss.

So, Mr. Speaker, I will go on to my next topic and this was also our concern noong manggagawa pa ako at kawani ng OWWA, at Presidente ako ng COURAGE. Tinutulan namin ito, as a matter of fact, iyong creation ng GCG, and our argument then was, as I will state it now, we are creating another structure in the bureaucracy which will only add to the bureaucratic layer in the government. Gusto natin magkaroon ng lean bureaucracy and yet, we are creating so many government agencies whose functions are redundant, duplicating other existing agencies, those already established.

Ang isang trabaho sana daw ng GCG – ito, concern talaga ito ng mga manggagawa – iyong Compensation and Position Classification System. Can we have an update on the status of the CPCS of government financial institutions after the suspension by President Rodrigo Duterte under Executive Order No. 36 of 2017, suspending Executive Order No. 203, Series of 2016?

As a background, GOCCs, many of which are exempted from the Salary Standardization Law, since 2010, have not received any salary increase because upon the creation of the GCG, they were tasked with the responsibility of creating the CPCS. But since 2011, with the suspension of Executive Order No. 203 of 2016 by President Duterte, under Executive Order No. 36, magpahanggang ngayon, wala pang dagdag na suweldo ang ating mga kawani sa mga GOCCs na exempted sa Salary Standardization Law, na ang pinakahuli ay nitong taong ito, under the Salary Standardization Law 5. Mr. Speaker, ano na ho ba ang status nitong CPCS na matagal nang inaabangan din ng mga kawani ng mga GOCCs, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. SALCEDA. Doon sa 85 po ngayon na GOCCs na pinag-uusapan natin, 62 po pinili na po na mapaloob sa SSL. So, samakatuwid po, sila po ay – iyong kanila pong suweldo ay nakabase po sa Salary Standardization Law na ginagawa po ng Kongreso. Iyong natitira po ay – iyong kanila po, they chose to remain na ang kanilang compensation ay nakabase po doon sa CPCS framework para po sa mga GOCCs.

REP. GAITE. Okay. Salamat po, Mr. Speaker.

At gusto ko lang i-inform ang Kapulungang ito na may mga government agencies tayo, tulad ng nabanggit, mula noong 2010 or 10 years ago, wala pong salary adjustment. To name a few, I believe these are the GSIS, the SSS and others, dahil nga po iyong problema na dati exempted sila sa Salary Standardization Law but because of the GCG Law, which was responsible for establishing the CPCS, na sobra nang naantala magpahanggang ngayon, wala pa rin silang dagdag sa sahod. Hindi ho ba unjust iyon that while employees in other government agencies tulad ng national government agencies, mga state universities and colleges and local government units ay nagkaroon ng kakarampot na increase sa ilalim noong Salary Standardization Law 5, iyong ating mga kapatid na kawani sa GOCCs, ni isang kusing ay wala pa ring dagdag sa sahod?

Kaya po, iyan po iyong concern ng Kinatawang ito. Ano ho ang dahilan bakit hanggang ngayon iyong CPCS na sinasabi na responsibility ng GCG e hanggang ngayon ay hindi pa rin nailalabas? Mayroon ho bang maaasahan iyong mga manggagawa ng mga naturang agencies? Sinabi ninyo 62 out of the 85 have decided to comply or accept the provisions of the SSL 5, but there are many others whose salaries have not yet been adjusted, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. SALCEDA. Your Honor, I will be more forthright, no blame, it is about institutions making choices but I guess, Your Honor, the new CPCS that will come out, which the GSIS chose, I think they will get a higher pay under the new CPCS.

REP. GAITE. Pakiulit po, Mr. Speaker. Pasensya na po.

REP. SALCEDA. Aakyat po, 'pag lumabas po iyong bagong CPCS, aakyat po ang sweldo ng mga taga-GSIS. Kung gusto n'yo po ng draft, hihingin ko po dito.

REP. GAITE. Salamat po. So, ...

REP. SALCEDA. Ibibigay ko po sa inyo.

REP. GAITE. Actually, ang hinahanap po ng ating mga kasama na mga kawani sa mga GOCCs ay mismo iyong CPCS, not only for the GSIS, but for the other government-owned or -controlled corporations or government financial institutions. So, not only for the ...

REP. SALCEDA. I think ...

REP. GAITE. Not only for the employees and officials of the GSIS, but pati na rin iyong iba. So iyan po iyong concern kung kaya't I would also like to inform you that even many of the employees in the GOCCs are supportive of the demand for the abolition of the GCG which has not, they believe, lived up to the mandate not only of the agency, but of the employees. Kayo ho ba, may record ho ba ang GCG sa—anong tawag nila doon, may tawag sila, dashboard—iyon, may dashboard ba kayo ng specific GOCCs in terms of compliance with the performance targets of each agency? Mayroon tayong major final output, mayroong mga financial targets. Kasi ang tanong ng ating kagalang-galang na ...

REP. SALCEDA. Yes, mayroon po; it is called the "PCIS."

REP. GAITE. ... Congressman Marcoleta e, like the PhilHealth, ano ho ba ang scorecard at mayroon ba kayong mga rekomendasyon patungkol dito, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Para sa PhilHealth?

REP. GAITE. For all other government ...

REP. SALCEDA. Yes.

REP. GAITE. One hundred ...

REP. SALCEDA. Eighteen.

REP. GAITE. Eighteen.

REP. SALCEDA. Kaya iyong natitira pong 84, dahil ipina-abolish na natin iyong 30, so mayroon po, the ICRS, the link is there. With

respect to just PhilHealth as a specific issue, we have—I can share with you a 15-page summary of the recommendations of the GCG with respect to the operations of PhilHealth. And with respect to the status of the CPCS, may I approach the Gentleman and just share with you exactly where the CPCS is. And lastly, what is good for the goose is good for the gander. In short ...

REP. GAITE. Yes, Mr. Speaker.

REP. SALCEDA. ... this is not just for the GSIS, this is ...

REP. GAITE. Yes, siges po, pero siguro tapusin ko na lang po.

REP. SALCEDA. In short, this is for all GOCCs that are under the CPCS.

REP. GAITE. Yes, Mr. Speaker, I just have six more minutes and siges po, puwedeng pagkatapos na lang, mayroon lang akong mga ilang inquiry lang, Mr. Speaker.

Nasabi ko kanina ang isang dahilan sa pagtatayo ng GCG o Governance Commission for GOCCs ay iyong problema ng lack of transparency in the appointment or selection of their board members. Kung kaya't based sa GCG Law, ni-limit na lamang sa one year ang term ng bawat appointee at they will apply the fitness and—ano po iyong term na ginamit, basta iyong merit and fitness, mayroon silang ginagamit na measurement of the performance. After which, kung sila ay pumasa, then mae-extend nang mae-extend ang kanilang termino bilang board members sa mga naturang korporasyon, pero ang isa ring binanggit ay iyong political interference. Nagulat ako kasi ang isa sa mga first resigned na official ng pamahalaang Duterte ay walang iba kundi si Jaime Maria Flores, siya ang first resigned official under the government of Duterte. He was formerly appointed as the head of the GCG and he resigned on October 24, 2016. And based on some articles I read, the reason why he resigned was because of political interference. Meaning, there were many—because ho iyong patronage politics, the influence of so many people wanting to

get appointed in major financial institutions was too much pressure. That was what I read in an article.

So, again, iyong head ng agency mismo, Jaime Maria Flores, in 2016, iyong mismong agency ng GCG was buffeted by political interference and accordingly, kaya na rin siya nag-resign, hindi niya na kaya iyong maelstrom na tumatama sa GCG. Kung sa GCG nangyayari iyan, how effective has the GCG been in ensuring that—sabi nga dito, iyong kawalan ng transparency sa pag-appoint ng members ng board. Hindi talaga necessarily iyong sinabing kumakatawan dapat, example sa GSIS—and we are moving for amendments of the GSIS Law—na dapat kapag sinabing kinatawan siya ng manggagawa, dapat manggagawa siya, dapat kawani rin siya, pero nakikita na nga natin kung paano ito nava-violate sa maraming pagkakataon. So, Mr. Speaker, papaano ba natin talaga magagamot ito? Puwede ho bang magbigay ng kaunting background, bakit ho ba talaga nag-resign si Mr. Jaime Maria Flores and how has the GCG been effective in addressing a major concern on how to prevent the interference of political patronage, especially in the selection of members of the board of the various GOCCs, GFIs, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Let us fix the term, Sir.

REP. GAITE. Mr. Speaker.

REP. SALCEDA. Let us fix the term, change the law.

REP. GAITE. (*Laughter*) Salamat, Mr. Speaker.

Marami talagang dapat ayusin dito sa GCG and nine years into its implementation, its enactment, we still see the same problems. It was created—iyong rationale niya for being created are still problems that we still face today. Hindi nito na-address iyong inconsistent policies in the objectives of the government GOCCs.

I believe that the GCG has a role in the issue of checking corruption. Hindi puwedeng maghugas-kamay ang GCG at sabihin na hindi nila trabaho iyong pag-check ng financial

conditions ng mga GOCCs dahil nandoon sa kanilang kapangyarihan ang pag-review at oversight sa mga ito. Dapat ma-check rin nila, ito na nga, iyong nabanggit ninyong CPCS. Noong inilabas ang unang Executive Order No. 203 na sinuspinde, ang isa sa mga rationale sa pagtatayo ng GCG ay iyong—ano iyong exact term, I forget the exact term but the—unconscionable, I think that was the term, the unconscionable salaries of officials in the GOCCs. Mantakin ninyo, when Executive Order No. 203 came out, panahon ni PNoy, ang suweldo ng pinaka-top positions ng mga government financial institutions would have been P1,855,699 a month, which is much, much bigger than the salary of the President of the Philippines which would have been only four hundred—where is that—P431,718 a month.

So, ito iyong sinasabing unconscionable salaries. Yet, instead of addressing that problem, lalo pang pinalaki iyong suweldo ng mga matataas na opisyal and the concept of checking the unconscionable salaries of officials in the GOCCs has not been corrected. And I believe President Duterte suspended its implementation on that basic ground. So, Mr. Speaker, sana po, sa nabanggit na po, we have to really change that law. I do not know kung to what extent, there are other proposals, but the budget of the GCG is put in question because iyong kaniyang mandato para ibigay ang kaniyang serbisyo has not been at par. So, Mr. Speaker, for now, I leave that at that, pero sa minimum, humihingi ako ng commitment paano ho ba ia-address iyong problema ng suweldo ng mga empleyado sa mga GOCCs dahil sa kagyat iyon po iyong malaking suliranin na hinaharap noong ating mga kawani sa mga GOCCs, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

So commitment lang po, Mr. Speaker, doon sa usapin ng suweldo ng ating mga kawani sa GOCCs, lahat na sila, hindi lang po ang GSIS kundi iyong 20-plus pa na hindi pa naa-adjust ang suweldo since 2010, Mr. Speaker.

REP. SALCEDA. Yes, Your Honor, it should have been, actually, submitted last September except for COVID, but I would like to give you a copy ...

REP. GAITE. Salamat po.

REP. SALCEDA. ... of the draft ...

REP. GAITE. So, mayroon na po.

REP. SALCEDA. ... of the new CPCS that will essentially allow or perhaps lift the moratorium imposed by then President Aquino. I think that is my answer to you, Your Honor.

REP. GAITE. Thank you, Mr. Speaker. So, bukas po tatanggapin ang proposal—ah, the CPCS for all GOCCs. Salamat po, Congressman Salceda. At dito po sa isinumite ngayong CPCS ay pag-aaralan natin para makita kung paano makakatulong sa ating mga kawani sa GOCCs na matagal na nilang gustong makita para magkaroon ng pagsusuri sa kalagayan nila bilang mga kawani ng ating pamahalaan sa mga GOCCs.

So, Mr. Speaker, with that, dahil wala na pong ibang mga miyembro ng Minorya na nais magtanong at mag-interpellate sa GCG, I move that we terminate the interpellation on the budget of the GCG, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, we join the Minority to terminate the consideration of the budget of the Governance Commission for GOCCs.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved. The period of sponsorship and debate on the budget of the Governance Commission for GOCCs is hereby terminated. (*Applause*)

REP. SALCEDA. Clap your hands pa rin.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Congratulations!
Majority Leader.

SUSPENSION OF SESSION

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, I move to suspend the session for a few minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is suspended.

It was 11:54 a.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 11:56 a.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is resumed.

COMMISSION ON THE FILIPINO LANGUAGE

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, I move that we consider the budget of the Commission on the Filipino Language.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. CRISOLOGO. Before we proceed with the first interpellator, Mr. Speaker, I would like to acknowledge the presence of our guests from the Komisyon sa Wikang Filipino. We have with us today Mr. Norman Abubo, Budget Officer; Ma. Christina Pangan, Planning Officer; Mr. Salvador Sagadal, OIC, Chief Administrative Officer; and Mr. Arthur P. Casanova, Acting Chairman.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). We welcome our guests from the Commission on the Filipino Language to the House of Representatives. Thank you for your being here.

Majority Leader.

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, again, to sponsor the budget, I move that we recognize Rep. Joey Sarte Salceda, and from the ACT TEACHERS Party-List, Rep. France L. Castro, for her interpellation.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Hon. Joey Salceda is recognized to sponsor the budget and Hon. France Castro is recognized for her interpellation.

Hon. France Castro may proceed.

SUSPENSION OF SESSION

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, I move to suspend for a few minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Crisologo). The session is suspended.

It was 11:58 a.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 11:59 a.m. the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is resumed.

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, I move that we resume consideration.

REP. SALCEDA. Certainly, Your Honor, to the Representative of our teachers. My father was a teacher all his life and my mother was a teacher too. Both of them were public school teachers.

Yes, Congresswoman Castro.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you. Thank you very much, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

Binanggit ninyo po ang teachers, sa October 5 po ay World Teachers' Day, kaya po nagpupugay tayo sa ating mga guro.

Dito po, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, sa budget ng KWF or Komisyon ng Wikang Filipino, mapapansin po natin, Mr. Speaker, ang daming budget cuts. So, kung titingnan po natin, mayroon pong P9,000,908 na tinapyas sa budget ng KWF. Puwede po bang malaman, Mr. Speaker, ano po ba iyong original proposal na budget ng KWF?

REP. SALCEDA. Original, anong original ninyong proposal?

Ninety-one million, tinapyasan po ng katorse.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Thank you po, Mr. Speaker. So, in due time po, mag-aano po tayo ng proposal. So, puwede po bang maipaliwanag – doon sa proposal nilang P91 million, kinaltasan ng P14 million, marami po ditong mga proyektong KWF. Puwede po bang maipaliwanag, ano iyong magiging epekto ng kaltas doon sa mga programa at proyekto ng KWF, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Basically po, kapag tiningnan mo po iyong budget po nila, iyong composition, iyong tinapyasan lang talaga from P52 million at naging P33-million was the Promotion and Enrichment of Filipino and Philippine Languages. So, ang tinanggal mo doon ay iyong kanilang MOOE, imbes na P38 million ay naging P17 million. Ibig sabihin, mas konting training, mas konti pong pananaliksik, mas konti po sigurong mga action research na siya pong nagpapayaman po ng atin pong lenggwahe o ng atin pong wika. So, iyan po, basically, they will have less activities for the promotion and enrichment of Filipino and Philippine languages.

REP. DELOS SANTOS. Nawala.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Parang nawala.

SUSPENSION OF SESSION

REP. DELOS SANTOS. Nakikita na ba niya? Nakikita kung nandiyan? Iyong si Rep. France Castro, nakikita ba kung nandiyan?

Mr. Speaker, a few minutes of suspension, please.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is suspended.

It was 12:03 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 12:03 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is resumed.
Majority Leader.

REP. SALCEDA. Yes.

REP. CASTRO (F.L.). I am sorry, Mr. Speaker, kasi ina-unmute po yata ako...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Honorable Castro, you may proceed.

REP. CASTRO (F.L.). ...kaya hindi po ako makapagsalita. Okay, so na-realize ko po iyong importance noong ginawang pagtapyas at magiging epekto nito doon sa paglinang, pag-develop, pagsasaliksik sa ating wika, sa wikang Pilipino. So, nalulungkot ako, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, sa isang desisyon nga ay halos ginawa na ngang optional ang Filipino language na pagtuturo sa tertiary. Ngayon, dito pa sa ahensiya na dapat na lumilinang, nananaliksik, at nagpapaunlad ng ating wika ay talagang binabaan ng budget at kinaltasan. So, in due time, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, sana matulungan ako na maibalik natin itong budget na ito ng KWF.

REP. SALCEDA. Definitely, because noong ako po ay Governor ng Albay, marami pong naitulong sa akin ang KWF at bilang isa sa mga masasabi nating senior members ng Committee on Appropriations, isa po ako sa—I will definitely support once the proper proposal or proper request not augmentation but additional budget for KWF is made. Kasi alam ninyo po, para sa isang ahensiyang katulad nito, iyong P17 million o P22 million actually ay napakalaki pong dagok po sa kanilang operasyon, so ako po’y I am very supportive po. Ilang beses po silang ...

REP. CASTRO (F.L.). Salamat po.

REP. SALCEDA. ... for just a ...

REP. CASTRO (F.L.). Salamat po, Ginoong Sponsor, Mr. Speaker. Isa din po sa aking concern, pangalawang concern ko po, Mr. Speaker, dahil nakakalungkot nga binawasan. Ang itatanong ko pa man din sa susunod, magkano ba iyong hiningi ng KWF sa DBCC sa paggawa ng promulgation ng IRR? Last year pa po ito e. Nalulungkot po ako kasi last year ko pa po itong hinihingi na sana

mabigyan ng pondo iyong paggawa ng IRR para po doon sa promulgation noong FSL, pero hanggang ngayon po ay wala. Puwede po bang malaman ang comment ng Sponsor hinggil dito?

REP. SALCEDA. Two million po. So, idagdag na po natin iyan. So, ang atin pong hihingi na dagdag po na budget para po sa KWF ay magiging P19 million para po magawa nila iyong kanilang napakahalagang gawain po lalong-lalo na po sa panahong ganito. Sa akin pong pananaliksik ng mga ekonomiya sa ibang bansa, nakita ko na kung saan po ang kultura ay nagiging basehan ng pagrekober po ng ekonomiya na tinatamaan ng ganito kalaki, kung saan po ang pagkakaisa o ang pagkakaroon po ng mga ganito pong aktibidad, actually, ay nakapagpapalakas ng loob ng mga ordinaryong mamamayan. Kaya ako po’y suportadong-suportado ko po nang todo-todo na madagdagan po ang budget ng KWF dahil pabalik-balik po sila sa akin sa Albay para po matulungan nga po iyong amin pong mga ginagawa po doon na mga pag-aaral patungkol po sa kultura at sa lenggwahe. At kaya po ako’y—so, iyong P2 million po ay iyan po ang hiningi nila para sa FSL at hindi rin po naibigay.

REP. CASTRO (F.L.). Salamat po, Mr. Sponsor. Pangunahing nagsulong po ng FSL Act simula noong Mayo 2012, katulong ang Philippine Federation of the Deaf at ng iba’t ibang national and regional organizations na ngayong taon ay nagbuo ng Filipino Sign Language Advocacy Cooperative upang bantayan ang implementasyon ng FSL at ginunita noong September 23 ang Pandaigdigang Araw ng mga Wikang Pang-Senyas o iyong sign languages at sa linggong iyon, ang Pandaigdigang Araw ng mga may Kapansanan sa Pandinig—nagpanukala po ang Philippine Federation of the Deaf at Filipino Sign Language Advocacy Cooperative ng para sa 0.01 percent earmarking para sa mga may kapansanan sa pandinig. Sa esensya, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, hinihiling nila sa Kongreso na gawing permanente ang paglalaan ng tiyak na pondo para sa kanila. Maliit na halaga lang, hindi bababa

sa 0.01 percent ng MOOE ng mga ahensiya na may mandato sa ilalim ng Filipino Sign Language Law o aabot halos sa P297 million para sa 16 na ahensiya, kabilang ang KWF. Ginoong Sponsor, ilan po sa mga ahensiya na minamandato ng FSL Law na magpatupad nitong batas na ito at tiyakin na maipatupad itong batas na ito sa mga sumusunod ay, una po, iyong KWF, Commission on Human Rights, Council for Welfare of Children, Philippine Commission on Women, DSWD, DILG-OSEC, DILG-Philippine National Police, National Commission for Culture and the Arts, State Universities and Colleges, Presidential Communication Operations Office o iyong PCOO, IBC and PTV 4, MTRCB, Local Government Academy, Department of Education, National Council for Children's Television and the Early Childhood Care and Development Council.

So, ito po, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, ang mga ahensiya na dapat na magpatupad at magsigurado na mapatupad ang FSL para po sa kapakanan ng ating deaf community. Nagkakahalaga po ito ng almost P297 million. Kung kukuhanin po natin iyong suggestion ng ating mga deaf community, 0.01 percent po noong bawat ahensiya sa MOOE. Puwede po bang marinig ang komento ng ating Sponsor, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Susulatan ko po lahat kasi mukhang iyong mga ahensiya po ang bingi kaya kailangan po natin silang pukawin.

Alam ninyo po, sayang naman po iyong mga pag-tumbling natin dito sa Kongreso para gumawa ng mga magagandang batas at hindi mo rin naman ipapatupad. Alam ninyo po, pinag-aralan ko po lahat ng mga unfunded laws at kapag nakakarinig po ako ng ganyan ay ako po ay talaga gagawa kahit papaano po, in my own way, na lahat po itong mga mandated institutions kailangan pong mag-ambag para po ipatupad ang FSL, para po ito ay maisakatuparan na po, para po sa kabutihan, ng lahat po, lalong-lalo na po iyong mga naiwan sa atin pong lipunan.

So, I will, my office, as Vice Chair of Appro, will write all these institutions to remind them that they have been deaf to the needs, to the national imperative to help, especially those

who are marginalized not of their own fault. So I think, Your Honor, without being, hindi dahil po sa — but I share the advocacy that you are espousing.

REP. CASTRO (F.L.). Salamat po, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

So, aasahan po natin iyan. Ako po ay nagtitiwala sa ating Sponsor na magkatulong po tayo para gawin iyan. Isa pa pong mga ano, dagdag pa, dati po kahit Magna Carta for Persons with Disability in 1998 ay mayroon pong 1 percent earmarking para sa mga senior citizens at PWDs sa pamamagitan po ng general provisions sa GAA mula 2006 hanggang 2010. Noong 2010 po, halimbawa, iyong General Provision No. 34. Pero sa kasamaang palad po, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, nawala na po ito doon sa GAA simula noong 2011. Wala nang mandato o watered down provision na lang ngayon ang General Provision No. 32. So, ano po ba itong Section No. 34 sa GAA ng 2010? Iyong mga programs and projects related po sa ating mga senior citizens and differently abled in support of the Philippine plan of action for all deaf persons.

So, Mr. Speaker, siguro para po ma-concretize natin iyong ating sinasabi dito, baka puwedeng mailagay natin muli o maibalik natin sa Special Provisions or General Provisions iyong mga nabanggit ko po na dapat ay maglaan ng pondo sa mga agencies para po institutionalized na po at maipatupad na po nang kumpleto itong FSL. Ano po sa tingin ng ating Sponsor, Ginoong Speaker?

REP. SALCEDA. Noong governor po ako, iyong GAB po ay hindi isang tokenism, ngunit isa pong proyekto na binali-baliktad para lang po makapag-comply sa gusto ng batas. Kaya po ako ay naniniwala na kung magkaroon po tayo ng PPAs o programs, projects and activities o ng PMPs na siyang magde-define po ng 1 percent na iyan, bilang isang commitment ng atin pong bansa para po sa kabutihan at kagalingan po ng mga naiwan po — dahil sabi nga mismo ng ating Pangulo, na walang maiwan sa kaniyang administrasyon — so, aantayin ko po, Your

Honor, dahil hindi po ako isang eksperto, ang isang sulat mula po sa iyong opisina para po may basehan po ako bilang, kung saka-sakali man pong palarin na maging miyembro po ng small group na ito po ay maisulong ko po , at least magkaroon po ng tiyansa na ito po ay marinig at mabigyan po ng chance na makipag-compete sa iba pong mga masasabi nating competing priorities of our nation, especially in this period of pandemic, in the current crisis.

REP. CASTRO (F.L.). Okay.

So, with that very reassuring answer from our Sponsor ay nagtitiwala po ako doon sa sinasabi niya. So, susulat po ang aking opisina para po doon sa amendment, especially po sa General Provisions na ma-include po iyong implementation ng FSL in terms of budget na naaayon sa kaniyang mandato sa lahat ng mga government offices na involved.

Thank you po, Mr. Speaker. Thank you po, Mr. Sponsor.

REP. SALCEDA. Thank you very much.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, may we recognize Representative Zarate.

REP. ZARATE. Mr. Speaker, inasmuch that no other Member from the Minority wishes to interpellate on the budget of the Komisyon ng Wikang Filipino, amin pong iminumungkahi na tapusin na ang deliberasyon at debate sa budget ng Komisyon ng Wikang Filipino.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, we join the Minority in terminating the deliberations on the budget of the Commission on Filipino Language.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved. The period

of sponsorship and debate on the budget of the Commission on the Filipino Language is hereby terminated.

Majority Leader.

NATIONAL ARCHIVES OF THE PHILIPPINES

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, I move that we consider the budget of the National Archives of the Philippines.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. SALCEDA. Wala na si Bonito.

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, I move that we recognize Rep. Joey Sarte Salceda, the proponent of the budget.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Honorable Salceda is recognized to sponsor the measure.

REP. CRISOLOGO. Before we recognize the Sponsor, Mr. Speaker, may we acknowledge the presence of our guests from the National Archives of the Philippines. In Zoom: Jacklyn Joyce Delgado, Anna Theresa Magundayao, Gina Papa, Ma. Teresa Pagaragan, Leoncia Marquina, Elizabeth Eje and Remmel Talabis. For the support staff, we have: Maureen Janet Mercado, Marynissa Espiritu and Arjay Billones. Also with us today in the Plenary Hall: Chief Administrative Officer Jocelyn Reyes, Deputy Executive Director Marietta Chou and Executive Director Victorino Mapa Manalo.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). We would like to welcome the guests from the National Archives of the Philippines.

Thank you for being here today.

Majority Leader.

REP. CRISOLOGO. I move that we recognize from the BAYAN MUNA Party-List Representative Zarate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The Honorable Zarate is recognized.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Speaker. Just a few questions, Mr. Speaker.

May we know the main mandate of the National Archives, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. SALCEDA. Dalawa: iyong lahat ng public records po na may archival value pinangangalagaan po nila, at syempre kasama po diyan both governance and culture. So, iyon po talaga ang kanilang mandate.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

In the current situation that we are in now na mayroong pandemya ng COVID, tumindi iyong krisis, ano pong adjustments ang ginawa ng National Archives doon sa kanilang main mandate, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Iyong kanila pong – kasi alam ninyo po, marami po tayong mga ahensiya, mga LGUs, so iyong kanila pong mga training para po sa archival management are now being done online.

REP. ZARATE. And dahil online na ho ito, nare-reflect ba ito doon sa kanilang panukalang budget at budget na in-approve ng DBM, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Kasama po doon sa P171 million na budget nila.

REP. ZARATE. Salamat po.

Kaya ko lang po naitanong iyan dahil mahalaga rin po ang papel ng National Archives, ano. Mahalaga iyong papel nila, hindi lang doon sa para magkaroon o sa hinaharap ay mayroon tayong reference kung ano ang nangyari sa ating kasaysayan. So, sana po ay ma-reflect din doon ano, mabigyan din ng pansin, lalo na ngayon itong sitwasyon natin na kailangang mag-adjust din sila. Gumagamit na tayo ng ibang teknolohiya, kailangang mag-adjust din ang National Archives at sana ay mabigyang pansin din ito ng pambansang pamahalaan. So, iyon lang ho

ang ilan kong mga paglilinaw sa budget ng National Archives at considering that no other Member of the Minority wishes to interpellate on the budget of National Archives, I move, Mr. Speaker, to terminate the deliberations on the budget of National Archives.

REP. SALCEDA. Thank you.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

REP. CRISOLOGO. Mr. Speaker, we join the Minority to terminate the period of interpellation and debate on the budget of the National Archives of the Philippines.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved. The period of interpellation and debate on the budget of the National Archives of the Philippines is hereby terminated. Congratulations.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

SUSPENSION OF SESSION

REP. DELOS SANTOS. Mr. Speaker, a few minutes of suspension.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is suspended.

It was 12:22 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 12:24 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is resumed.

Majority Leader.

NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS

REP. DELOS SANTOS. Mr. Speaker, I move to open the period of interpellation

on the proposed budget of the National Commission for Culture and the Arts.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. DELOS SANTOS. Mr. Speaker, I move to acknowledge the presence of our guests from the National Commission for Culture and the Arts. They are Mr. Al Ryan Alejandro; Ms. Marichu Tellano; and in Zoom, Mr. Arsenio "Nick" Lizaso and Ms. Marichu Tellano.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). We welcome the guests from the National Commission for Culture and the Arts. Thank you for being here, both physically and on Zoom.

REP. DELOS SANTOS. Mr. Speaker, I move to recognize the Hon. Stella Quimbo from the Second District of Marikina City.

Mr. Speaker, I move to recognize the Sponsor, the Hon. Joey Sarte Salceda, to sponsor the budget of the National Commission for Culture and the Arts.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The Hon. Joey Salceda is recognized to sponsor the measure and the Hon. Stella Luz A. Quimbo of the Second District of Marikina is recognized for her interpellation.

REP. QUIMBO. Thank you, Mr. Speaker. Mr. Speaker, will the...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Yes, we can hear you, please proceed.

REP. QUIMBO. ... will the good Sponsor yield to a few questions?

REP. SALCEDA. Sure. Yes.

REP. QUIMBO. Mr. Sponsor, ano po ba ang mandato ng NCCA pagdating po sa conservation of architectural heritage tulad

ng mga lumang gusali na ginawa po ng mga tanyag na arkitekto?

REP. SALCEDA. Based sa kanilang submission sa atin, it is mandated as the overall policy-making and coordinating body, and grant-giving agency of the State for the preservation, safeguarding, development and promotion of Philippine arts and culture.

REP. QUIMBO. Sila po ba ay kasama din sa decision-making process as to whether certain architectural gems can be demolished?

REP. SALCEDA. May I ask for a repeat of the question.

REP. QUIMBO. Ang tanong ko po, Mr. Sponsor, is ano po ba iyong proseso po ng pag-preserve ng cultural properties? So, mayroon pong mga cultural agencies po na naka-attach sa NCCA. And ano po ang process po niyan, kung may isang halimbawang lumang gusali na mayroong gusto pong mag-demolish nito, ano po ba ang process para po humingi ng permit at ano po ang role ng NCCA dito po sa decision-making patungkol po dito?

REP. SALCEDA. Actually po, iyong tunay po na talagang nangangasiwa niyan ay ang National Historical Commission at ang National Museum. So, iyong role po ng National Commission for Culture and the Arts is really to provide grants that essentially allow the promotion or the preservation of these, what you can call "historical" or "heritage assets of the nation."

REP. QUIMBO. Pero po, Mr. Sponsor, can you confirm po na may supervision po ang NCCA over these cultural agencies, kasama po diyan ang National Historical Institute, pati na rin po iyong nabanggit ninyo na National Museum? So, may supervision po ang NCCA dito, 'di ba?

REP. SALCEDA. They are part of the Board of Commissioners of the Commission.

REP. QUIMBO. Okay. So, paki-confirm po, Mr. Sponsor, na ang proseso po dito is

that cultural properties or rather, important cultural properties will first have to be identified at kapag ang isang cultural property ay na-consider po na important ay iyan na po ay puwede pong ma-consider po for preservation. And pagdating naman sa identification process mismo, ang naka-assign po diyan would be the six cultural agencies na naka-attach nga sa NCCA.

Can the good Sponsor po confirm that this is the process?

REP. SALCEDA. Yes, I confirm.

REP. QUIMBO. So, Mr. Sponsor, ano po ba ang update po on the alleged demolition po of the Philam Life Building dito po sa Ermita, Manila? So, Mr. Sponsor, this building is a very beautiful one. It was built in 1961. So, because it is over 50 years old ay iyan po ay nasa jurisdiction po ng National Historical Institute. And sa loob po ng building na ito ay mayroong isang napakagandang teatro, the Philam Life Theater and in fact, ang mga dingding po ng teatro na ito ay may mga carvings po by Jose Alcantara. So, well, from my perspective po at sa pananaw po ng marami, ito po ay napakagandang gusali. In fact po, ang kaniyang sound system ay mako-consider din po na world-class dahil sabi po ng marami, kapareho po nito ang sound system po o acoustics ng Sydney Opera House. So, ang tanong ko po is, totoo po ba na dine-demolish po itong Philam Life Building? And secondly po, ano po ang plano doon mismo po sa teatro, kung ito rin ba ay made-demolish or will certain portions of the theater be conserved?

REP. SALCEDA. Iyong teatro sana, kaso nasira na po ito ng baha. Pero po iyong sa Manansala, nasa National Museum; iyong Alcantara carvings ay nasa National Museum, iyong façade po nito ay ipi-preserve.

REP. QUIMBO. So, Mr. Sponsor, can you confirm po that when the President of the Heritage Conservation Society, Atty. Mark Evidente, wrote the National Historical Institute and requested that this be conserved, ang sagot po nila is the following:

I regret to inform you that we cannot grant your request because both the NHCP and the National Museum of the Philippines are constrained from declaring the structure as an important cultural treasure as it has been assessed as failing to meet the necessary criteria for historical and/or cultural significance. Moreover, it is not a work of a national artist and more so, not located in a declared heritage zone.

So, kung titingnan po natin, kung iko-confirm po nila na isinulat nila ang kababasa ko lamang, e tila hindi dahil nasira ng bagyo kung bakit po dine-demolish, tama po ba?

REP. SALCEDA. So, tatlong bagay po: hindi po siya national landmark, hindi po siya trabaho ng isang national artist, at saka hindi ho siya declared as a national culture. So, ang desisyon po nila is partial preservation through the façade and all the artworks therein, especially the Alcantara carvings and the Manansala paintings.

REP. QUIMBO. So, mayroong partial na preservation. So, ang tanong ko po, was this a decision of the NCCA itself, Mr. Sponsor, or ang decision na ito ay ginawa po noong attached agency po ng NCCA?

REP. SALCEDA. There is an inter-agency committee that made the decision. It was chaired by the NCCA and the members were the NHCP, National Museum and surprisingly, the DPWH.

REP. QUIMBO. So, Mr. Sponsor, sa tingin ninyo po ba ang—may batas kasi po tayong iyong Heritage Law, R.A. No. 10066, pero, ang pinagtatakahan ko lang naman po, Mr. Sponsor, is despite that law, e parang mayroon pa rin pong nakakalusot na nagde-demolish po ng mga architectural gems, at sa aking palagay ay kasama po dito iyong Philam Life building. Although may kaunting matitira, may kaunting masasalba, e sa tingin ko ay talagang nakakapanghinayang na mayroong ganyang kagandang gusali ang mawawala. And mayroon pang mga ibang halimbawa po diyan, katulad noong Capitol Theater, katulad po ng Philippine Free Press Building, katulad

din po ng Carlos Palanca Mansion na ganoon din po ano, they suffered the same fate. So, ang tanong ko po, Mr. Sponsor, is, mayroon bang mga kahinaan po sa current system na baka naman puwede pong tulungan ng Kongreso ang NCCA para lalo pa po nilang mapatupad ang kanilang mandato to preserve our cultural and architectural heritage, Mr. Sponsor?

REP. SALCEDA. Mayroon pong—hindi prerogative, but the NCCA and its agencies have space with respect to what is demanded as full preservation, and there are three requirements: it is a work of a national artist; it is a national landmark; and it is a national cultural treasure. So obviously, this so-called Capitol Theater was not considered to have complied with these requirements and, therefore, partial preservation lang.

REP. QUIMBO. Hindi po ba, Mr. Sponsor, baka naman po napakataas ng standards para po makapag-preserve po ng mga magagandang gusali. And secondly po, ang sigurong related question po diyan is, kung binabasa po natin ang batas, may kaniya-kaniya pong, kumbaga, jurisdiction ang bawat isang attached agency. So, pagdating po sa mga istraktura na over 50 years old, iyan po ay mapupunta sa National Historical Institute. Kapag pagdating naman po sa archaeological and traditional ethnographic materials, mapupunta naman sa National Museum. Paano po kung mayroong mga ilang istraktura na, theoretically, puwedeng magfall under several agencies? In which case, sino po ang nagde-decide kung ang structure ba na iyan that would have multi-faceted features, sino ang magde-decide kung puwede bang i-demolish iyan o hindi?

REP. SALCEDA. Inter-agency committee, as I have said, and with a surprising member called “DPWH.”

REP. QUIMBO. DPWH? Sige po, pero siguro po wala naman tayong masyadong panahon pa to discuss this further. Mayroon lang pong suggestions sa NCCA kung ano pang puwede nating gawin para masigurado na talagang nako-conserve po natin itong mga

architectural gems, sana po e sila ay pumunta sa atin para baka puwede nating tulungan. Kung kailangan halimbawa ng amendments dito po sa Heritage Law, e bukas po tayo para pakinggan po sila. Ang last question ko po is, magkano po ang budget proposal for 2021 and how does it compare po to last year’s budget? Sa una kong tingin ay parang namalik-mata ata ako dahil napakalaki po ng pagbagsak. So, kaugnay po diyan sa pagbagsak ng budget is, ano po ang mga programa ng NCCA ang pinakamaaapektuhan po ng pagliit po ng budget na iyan?

REP. SALCEDA. Ano iyong last year? Iyong approved budget nila is P9-1-6 million. Actually, it is higher than their actual obligations incurred. Sa 2020, they had P9-1-6 million. In 2021, it is lower by, per NEP, it is lower by P384 million.

Next, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, kaugnay po sa statue ng comfort woman sa Roxas Boulevard sa Manila, it was removed on April 28, 2018, citing pressure from the government of Japan. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ano po ang plano at budget allocation ng NHCP para sa mga historical markers? Mayroon po ba silang plano para ma-reinstate ang comfort woman statue?

REP. SALCEDA. Ang pananaw ko, Your Honor, kailangan tayo diyang makialam kasi nandito naman po si Chairman at kasama po siya sa inter-agency committee na nag-set kung ano po ang mga masasabi nating mga national historical treasures o national historical symbols of this country. So I am not saying na—well, nandito siya, sinasabihan ko siya na pag-aralan niya dahil ang sagot niya sa akin, wala daw siyang pakialam dahil DPWH ang nag-decide. Pero sa tingin ko, may pakialam siya. Kaya sa tamang oras, Your Honor, hihingin ko sa kaniya na mag-report kung ano ang pananaw ng inter-agency committee kung saan nakapaloob ang National Museum, siya at kasama po ang DPWH at ang NCCA, kung ano ang disposisyon nila. Hindi ho puwedeng basta bara-bara na lang po ang sagot ng NHCP, dahil iyon po ang sinabi sa akin, na wala daw silang magagawa. Pero sabi ko may magagawa po sila kaya kailangan they should make that determination whether this statue really is a very important national historical—mahalaga po sa kasaysayan ng Pilipinas.

REP. BROSAS. Thank you, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

Hindi po tayo nasasapatan doon sa walang kongkreto na plano, walang concrete plan iyong NHCP para sa pag-reinstate ng comfort woman statue. Alam po natin ang kasaysayan natin sa sexual slavery by the Japanese

Imperial Army during World War II. Ito po iyong ginawang mga comfort women ang ating mga lola. So, hanggang ngayon po, even sa usapin ng reparations, kung pag-uusapan natin ito, hindi naman nagbayad ang gobyerno ng Japan sa mga biktima ng sexual slavery and militarism ng Japanese army. Pangalawa po, ni hindi kinalala, ni-recognize, lalong-lalo na sa kasaysayan natin iyong usapin ng comfort women. Kasi kung hindi, makikita po natin ito sa mga educational materials na mayroon tayo.

So hanggang ngayon po, nanawagan at nagde-demand ng hustisya at accountability ang ating mga lola. Nakakahiya naman po sa ating mga lola na lumaban, nakipaglaban para sabihin iyong naging sitwasyon nila noong panahon ng digmaan, sila po na mga biktima ng military sexual violence. Ngayon, kung hindi po tayo nahihiya sa mga lola, mahiya naman tayo sa kasaysayan na mayroon tayo. Mawala man sila dito, matitira pa rin tayo at ang mga susunod na mga anak natin na magtatanggol para sa hustisya at karapatan ng mga biktima ng mga aggressions na ito, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. SALCEDA. Sang-ayon po ako.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, balikan ko lang po, mayroon po bang budget allocation para sa historical markers ang NHCP?

REP. SALCEDA. Mayroon, 30 markers at P800,000 each, so that is about P24 million.

REP. BROSAS. Mayroon po ba Mr. Speaker, Mr. Sponsor, mayroon po bang plano for exhibits and public education on history ang NHCP?

REP. SALCEDA. Mayroon pero—alam mo kinalbo kasi itong mga ito, dati P450 million, ngayon P200 million na lang ang budget nito. Kaya hindi ko puwedeng ipagmalaki na marami silang gagawin this year, kahit na quincentennial ng Pilipinas, pero aminin na po natin na talagang base po sa prayoridad po ng ating bansa—gawa po ng krisis sa pandemya, sa kalusugan—kaya mayroon pero kaunti.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, napaka-unsatisfactory po ng ganitong kalagayan. Mas lalo po ngayon, mas dapat tayong mag-educate ng ating mga o lalo na ng ating mga kabataan kaugnay sa mga nangyayari, sa mga pangyayari sa kasaysayan. Kaya po tinatanong namin itong mga plano for exhibits, public education at historical markers dahil mahalagang-mahalaga pong maunawaan, lalong-lalo na ng henerasyon na ito, ang kasaysayan ng Pilipinas para po hindi na nauulit iyong mga pagkakamali ng nakaraan.

Kaya hindi ko po alam kung paano ito e, ano. Mahalagang-mahalagang component din po na dapat ibigay sa kanila iyong pagtatayo ng historical markers, iyong public education. Kahit ngayon po e, sa online na pamamaraan, mayroon din dapat bahagi iyong NHCP para tulungan iyong mga kababayan nating maunawaan ang kasaysayan, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. SALCEDA. Nakakaiyak pero P13 million lang ang mayroon sila para sa production of three travelling exhibits: the one on the Sto. Niño; Philippine Part of the Circumnavigation, P4.5 million; Countdown to 500 years online lectures and webinars, P100,000; and production of two documentaries, P4 million. May P13 million din po. Nakakahiya po pero iyon po ang nasa budget.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, siguro at the proper time po, bigyan din natin ng pagkakataon na mabigyan ng sapat na tulong, mahalagang-mahalagang tulong, iyong NHCP kaugnay dito, lalong-lalo na iyong mga historical markers natin and hindi tayo natutuwa sa ganitong pagkilala sa kasaysayan saka sa edukasyon ng ating mga kababayan.

Mr. Speaker, onto my last question – mukhang hindi naman magbabago iyong priorities sa ngayon na ang sinasabi ninyo, kung ang administrasyon na ito ay adamant na magrebisa or hindi sumunod or hindi magpakita ng pagpapahalaga sa tunay, genuine na kasaysayan ng ating mga kababayan, mahihirapan po talaga tayo. But anyway, on to

my last question po. Mainit na mainit po itong usapin na ito. Distinguished Sponsor, may I know the position of the NHCP on the plan to sell the country's war reparation assets in Japan, located in the Roppongi and Nanpeidai districts in Tokyo and two others in Kobe, supposedly to raise funds for the pension of war veterans, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. SALCEDA. Hindi mo puwedeng gawin iyan because they are declared as National Cultural Treasures.

REP. BROSAS. So, ...

REP. SALCEDA. In short, they cannot be sold. In short, the position of the NHCP and the entire national cultural and historical – the entire community, they are opposed to the sale. Kontra po, hindi po puwedeng ibenta kasi kontra po sila, kasi they are declared as – kasi nga kapag dineclare ninyo na po as a National Cultural Treasure, hindi mo puwedeng ibenta.

REP. BROSAS. Thank you, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, nagkakapareho po tayo sa posisyon kaugnay diyan. This Representation is opposed to the sale of Philippine assets with very important symbolic value not only to Filipino veterans but to our nation's history. We even want the establishment of more historical markers to recognize the courage and patriotism of Filipinos who fought during the war, of Filipino women who were abused. Sa gitna po ng banta ng mga rebisyonismo sa ating kasaysayan, mas lalong kailangan nating protektahan ang mga historical markers na ating pag-aari, Mr. Speaker, Mr. Sponsor. Katulad po ng – actually, in the Civil Code naman, maliwanag naman po na it belongs to the State and is intended for public use, and kailangan po ng Executive and Legislative concurrence bago po ito mapag-usapan kung paano gagawin.

Maraming salamat, Mr. Speaker, ...

REP. SALCEDA. Maraming salamat din.

REP. BROSAS. ... Mr. Sponsor. Iyon lang ang mga katanungan ko.

REP. SALCEDA. Salamat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, may I move that we recognize Rep. Sarah Jane Elago from the KABATAAN Party-List for her interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The Hon. Sarah Jane Elago of the Party-List KABATAAN is recognized for her interpellation.

REP. ELAGO. Isang makabayan na pagbati. Maraming salamat, Ginoong Speaker. Magandang araw sa ating Ginoong Sponsor at sa National Historical Commission of the Philippines. Mayroon pong ilang katanungan ang Representasyon na ito ng kabataan hinggil sa pondo na panukala ng NHCP para sa 2021.

Unang-una, Ginoong Speaker, nais malaman ng mga kabataan kung ano po ang mga programa ng NHCP upang palakasin ang pag-aaral ng kasaysayan sa lahat po ng lebel ng edukasyon sa Pilipinas, at mga pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon gayundin sa Commission on Higher Education?

REP. SALCEDA. Karamihan po ay nakapalikot po sa quincentennial or iyong 500th year. Pero aminin na po natin na kung ang budget mo ay dating P404 million biglang dinapa sa P221 million, masasabi natin na there will be vastly reduced activities with respect to educating our people and the youth with respect to our history.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, maari pong malaman kung ano ang mga programa, mga items na matatamaan, na hindi mapupunan ng pondo ...

REP. SALCEDA. Oo.

REP. ELAGO. ... para sa 2021 sa ilalim ng quincentennial celebration?

REP. SALCEDA. Unang-una, iyong kanina, sinabi ko na nga, ang nipis-nipis na lang po ng kanilang puwedeng gawin. Mr. Speaker, 4.5 million na lang po iyong kanilang documentary at P100,000 iyong kanilang online webinar, P100,000 (*Laughter*) for webinars. Ayan, so kahiya-hiya man: three travelling exhibits, P4.5 million; two documentaries, P4 million; marketing collateral, face mask, Lapu-Lapu figurine, Sto. Niño, P1.2 million; Quincentennial Art Competition online, P3.45 million; online engagement, P200 million; and production of online activities P100million. So, iyon. Ano iyong mga ...

REP. ELAGO. Ginoong Speaker ...

REP. SALCEDA. Ano iyong mga tatamaan? Ito iyong mga tinamaan, mas malalaki. Iyon po lang ang natira. Iyong site development ng Lapu-Lapu, dati 26, naging 407; restoration ng Cebu Monument, 535, dati 11; Paoay conservation of heritage structure and objects; Barcelona Church in Sorsogon; Iloilo Customs Building; Nicholas Loney Monument, Iloilo; Santa Maria, Ilocos Sur; Implementation of the National Quincentennial na dati P86 million, ngayon P34 million na lang. So, nakakalungkot man po pero epekto po iyan ng krisis na pinagdadaanan na natin, pero, well – hindi ho para i-surrender kaagad ng Kongresong ito, na wala ho tayong magagawa upang mabigyan po ng kahalagahan ang edukasyon ng kabataan patungkol po sa kanilang pagiging pagka-Pilipino.

REP. ELAGO. Maraming salamat, Ginoong Speaker.

Ang isa pa po na usapin ay tungkol sa naging review ng curriculum ng K to 12 para sa taong ito, kung saan marami pong nabawas doon sa mga competencies na dapat matapos, maabot ng ating mga senior high school graduates, habang sa Kongreso, na tuloy-tuloy ang ating review ng K to 12, lalong-lalo na sa unang mga taon ng implementation na ito. Kinakailangan din nating malaman kung ano po ba ang tindig ng National Historical Commission of the Philippines ukol sa pagtatanggal po ng pag-aaral ng Philippine History sa kolehiyo bilang isa sa mga general

education subject. At kung sa basic education naman po, ito ay nasa mga unang taon lamang ng ...

REP. SALCEDA. They are officially against the removal of Philippine History as a course in college. They officially oppose it.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, what are the efforts being undertaken by the NHCP to actively push for the revival of the offering of Philippine History in college and strengthening the offering of such subject in all levels?

REP. SALCEDA. Well, there is a position paper already submitted to the CHED, but I am not aware kasi it is more on that part of the collective effort of the NCCA, NHCP, as well as the National Museum. So with respect to the details that you would like, I can certainly provide you with a copy of the paper that was submitted to the CHED with respect to the inclusion of the study of Philippine History in college.

REP. ELAGO. Maraming salamat, Ginoong Speaker.

REP. SALCEDA. Hindi ko lang po hawak.

REP. ELAGO. Opo.

Ang Representasyon po na ito ay manghihingi ng kabuuang ulat hinggil dito. Hindi lamang sa kolehiyo kung hindi ho sa lahat ng antas ng sistema natin sa edukasyon na kinakailangan ang tuloy-tuloy na pag-aaral ng kasaysayan dahil napakahalaga nito upang hindi na natin ulitin muli kung anuman ang naging pagkakamali at ito po ay magamit bilang inspirasyon at aral ng mga kabataan bilang mga tagapaghubog din ng ating kinabukasan.

Ngayon, Ginoong Speaker, nais ko pong malaman kung ano ang role ng NHCP pagdating sa Human Rights Violations Victims' Memorial Commission at kung ano na po ang update sa mga aktibidad nito para sa taong 2020 dahil sigurado po ako naapektuhan iyan nang malaki dahil sa hinaharap nating pandemya.

REP. SALCEDA. Naka-bid-out na po iyong building for P435 million.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, kailan po ito inaasahan na matapos? Ang building po ba na tinutukoy ay ang Freedom Memorial Museum?

REP. SALCEDA. Correct.

REP. ELAGO. Kailan po ito maaasahang matapos, Ginoong Speaker?

REP. SALCEDA. Eighteen months, pero alam mo naman ang Pilipino, kaya sabihin mo ng three years.

REP. ELAGO. Inaasahan ko po, Ginoong Speaker, na nawa ay mabilis po natin na matapos ito sang-ayon sa orihinal na plano na hindi po natin maaaring mapayagan na iyong mga dati ng praktika na todo ang delay sa mga proyekto ay mangyari pa po muli, lalong-lalo na sa napakahalagang proyekto na ito na nilaanang na ng pondo ng taumbayan para labanan ang historical revisionism at ngayon nga po, ang tinatawag na "negationism" dahil sa lubos na pagbabaluktot o kaya naman lubos na pagbabago mismo kung ano na po ang napatunayan sa kasaysayan o sa korte, sa Kongreso, gayundin po sa kasaysayan ng pagkilos ng mamamayang Pilipino para sa kanilang karapatan at kalayaan.

Kaya po sa tamang panahon, Ginoong Speaker, ang Representasyon na ito ng Kabataan ay magtutulak at patuloy po na magsusulong para sa suportang budget ng NHCP, na hindi lamang para sa selebrasyong quincennial at sa pagsuporta sa mga aktibidad ng Komisyon, ng Committee na ginawa para dito, kundi sa pangkabuuan, ang pagsusulong po ng pag-aaral ng kasaysayan, ang kasaysayan ng paglaban ng mga Pilipino para sa karapatan at demokrasya sa ating bansa. Mulí, maraming salamat, Ginoong Speaker. Maraming salamat po sa ating Ginoong Sponsor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno).
Majority Leader.

REP. SALCEDA. Thank you very much.

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, I move that we recognize Rep. France Castro from the Party-List ACT TEACHERS for her interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The Hon. France L. Castro of the Party-List ACT TEACHERS is recognized for her interpellation.

REP. CASTRO (F.L.). Maraming salamat, Mr. Speaker.

So, hindi na po ako magpapalawig doon sa budget, nakita natin talaga iyong 50-percent cut doon sa buong budget ng NHCP. So, nakakalungkot din iyong Historical Asset Preservation and Management Program ay talagang 52.77 percent ang ibinagsak. So parang inaasahan na natin next year kung ano na iyong mangyayari doon sa ating mga historical markers and pagpe-preserve nitong ating mga makasaysayang mga lugar sa ating bansa.

Noon pong ano—mayroon po tayong batas, ito po iyong R.A. No. 11304, ito ay implementation ng Philippine-American War Memorial Day. Isinabatas po ito last year, at siguro, gusto ko lang ma-appreciate iyong ginawa po ng NHCP na effort para i-commemorate itong Philippine-American War. Pero mayroon po kaming ipinaabot, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor, na pagpuna doon sa marker, kung saan nagkaroon po tayo ng ano, 'no—pinuna po natin dito iyong nakalagay sa marker kasi sa halip na bigyan natin ng pagpupugay ang mga mamamayan, ang mga Pilipino na nakipaglaban dito sa Philippine-American War Day ay in-emphasize natin dito sa marker na ito iyong Amerikanong naghudyat ng unang putok o iyong giyera sa mga Pilipino. Kung babasahin ko po iyong marker, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor, nakalagay po dito:

Unang Putok sa Digmaang Filipino-Amerikano: Dito noong ganap na 9:00 ng gabi ng 4 Pebrero 1899 nagpapatok si Private William Grayson ng First Nebraska Volunteers, putok na nagpasiklab sa Digmaang Filipino-Amerikano.

So, alam naman natin, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, na iyong marker ay mahalagang impormasyon at dito nakikita iyong nangyari sa ating kasaysayan. So bilang guro at bilang Sponsor din nitong batas na ito, kasama po ni dating Rep. Antonio Tinio, iyong R.A. No. 11304, sumulat po kami noong February 6, 2020, dalawang araw pagkatapos noong commemoration para po ma-call iyong atensyon ng ating National Historical Commission at mabago itong marker na ito. Kasi ayaw natin na ginugunita natin iyong Amerikano na siyang naghudyat ng kamatayan ng libo-libo nating mga kababayan noong panahon ng Amerikano. So as a Sponsor, Mr. Sponsor, as one of the authors of the law, puwede po ba malaman sa NHCP, bakit hindi ninyo po sinagot ang sulat ng Representasyong ito sa inyong opisina noong February 6, 2020?

REP. SALCEDA. Ano po iyong tanong?

REP. CASTRO (F.L.). Ang tanong ko po, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, ay bakit po ako hindi sinagot...

REP. SALCEDA. Ah.

REP. CASTRO (F.L.). ... in any form...

REP. SALCEDA. Ako ang sasagot sa'yo.

REP. CASTRO (F.L.). ...noong February 6, 2020?

REP. SALCEDA. Kapag ang isang marker po ay naging history na rin iyong pagkakamali ay nagiging—ang correction po ng mga historian ay gumawa ka na lang ng isang bago na mas malaki at mas may ilaw, na iyon ang magsasabi ng kung ano ang totoong nangyari at hindi po iyong sinasabi ni Patrick Grace. So, iyon po ang balak ng NHCP. Tatabihan po iyon ng mas malaki, mas malinaw, mas madaling basahin at sasabihin nang maigi na mali iyong lumang marker kasi iyong lumang marker, dahil sa kalumaan, iyong historical error is similarly now also a fact of history. So, hindi ho puwedeng bastang-bastang itapon iyong marker ni Patrick Grace.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Mr. Sponsor, maaari ba akong makahingi ng written answer mula sa National Historical Commission of the Philippines, doon sa sagot nila?

REP. SALCEDA. Yes, Ma'am.

REP. CASTRO (F.L.). At kailan po ito? Naririnig ko sa background gagawa sila ng task force.

REP. SALCEDA. Ah, may ...

REP. CASTRO (F.L.). February ano ba iyon? Ano ba iyon? February pa ito, so naintindihan naman namin na pandemic, pero before the pandemic pa ito. Hindi ba mayroon tayong batas na dapat anumang komunikasyon sa opisina ay dapat sinasagot ito within 15 days? Kaya medyo naano po ako dito, na-offend po ako dito, ano, sa NHCP, doon sa hindi nila pagsagot doon sa letter natin. Napakahalaga ito na pinupunto natin, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor.

REP. SALCEDA. Wala ho akong ano ...

REP. CASTRO (F.L.). Hindi ho natin puwedeng balewalain ito at ngayon sasagutin ako ng parang ano, 'no, parang gagawa pa lang sila ng task force at sinasabi natin iyong pagbabago. Ito nga ang pinupunto namin sa Makabayan, iyong historical revisionism.

REP. SALCEDA. Naku, hindi ...

REP. CASTRO (F.L.). Bagama't sinasabi nating historical events itong sinasabing unang putok dito sa lugar na sinasabi nating sa corner Sociego and Silencio Street sa Sta. Mesa, Manila, totoo iyon, kaya lang po, kaya nga po kami sa ACT TEACHERS Party-List, gusto nating—kahit na iyong estudyante na mga inimbata po natin para mabasa iyong marker at makita ito, nagpupuna rin sila kung bakit ganoon iyong nilagay instead na iyong pagpupugay natin doon sa ating mga bayaning Pilipino. May suggestion kami, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor. So, we suggest that in compliance with R.A. No. 11304, the names of the first casualties and

units of the army of the Malolos Republic, which defended the country in the first battle, namely, Corporal Anastacio Felix and two other Filipino sentries of the 4th Company of the Morong Battalion be written in the rectified historical marker. This way, we follow Jose Rizal's admonition in *Noli Me Tangere*, "Huwag niyong lilimutin ang mga nabuwal sa dilim ng gabi."

So, ano po ba ang masasabi dito ng National Historical Commission, Ginoong Sponsor, Ginoong Speaker?

REP. SALCEDA. Yes, and the only issue is there are some unnamed soldiers. So, there is a task force that was already created and at a certain deadline, kung hindi na talaga puwedeng pangalanan, para maging fair sa pamilya nila na makilala nila na bayani ang kanilang mga ninuno, e iyong mga kilala now, napangalanan na, ay ilalagay po.

REP. CASTRO (F.L.). Maaari po bang malaman, Ginoong Sponsor, Ginoong Speaker, iyong time frame noong pagpa-finalize noong sinasabi nating pagko-correct noong marker o pagdaragdag ng marker?

REP. SALCEDA. Naku, lalong bababa ang budget nito kapag hindi nila ginawa before the end of the year. Pero sinasabi ko na po sa inyo na ongoing naman po, at ikaw na mismo ang nagsabi na iyong mga atin pong kahilingan ay ginawa before COVID at alam naman natin during that period, between March and let us say before COVID started to run down which is about August, maraming bagay po ang mahirap pong isagawa. Pero nangangako po at committed po ang NHCP na gagawin po iyong dalawang bagay na nabanggit ko, unang-una, patungkol po doon sa tulay, at pangalawa, patungkol po doon kay Patrick Grace. Iyon po ay parehas mayroong task force para ma-establish kung ano po talaga ang tunay na ilalagay po sa marker.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, thank you po, Ginoong Speaker. So, dahil sa 2021 po, February 4, ay magkakaroon na naman po tayo ng program, matanong ko lang po, ang National Historical Commission kung mayroon

na po silang plano, nakapag-coordinate na rin po ba sa DepEd, sa SUC at CHED kasi iyon po ang nakalagay doon sa batas?

REP. SALCEDA. May planning workshop po sila sa November, saka po nila ilalagay at...

REP. CASTRO (F.L.). Okay.

REP. SALCEDA. ... para sa rollout po ng mga activities sa quincentennial.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So Ginoong Sponsor, Ginoong Speaker, inaasahan ko po na makaka-receive ng plano po ang opisina ng ito, ang akin pong opisina, at willing po akong ma-involve doon sa commemoration sa February 4, 2021 po, Ginoong Sponsor, Ginoong Speaker.

REP. SALCEDA. Yes po.

REP. CASTRO (F.L.). Okay.

So, iyon lang po, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor, at aasahan ko po ang commitment ng NHCP.

REP. SALCEDA. Dalawa po iyong – tatlo po iyong commitment namin: dalawang task force patungkol sa tulay, isang task force patungkol po kay Patrick Grace at iyong rollout po noong quincentennial activity sa Nobyembre.

REP. CASTRO (F.L.). Okay, marami pong salamat, Ginoong Sponsor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, I move that we recognize Rep. Zarate to interpellate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The Hon. Carlos Isagani Zarate is recognized for his interpellation.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Speaker. Considering that no other Member from the Minority wishes to interpellate on the

budget of the National Historical Commission, we move to terminate the deliberations on the NHCP's budget, Mr. Speaker.

I so move.

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, on the part of the Majority, we join the Minority in the motion to terminate the interpellations on the proposed budget of the National Historical Commission of the Philippines.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) Chair hears none; the motion is approved. The period of sponsorship and debate on the budget of the National Historical Commission of the Philippines is hereby terminated.

Congratulations.

Majority Leader.

SUSPENSION OF SESSION

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, I move to suspend the session for one minute.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is suspended.

It was 2:23 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 2:49 p.m., the session was resumed

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is resumed.

Majority Leader.

DEPARTMENT OF ENERGY

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, I move that we proceed with the consideration of the proposed budget of the Department of Energy, including its attached corporations.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, we would like to acknowledge the presence of our resource persons, our guests from the Department of Energy and its attached agencies who are present this afternoon. We have Secretary Alfonso Cusi of the DOE, Undersecretary Felix William Fuentebella, Undersecretary Emmanuel Juaneza, Undersecretary Donato Marcos, Assistant Secretary Gerardo Erguiza Jr. and Assistant Secretary Leonido Pulido III.

We have, from the PNOC, President and Chief Executive Officer Reuben Lista and Senior Vice President Lila Czarina Aquitania. We have President and CEO Rozzano Briguez of the PNOC-EC, President and CEO John J. Arenas of the PNOC-RC, President and CEO Pio Benavidez of the PNPC, President and CEO Irene Joy Besido-Garcia of PSALM and President and CEO Melvin Matibag of TransCo.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). We welcome our guests from the Department of Energy and its attached corporations. Thank you for being here today.

Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, to sponsor the proposed budget of the Department of Energy and its attached corporations, I move that we recognize Rep. Manuel Jose M. Dalipe of the Second District of Zamboanga City.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The Hon. Mannix Dalipe is recognized to sponsor the measure.

SPONSORSHIP SPEECH OF REP. DALIPE

REP. DALIPE. Thank you, Mr. Speaker.

It is my privilege to sponsor the proposed 2021 budget of the Department of Energy, including its attached agencies: the National Electrification Administration, National Power Corporation and Philippine National Oil Company. Also part of the DOE family who are here with us in Congress are the PNOC-Exploration Corporation, PNOC-Renewables Corporation, Power Sector Assets

and Liabilities Management Corporation and National Transmission Corporation.

Mr. Speaker, the budget of the DOE, the corporate operating budget of the NEA, National Power Corporation and PNOC are part of President Duterte's budget submitted to Congress for approval, which aims to sustain government efforts in responding to the COVID-19 pandemic by focusing government spending on helping communities cope and prevail in these uncertain times, thus the theme, "Reset, Rebound and Recover: Investing for Resiliency and Sustainability."

For 2021, Mr. Speaker, the Department of Energy's proposed budget is P2.49 billion, with P1.384 billion classified under New Appropriations and P764 million as Automatic Appropriations. For the corporate operating budget of the attached agencies, the National Electrification Administration's 2021 Budget is P3.93 billion. The budget consists of a P1.83-billion subsidy from the national government and P2.11 billion from NEA's corporate or internally generated fund. The National Power Corporation's proposed corporate operating budget is at P29.8 billion, with P1.186 billion as subsidy from the national government. The PNOC's proposed corporate operating budget is P613 million.

Mr. Speaker, this Representation, as Vice Chairman of the Committee on Appropriations, is now ready to answer questions from our esteemed colleagues relative to the budget of the Department of Energy and its attached agencies, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Majority Leader.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 7727

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we suspend the consideration of House Bill No. 7727.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the consideration of House Bill No. 7727 is hereby suspended.

SUSPENSION OF SESSION

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we suspend the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is suspended.

It was 2:55 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 3:02 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is resumed.

Majority Leader.

REP. ROMUALDEZ (F.). Mr. Speaker, the House earlier adopted Resolution No. 1265, RESOLUTION HONORING THE WORK AND CONTRIBUTION OF HIS EXCELLENCY IGOR KHOVAEV AS AMBASSADOR EXTRAORDINARY AND MINISTER PLENIPOTENTIARY OF THE RUSSIAN FEDERATION TO THE PHILIPPINES IN FOSTERING STRONGER PHILIPPINES-RUSSIA BILATERAL RELATIONS AND CONFERRING UPON HIM THE CONGRESSIONAL MEDAL OF ACHIEVEMENT.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The manifestation of the Majority Leader is noted. Please proceed.

REP. ROMUALDEZ (F.). Mr. Speaker, we are privileged to have with us today His Excellency Igor Khovaev, the Ambassador Extraordinary, Minister Plenipotentiary of the Russian Federation to the Philippines.

May I request that Ambassador Igor Khovaev be invited to the rostrum to receive the Congressional Medal of Achievement conferred upon him by the House of Representatives, together with a copy of House Resolution No. 1265.

Mr. Speaker, I move that the Secretary General be directed to read the title and the text of the House Resolution.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). We welcome and invite to proceed to the rostrum His Excellency Igor Khovaev, Ambassador Extraordinary and Minister Plenipotentiary of the Russian Federation to the Philippines.

The Secretary General is directed to read the title and text of House Resolution No. 1265.

THE SECRETARY GENERAL. House Resolution No. 1265, entitled: RESOLUTION HONORING THE WORK AND CONTRIBUTION OF HIS EXCELLENCY IGOR KHOVAEV AS AMBASSADOR EXTRAORDINARY AND MINISTER PLENIPOTENTIARY OF THE RUSSIAN FEDERATION TO THE PHILIPPINES IN FOSTERING STRONGER PHILIPPINES-RUSSIA BILATERAL RELATIONS AND CONFERRING UPON HIM THE CONGRESSIONAL MEDAL OF ACHIEVEMENT.

WHEREAS, the House of Representatives has recognized on several occasions, the achievements of esteemed foreign delegates for their critical contribution to our country;

WHEREAS, Ambassador Igor Khovaev was designated as the Ambassador of the Russian Federation to the Philippines on March 2, 2015;

WHEREAS, as an expert in International Relations and Diplomacy, Ambassador Khovaev joined the diplomatic service and worked in the Consulate General of Russia in Vietnam and in the Russian Embassy in Turkey. He was also sent to International Missions to Serbia, Montenegro, Bosnia, and Herzegovina;

WHEREAS, it is but proper to honor the invaluable work and contribution of Ambassador Khovaev, whose tour of duty in the country enhanced and deepened the bilateral relations between the Philippines and Russia, especially through political consultations and support in the areas of trade and investment, tourism, education, labor, cultural cooperation, anti-drug trafficking, defense cooperation, and health;

WHEREAS, Ambassador Khovaev's work is invaluable to the bond fostered between our countries through the successful conduct

of consultations, and meetings, including official working visits of several Secretaries of Foreign Affairs and two courtesy visits of President Rodrigo Roa Duterte to the Russian Federation regarding cooperation on many policy aspects, including national defense and economic exchange;

WHEREAS, during the assignment of Ambassador Khovaev, trade and investments between the two countries continually increased through exchanges of information and collaboration on activities as shown by the total of \$1.36 billion trade in 2018 alone;

WHEREAS, it is under the tenure of Ambassador Khovaev that the Joint Action Program of Tourism Cooperation was signed by the former Philippine Tourism Secretary Wanda Teo and officials of the Federal Agency of Tourism of Russia to expand the tourism flow between the two countries—there was an 11.6 percent increase in Russian tourists for 2016 which has continued since then because of the continuous promotion of the Philippines that picked Russian interest;

WHEREAS, Ambassador Khovaev incessantly supported Philippine education through the facilitation of a memorandum of understanding with the Commission on Higher Education and a call for scholarship in Russian Universities;

WHEREAS, it is through the significant diplomatic efforts of Ambassador Khovaev that the Russian Federation agreed to craft a labor agreement to address the needs and concerns of Filipino migrant workers especially the protection of the rights of those currently sojourning thereat;

WHEREAS, with the territorial threat that the country is facing, the Russian Federation has continuously offered its military capabilities and technology to enhance the Philippines' national defenses and potentially develop nuclear energy resources in the South China Sea through the enablement of the first ever port call to Russia of the Philippine Navy and the implementation of arrangements between the Philippine Department of National Defense and the Russian Ministry of Defense;

WHEREAS, the bilateral relations of our countries in the area of health has been deepened through the memorandum of

understanding between the Philippine Department of Health and the Russian Ministry of Health that was borne out of the effective efforts of Ambassador Khovaev. Recently, the unfaltering support of the Russian Federation to the well-being of the Filipino people during these trying times brought about by the COVID-19 pandemic was felt through the offering of clinical trials, supply, and manufacturing of a reliable vaccine against the virus alongside an Anti-COVID Drug and Electromyography (EMG) diagnostic system, all of which are helpful for our Recovery as One Country;

WHEREAS, in the performance of his duties as a Russian Ambassador, His Excellency Khovaev has played a material role for the turnaround of the previously cold relations between the two countries to the presently significant Philippines-Russia bond:

NOW, THEREFORE, BE IT RESOLVED, AS IT IS HEREBY RESOLVED by the House of Representatives, to honor the work and contribution of His Excellency Igor Khovaev, Ambassador Extraordinary and Minister Plenipotentiary of the Russian Federation to the Philippines in fostering stronger Philippines-Russia bilateral relations and confer upon him the Congressional Medal of Achievement.

Adopted,

ALAN PETER "COMPAÑERO" S. CAYETANO
Speaker

This Resolution was adopted by the House of Representatives on October 2, 2020.

Signed.

JOSE LUIS G. MONTALES
Secretary General

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno).
Majority Leader.

SUSPENSION OF SESSION

REP. ROMUALDEZ (F.). Mr. Speaker, in order to allow our Speaker and our Members to meet and extend our greetings

to our distinguished guests and for the Speaker to confer the Congressional Medal of Achievement and the Resolution, I move that we suspend our session for a few minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Puno). The session is suspended.

It was 3:09 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 3:19 p.m., the session was resumed with Deputy Speaker Raneo "Ranie" E. Abu presiding.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.
Majority Leader.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 7727 *Continuation*

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we resume the consideration of House Bill No. 7727, as contained in Committee Report No. 528, and that the Secretary General be directed to read the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the Secretary General is hereby directed to read the title of House Bill No. 7727 for consideration on Second Reading.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 7727, entitled: "AN ACT APPROPRIATING FUNDS FOR THE OPERATION OF THE GOVERNMENT OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES FROM JANUARY ONE TO DECEMBER THIRTY-ONE, TWO THOUSAND AND TWENTY-ONE, AND FOR OTHER PURPOSES."

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, the parliamentary status is that we are in the period

of sponsorship and debate. I now move that we resume the consideration of the proposed budget of the Department of Energy, including its attached corporations, and recognize to continue his sponsorship of the proposed budget Rep. Manuel Jose M. Dalipe of the Second District of Zamboanga City.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The distinguished Representative and Vice-Chairman of the Committee on Appropriations, Hon. Mannix Dalipe, is recognized to continue his sponsorship of the budget of the Department of Energy, including its attached corporations, and to be ready for interpellations.

REP. DALIPE. Mr. Chairman, this Representation, Vice-Chairman of the Committee on Appropriations is now ready to answer questions from our esteemed colleagues relative to the budget of the Department of Energy and its attached agencies, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, the first of our colleagues who wishes to interpellate our distinguished Sponsor is the Representative from the Party-List BAYAN MUNA, the Hon. Carlos Isagani Zarate.

I move that he be recognized.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from the BAYAN MUNA Party-List, Hon. Carlos Isagani Zarate, is recognized to interpellate the good Sponsor.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Ginoong Speaker. Magandang hapon ho sa ating lahat. Will the good Sponsor accommodate some clarificatory questions related to the budget of the Department of Energy as well as attached agencies?

REP. DALIPE. Yes, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. As a preliminary question, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, may the good

Sponsor inform this Body, what is the current energy mix of the country and its status?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, the current energy mix based on data we gathered last year, 2019, is, for geothermal energy, we have 15.4 percent; oil, 32.2 percent; coal, 29.2 percent; natural gas, 6.1 percent; hydro, 3.3 percent; and other renewable energy is about 13.8 percent, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Thank you, good Sponsor.

Bale po itong datos na ito ay sa nakaraang taon pa at hindi pa ho nakonsidera dito ang nangyayari ngayon na nasa isang matinding krisis tayo na pinalala nitong pandemya ng COVID. Tama po ba, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Yes, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Puwede po bang dahil sa nangyari ngayon ay nagbago itong mga tantos na ito or percentage noong ating mix or pareho lang kumpara last year? Wala namang masyadong pagbabago?

REP. DALIPE. Yes, Mr. Speaker, distinguished colleague, pareho po.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

Base po doon sa naturan ninyo, malinaw na, katulad pa rin ng mga nakaraang panahon, nakaraang dekada, ang atin pong enerhiya ay talagang nakasandig doon sa, una, sa fossilized oil, which is at 32.4 percent; pangalawa, sa uling o coal, which is at 29.2 percent; at malayo na sumunod ay ang geothermal, which is at 15.4; tapos renewable energies at 13.8, mixed; and last, ang hydro which is only at 3.3 percent. Now, sa ganitong kalagayan, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, alam n'yo po, panlimang budget ko na ito na pagtatalakay at siguro noong unang taon na nakibahagi ako sa deliberasyon ng budget, tinanong ko na rin iyong unang tanong ko sa inyo kanina at tuwi-tuwina, ang laging tugon ng Kagawaran ng Enerhiya ay

pagsisikapan nitong baguhin ang ating energy mix dahil malinaw naman na sa kinakaharap nating problema ngayon, lalong-lalo na sa mundo, iyong pag-init ng mundo, iyong climate change, maraming mga siyentista na at mga eksperto ang nagsabi na malaking bahagi rito ay iyong ating dependence talaga sa fossilized oil and coal, at iminumungkahi nila na bawasan natin iyong ating emission. And, again, panlimang taon ko na itong pagtatalakay sa budget na ito.

Ang kasunod kong katanungan, ano ba ang plano talaga ng Department of Energy, clearly and concretely, so that we can thoroughly or genuinely move away from fossilized oil or iyong tinatawag nilang "dirty energy," Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, I agree that the other technologies, other types of generation facilities which use crude oil have high generation costs. But through the years, the Department of Energy has been pushing for hybrid sources, like solar or renewable energy. So, even without subsidy, maski wala pong subsidy ang bagong technology, like the hybrid ones which will lower the cost, the Department of Energy helps propagate the use of these new technologies to eliminate the subsidy or to be able also to introduce other technologies, particularly for renewable energy, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Well, salamat po sa inyong naging katugunan na mayroong pagtingin doon sa pag-shift, lalong-lalo na sa renewable energies.

Of course, at this point, you may argue and some may say that very expensive itong mag-i-invest tayo on renewable energies. But, experts also say—several economists also say that ultimately, it will be cheaper for us if we start investing now in this kind of energy rather than becoming too dependent on fossilized oil or even coal as a source of energy.

Now, gusto ko lang puntahan ng partikular ang sa kasalukuyan na reyalidad na ganoon pa rin iyong ating energy mix. Puwede bang maitanong ko sa ating kagalang-galang na Sponsor, paano po ba, sa pagkakaalam ninyo,

ina-award iyong mga kontrata on power, taking into consideration iyong programa ng Department of Energy na dapat iyong ating energy mix ay aalis na doon sa dependence niya sa mga nonrenewable energies, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, iyong pag-a-award po ng mga kontrata sa mga bagong gustong pumasok sa industriya, it is done through what we call the “Competitive Selection Process” or CSP po, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Yes, tama po iyon.

Ngayon, sa kasalukuyang regime of awarding contracts ay dapat dumaan na ito sa Competitive Selection Process. Previous to that ay puwedeng mga bilateral ang kasunduan.

Ang kadugtong ko na tanong diyen, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, sa pag-a-award ba natin ng kontrata, ng mga energy o power contracts, isinasaalang-alang ba nito, ang pagbibigay natin ng kontrata, iyong binanggit ninyo kanina na dapat ang ating energy mix ay magshi-shift na siya, from the so-called dirty sources of energy to renewable and clean sources of energy.

Naitanong ko iyan, Ginoong Speaker, dahil, Mr. Sponsor, kung titingnan natin, sabi ko nga panlimang taon ko na ito, hindi naman talaga bumaba iyong porsyento. Kung mayroon mang pagbaba ay hindi masyadong substantial. Iyong porsyento, halimbawa, nung coal, up to now we are almost 30-percent dependent on coal at halos ang mga itinatayong mga bagong planta ng enerhiya ay coal pa rin. So, is that not contrary to the supposed policy of the Department of Energy and the State, the government to move away from these sources of energy, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, totoo po, the Department of Energy is really trying its best. In fact, by 2030, the target of the Department of Energy is for renewable energy to have a 35-percent share in the pie. So, iyan po ang goal ng Department of Energy that by 2030, at least 35 percent ang magiging porsyento ng renewable energy, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Well, salamat po at we welcome that pronouncement and statement from the Department of Energy. But again, the question is, kung tataas ang renewable energy to 35 percent, ano ho ang maaapektuhan nito? By 2030, sabi ninyo, nasa 35 percent na iyan. What about coal? Considering that iyong mga pinapayagan po natin ngayon na mga bagong power plants ay puro coal iyan, maraming coal ang kasama diyen. And syempre, iyong mga kontrata niyan ay pangmahabaan. So by 2030, if the trajectory now is still biased towards these plants that operate on coal, then even if we say that by 2030 ay magiging 35 percent iyong renewable energy, it will not make any dent, if at all – if there is one, siguro not substantial – doon sa gusto nating kontribusyon doon sa pagbaba noong ating CO² emissions, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, kung tataas po iyong porsyento ng renewable energy, e kakain po siya ng malaking piece doon sa ating energy mix and definitely, the share of the other sources of energy, which are termed as “dirty” or “hindi malinis,” will definitely be lowered. Kasi tataas iyong renewable energy by 35 percent, so, bababa rin po iyong porsyento ng other sources like coal and oil, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Salamat po, although hindi ko pa masyadong nakuha iyong gusto kong kasagutan dahil ang implication po nito, para lang malinaw, ngayon po, approve tayo nang approve ng mga planta na nakasandig sa coal. At syempre, iyong mga kuryente, enerhiya na gagawin nito at ipro-produce nito ay nakakontrata iyan nang mahaba, long term, long-term contracts iyan at in fact, nakatali na ang presyo niyan sa mga power supply agreements. Even if it passes through the Competitive Selection Process, e syempre nakatali iyan doon sa presyuhan pa rin ng coal at this time and probably in the coming years. Now, considering, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, na ang global trend ngayon when it comes to the energy mix ay mas mababa iyong cost ng pag-set up ng renewable energy and the trend is actually really still going down, ano,

compared to setting up of a coal-fired power plant, now, ang magiging problema niyan dahil iyong mga kontratang pinasok ngayon ng mga power supply companies, ng mga generation companies ay mahal, paano pa kaya ito babawiin? Saan nila ito ipapasa ano? Pagdating ng panahon, even if we have that plan, sinabi ninyo by 2030 35 percent na iyong ating renewable energy, pero nakatali na iyong kontrata at hindi naman iyong kontrata taunan, ang mga power supply agreements can go to as long as 10, 20, 25 years, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. So, iyon po ang ating pinangangambahan, dahil sa napakahabang panahon ay hindi naman talaga ito binibigyan ng seryosong tugon ng ating kagawaran kaya ang nakikita natin, tuloy-tuloy lang din iyong construction ng mga coal-fired plants.

So, I am looking at a scenario, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, correct me if I am wrong, na pagdating ng panahon, dahil sa napakamahal ng cost ng mga enerhiyang ito samantalang bumababa iyong renewable energies, ay ipapasa ito sa mamamayan, iyong napakamahal na cost na kaakibat nitong dependence natin sa coal, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, iyong increasing share of more flexible generating capacities, puwede naman po siya e. It can work hand in hand with renewable energy supply. And, Mr. Speaker, distinguished colleague, through the years, base sa policy, those supplying power are asked to source their power from renewable energy. So, mayroon pong policy na kailangan po nila i-source talaga through renewable energy hanggang makakarating tayo sa taong 2030 na 35 percent ng share ay magiging renewable energy.

REP. ZARATE. Ah, salamat po sa inyong tugon. But then again, ang specific na tanong ko doon, pagdating ng panahon na iyan in 2030, dahil naka-lock in na iyong mga kontrata noong pinapayagan nating mga power plants ngayon, wala po bang posibilidad na iyong mahal na cost of energy ay ipapasa sa ating mga consumers, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, if we look at how the whole picture is, it is actually the users who pay at iyong mga distribution utilities, sila lang ang taga-facilitate sa pag-distribute, sa pagpasa ng energy at cost niya. So definitely, kung titingnan natin in a bigger picture, it is really the users who are really buying and shouldering the cost of electricity.

REP. ZARATE. That is precisely my point, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

Earlier, the good Sponsor agreed that, actually, iyong trajectory ng presyohan ng renewable energy is going down. Yet, sa ngayon, ang ating bias pa rin—kasi kaya ho ko hiningi iyong energy mix ng ating bansa, ang bias natin nasa oil and nasa coal pa rin, 'no. Kaya, halimbawa, ngayong taon nagtayo ka ng coal-fired power plant. Hindi naman ang projection mo sa susunod na taon lang iyong production of electricity kaya papasok ka sa kontrata na 10, 20, even 25 years at nakatali na iyong presyo ng kuryente doon.

Kaya pagdating, halimbawa, ng sinasabi po ninyong 2030, habang ang presyo ng renewable energy ay bumagsak na, tayo nakatali na doon sa presyong pinirmahan ko by 2020. So, iyon iyong problema dahil even as we speak now, nandoon pa rin talaga, 'no. Sila pa rin iyong second na pinakamalaking pinagmumulan natin ng energy. So, ang posibilidad nga ay ang presyo na iyan ng mga generation plants ay talagang ipapasa. Tama naman po kayo, iyong mga distribution utilities ipapasa lang nila iyan as pass-on charges. So, ang magiging kawawa talaga nito ay ating mga consumers. So, that is really the challenge to the national government, to the Department and even by extension, to our regulators, na seriously tingnan ito. Dahil kung titingnan mo talaga iyong mga bagong plantang itinatayo, karamihan pa rin doon, lalong-lalo na iyong mga baseload na mga planta, ay coal. And again, ang mga kontrata nito ay naka-lock-in na iyan sa napakahabang panahon. So, pagdating noong sinasabi ninyong 2030, sino ang magbabayad noong mahal na presyuhan?

Now, I am driving that point, Mr. Speaker, because earlier, just a few days or a few weeks

ago, narinig ko sa isang pronouncement from Malacañang na that they are even planning to declare or they considered declaring a climate emergency, pero that is very ironic. Magdedeklara ka ng climate emergency, but ironically, our energy outlook, our energy mix is contrary to our plans of, you know, pababain iyong ating contribution doon sa, for example, dito sa CO² emission because if you look at our biases in terms of energy production ay nandoon pa rin tayo sa tinatawag nilang “dirty sources of energy.” So, I hope next year, we will not be asking the same questions kasi pabalik-balik na lang ito at kada taon, sasabihin ng Department of Energy, “Actually, we are moving forward, we are moving away from coal, oil and gusto nating pagyamanin iyong renewable energy.” Because a lot of other jurisdictions, iyong ibang bansa ay talagang nag-i-invest na sila, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, doon sa renewable energy dahil nga in the long term ay mas maganda ang maidudulot nito not only sa environment but even to our national coffers. Especially now that we are in a crisis aggravated by this COVID-19 pandemic, the deficit in our budget is so large. So, dapat ho tinitingnan natin iyong mga kapamaraan kung saan makakapagtipid, hindi lang ang pamahalaan kung hindi rin ang ating mga mamamayan.

So, moving now to another point in my interpellation, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, one of the attached agencies of the Department of Energy is the Philippine National Oil Corporation. May I inquire, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, the mandate of the PNOC?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, the PNOC’s mandate under P.D. No. 334, as amended, is to “ensure a stable supply of petroleum products in order to sustain the growth of the economy and social well-being of the nation,” especially in times of national emergencies, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Sponsor. The PNOC has other subsidiaries. Is that correct, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Yes, Mr. Speaker, distinguished colleague, mayroon pong mga ibang naka-attach sa Philippine National Oil Company, Mr. Speaker, distinguish colleague.

REP. ZARATE. Ilan po ang subsidiaries ng PNOC?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, there are two attached subsidiaries of the PNOC, one is the Philippine National Oil Corporation Exploration Corporation at iyong isa po ay Philippine National Oil Corporation Renewables Corporation. Dalawa, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. So, two subsidiaries, one for exploration and one for renewable energies. Tama po ba iyon?

REP. DALIPE. Yes, tama po iyon, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. And for our 2021 Budget, the PNOC is requesting how much appropriation from Congress, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, para po sa taong 2021, ang budget po ng Philippine National Oil Company is P613,183,000, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, for that. But just like the other government-owned and -controlled corporations, the PNOC is also generating its own income. Is that correct, Mr. Sponsor?

REP. DALIPE. Yes, Mr. Sponsor, distinguished colleague, ang PNOC po ay nagdye-generate rin ng kaniyang income.

REP. ZARATE. Thank you for that answer.

Now, I have one related question. The PNOC has—maraming mga properties din ang PNOC. Is that correct, Mr. Sponsor? And in fact, you have one particular property, a 220-hectare property in Limay, Bataan. May

we know what is the use of this property located in Limay, Bataan, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. DALIPE. Well, Mr. Speaker, distinguished colleague, iyong property po ng PNOC sa Limay, Bataan is a petrochemical industrial park, a petrochemical industrial park, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. ZARATE. Yes, correct. And may I inquire from the good Sponsor, Mr. Speaker, ilan po ang mga locators natin diyan because it is an industrial park, just like the other industrial parks?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, mayroon pong limang locators diyan po sa Limay, Bataan at ito po ay ang Philippine Resins Industries Incorporated, Petron Polypropylene Incorporated, NPC Alliance Corporation, Orica Philippines Incorporated at iyong DENR's non-combustion destruction facility, Mr. Speaker, distinguished colleague. Lima po.

REP. ZARATE. Okay. But correct me if I am wrong, these five locators have been there for quite some time. Matagal na itong mga locators na ito. Ibig po bang sabihin ng ating Sponsor, Mr. Speaker, hindi nadagdagan itong mga locators na ito up to now, considering that we have a—napakalaki po ng lupain na iyan, 220 hectares?

REP. DALIPE. Hindi pa po, Mr. Speaker, distinguished colleague. Ito pa rin ever since.

REP. ZARATE. So, malaking bahagi ng kalupaan na iyan ay nakatiwangwang lang, Mr. Sponsor, Mr. Speaker? Is that correct?

REP. DALIPE. Well, the property in Limay, Bataan, if you go and check, may mga informal settlers rin po kasi siya, so iyon iyong situation niya.

REP. ZARATE. Yes, because it was not actually developed. But at any rate, I leave it at that. I hope the PNOC will look into that,

the development of that place and make use of it dahil makakatulong iyon sa pagbigay din ng additional revenues sa ating ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). That is the last question.

REP. ZARATE. I am winding up, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Okay. Thank you.

REP. ZARATE. Now, last point na lang. I read just a few days ago that the PNOC is also interested or, in tandem with other investors, will increase its stake or will place a stake in the development of the Malampaya plant. Is that correct, Mr. Sponsor, Mr. Speaker? Mag-i-invest and PNOC doon sa Malampaya?

REP. DALIPE. Well, so far, Mr. Speaker, distinguished colleague, si Shell po kasi ay magda-divest noong kaniyang part doon sa Malampaya but the Philippine National Oil Company is still studying the options available, so hindi pa naman po final. Pinag-aaralan pa po. But as of now, ...

REP. ZARATE. And these options are? What are these options being studied by the PNOC?

REP. DALIPE. As of now, Mr. Speaker, distinguished colleague, hindi pa po handa iyong mga options kasi bago lang po siya. It is fairly new and a complete staff work is still being done. So probably, in due time, the Philippine National Oil Company will be able to finish and provide the different options, and this Representation, the Committee on Appropriations would be willing to give you a copy of the options made or prepared by the Philippine National Oil Company for Malampaya, Mr. Speaker.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Sponsor. Sana nga po pag-aralan nang mabuti iyan dahil ang sinasabi nila, iyong Malampaya fields ang available na mga reserve diyan ay hanggang 2027 na lamang. So kung

mag-i-invest pa ng dagdag or mag-i-invest ang PNOC diyan ay talagang pag-aralang mabuti iyan if it is really viable.

Thank you, Mr. Sponsor. My time is already up. Thank you for the opportunity to interpellate on the budget ng Department of Energy. Thank you, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu).
Thank you.
Majority Leader.

SUSPENSION OF CONSIDERATION
OF H.B. NO. 7727

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we suspend the consideration of House Bill No. 7727.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.
Majority Leader.

DESIGNATION OF MEMBERS TO THE
BICAMERAL CONF. CTTE. ON
H.B. NO. 5422 AND S.B. NO. 1807

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we designate the following as members of the Bicameral Conference Committee on the disagreeing provisions of House Bill No. 5422 and Senate Bill No. 1807, DECLARING THE MONTH OF OCTOBER OF EVERY YEAR AS THE "NATIONAL COOPERATIVE MONTH" IN THE ENTIRE COUNTRY:

1. Rep. Sabiniano Canama;
2. Rep. Jose Ong Jr.; and
3. Rep. Godofredo Guya

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.
Majority Leader.

CHANGE OF REFERRAL OF H. RES. NO. 1176

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move for the change of referral of House Resolution No. 1176, entitled: RESOLUTION EXPRESSING THE SENSE OF THE HOUSE

TO NOMINATE RAMON REVILLA, SR. FOR THE NATIONAL ARTIST AWARD FOR FILM IN RECOGNITION OF HIS IMMENSE CONTRIBUTIONS TO PHILIPPINE CULTURE AND THE ARTS, SPECIFICALLY TO PHILIPPINE ENTERTAINMENT INDUSTRY, from the Committee on Rules to the Committee on Basic Education and Culture.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.
Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we elect Rep. Fredenil "Fred" H. Castro as Deputy Speaker, vice Rep. Michael L. Romero, PhD.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; Rep. Fred Castro is hereby designated as one of the Deputy Speakers.
Majority Leader.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 7727
Continuation

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I now move that we resume the consideration of House Bill No. 7727, as contained in Committee Report No. 528, and that the Secretary General be directed to read the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the Secretary General is hereby directed to read the title of House Bill No. 7727 for consideration on Second Reading.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 7727, entitled: "AN ACT APPROPRIATING FUNDS FOR THE OPERATION OF THE GOVERNMENT OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES FROM JANUARY ONE TO DECEMBER THIRTY-ONE, TWO THOUSAND AND TWENTY-ONE, AND FOR OTHER PURPOSES."

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, the parliamentary status is that we are in the period of sponsorship and debate.

I move that we resume the consideration of the proposed budget of the Department of Energy, including its attached corporations, and recognize, to continue his sponsorship, Rep. Manuel Jose “Mannix” M. Dalipe.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from Zamboanga City, Hon. Mannix Dalipe, is recognized to sponsor the budget of the Department of Energy, including its attached corporations, and we are now in the period of sponsorship and debate.

Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, the next Member who wishes to interpellate our Sponsor is our distinguished Deputy Speaker Rodante Marcoleta of Party-List SAGIP.

I move that he be recognized.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The distinguished Deputy Speaker, Rep. Dante Marcoleta, is recognized to interpellate the Sponsor.

REP. MARCOLETA. Maraming salamat po, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

I have been a Member of Congress since 2004, Mr. Speaker. From my neophyte years until today, I have witnessed several episodes of budget deliberations, especially in the Plenary and in particular, that of the budget of the Department of Energy.

For so long a time, Mr. Speaker, Your Honor, and considering that the chosen constituency of the SAGIP Party-List, the urban poor sector, the recurring issue, Mr. Speaker, Your Honor, is how the poor people grapple with the price of electricity that eats up a significant portion of their income. I said I have been here since 2004, Mr. Speaker, and I think I have gained my right to at least analyze whether or not we are succeeding in our promise to our people, particularly in relation

to Republic Act No. 9136, which I believe was enacted in the year 2001.

Mr. Speaker, Mr. Sponsor, sa buhay po ng isang taong karaniwan, iyon pong pagbabayad sa kuryente ay isang sakripisyo. Kung tutuusin po, kung pasisimulan nating buksan uli iyong Republic Act No. 9136, sa Section 2 pa lamang, Mr. Speaker, Your Honor, binabanggit na roon ang isang napakalaking kaugnayan kung bakit naitatag ang Department of Energy at saka iyong batas na kung tawagin natin ay “Electric Power Industry Reform Act” or “EPIRA.”

Mr. Speaker, sa Section 2, Chapter I, Declaration of Policy, letter (b), nakasaad po ang ganito, “To ensure the quality, reliability, security and affordability of the supply of electric power.” Mr. Speaker, kung magiging tapat po tayo sa ating sarili, ito bang Declaration of Policy na ito ay naipagkaloob ba natin ayon sa hinihingi ng probisyon na ito ng Republic Act No. 9136? Iyong quality, sa quality po, marami pa ring episodes ng brownout, minsan po hindi lang oras, kung minsan araw, lalong-lalo na po sa parte ng Mindanao. Idikit na rin po diyan iyong reliability, sapagkat kung hindi reliable po ang pinagkukunan ng kuryente o supply ng kuryente, ganoon din po ang nangyayari, ang security at iyon nga pong tinatawag nating “affordability” of the supply of electric power. In all honesty, Mr. Speaker, Your Honor, can we openly admit that we have complied with this particular provision in the Declaration of Policy with respect to the current situation of our consumers, especially those that belong to the poorest of the poor?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, the process of being able to provide what you have stated is a continuing work in progress. For every time our population increases, there is an increase in the demand by our consumers. So, ang Department of Energy naman po ay – the Department of Energy is really doing its best, through its attached agencies like the National Electrification Administration and the National Power Corporation, to address this continuing increase in demand. Although hindi po siya perpekto, na hindi naman ibig sabihin na pagdating sa taong 2020, for example, na iyong

pinaplano na 100 percent ay mapeperpekto niya to address iyong mga na-state ninyo po sa Section 2, Chapter 1 ng EPIRA, nevertheless, it is continuing – it is a continuing job, especially of the Department of Energy and its attached agencies, to see to it that iyong mga kinakailangan ng ating mga mamamayan na murang kuryente, stable and reliable power ay mabigay po sa ating mga consumers.

Although, Mr. Speaker, distinguished colleague, inaamin naman po natin na hindi madali o it is not an easy job or an easy task to do because of the increasing supply needed by our constituents and marami pa pong ibang factors na kailangan natin i-consider. Siyempre, isa na po, of course, iyong presyo ng electricity ay pabago-bago. So, Mr. Speaker, distinguished colleague, rest assured that the Department of Energy will continue in its mandate, together with its attached agencies, of providing what is required of them under the law, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, with all due respect, ako po ay nalulungkot sa inyong katugunan sapagkat nasabi ko nga po kanina sa umpisa, mula Thirteenth Congress, nandito na po ako, iyan pong sinasabi ninyong sagot doon sa napakasimpleng tanong ay paulit-ulit ko na pong naririnig. Kasi po, iyong ating mga mamamayan, lalo na po iyong pangkaraniwan, sinasabi ko nga, hindi nila maintindihan, hindi nila mai-relate ang kanilang buhay. “Ano ba iyong budget na pinag-uusapan ninyo diyan? Palagi na lang, year in and year out, you are talking about the budget, deliberating on the budget of every agency and department of government, pero kahit kailan, you are unable to relate to us. Ano ba ang nahihita namin?”

Mr. Speaker, Your Honor, ang gustong maramdaman ng pangkaraniwang tao, habang dinedebate natin ang inyong budget, ay ano naman po iyong para sa kanila? Hindi naman po kalabisan, Mr. Speaker, Your Honor, na maghintay sila. Sa panig nila, sa sarili nila, maramdaman man lang nila na itong ginagawa nating ito ay nagkakaroon ng mabisang resulta sa kanilang buhay. Araw-araw, monthly, Mr. Speaker, Your Honor, iyong monthly bill

po nila ng kuryente, parang nagiging isang palaisipan. It is like a conundrum. It is a puzzle. Bakit po? ‘Ika nga, ang pangako po ng R.A. No. 9136 ay affordability of supply of electric power. Napakasimple po ng kataga na iyon, affordability speaks of a level of price that is reachable for the ordinary consumers. Hindi po nila ito naramdaman, Mr. Speaker, Your Honor. Kaya po ang tanong natin – huwag nating gagawing katuwiran na ito po ang ginagawa natin, ganito po na ang nagawa natin, ito pa po ang gagawin natin, pero kapag hindi po natin nagagawa iyong pangako dito under the Declaration of Policy, lahat po ng ginagawa natin ay hindi kumukonekta sa puso ng mamamayan.

Basahin ko pa po iyong letter (c), Mr. Speaker, Your Honor, “To ensure transparent and reasonable prices of electricity x x x.” Mr. Speaker, Your Honor, iyon po ay madaling intindihin kahit na ng ordinaryong tao. “To ensure transparent and reasonable prices of electricity in a regime of free and fair competition x x x.” Hinto po muna ako doon, Mr. Speaker, Your Honor. Nagawa na po ba natin iyong “reasonable prices of electricity?” Ano po ba iyong risonable? Ang risonable po na presyo ay iyong lebel ng presyo na kayang-kayang abutin ng isang ordinaryong mamamayan. Iyon po iyong risonable.

Ito po ay Declaration of Policy, isa pong batas na ating ginawa ilang taon na po ang nakakaraan, 2001 pa po iyon. Bakit hanggang ngayon hindi po nagkakaroon ng katuparan? Kung pag-uusapan natin ay maramdaman lamang po ang ginagawa natin ngayon kasi sa panig po nila, “O, ayan na naman, budget hearing na naman sila, hindi naman natin maramdaman kung anong ginagawa nila.” Mayroon po silang katuwiran na magtanong. Mr. Speaker, Your Honor, this is a recurring issue. When this Representation talks to them in town hall meetings, this is a recurring question. Sabi nila, “Kailan po kaya kami makakatikim, kahit minsan lang, iyong mababang kuryente?” Hindi po nila maramdaman, so there is something wrong in the system, Mr. Speaker, Your Honor. We are not fulfilling this; we are failing our people.

Basahin ko pa po iyong kasunod, letter (f), Mr. Speaker, Your Honor: “To protect the

public interest as it is affected by the rates and services of electric utilities x x x." Mr. Speaker, totoo po ito. Ang public interest is always affected by the rates of electric utilities and other providers of electric power. Bakit po? Kapag mahal po ang kuryente, mahal ang production, mahal po iyong produkto, kawawa na naman po iyong consumer na bibili. Maliban pa po doon sa sinasabi natin, pangkaraniwan na kapag nakita na po nila iyong bill ng kuryente, Mr. Speaker, Your Honor, iyong kaba na ng dibdib na naman po nila palaging nandoon. Ang tanong ko nga po ganito, kung ang atin pong mga budget na ginagawa,, at ito po'y tumutukoy sa efficiency and effectiveness of the programs that are being installed by the Department, bakit hindi po iyon tumutuloy sa benepisyong na maaari nating maiabot sa mga ordinaryong consumers? Ito po iyong tanong nila. Ito po iyong tanong nila. Papaano po natin sila sasagutin? Mr. Speaker, Your Honor, naghahanap po ako ng tulong sa inyo. Pagbalik ko ulit sa kanila, gusto ko po dala-dala ko ang isang kasagutan na tatanggapin nila. Sa ngayon po kasi wala akong masasabi sa kanila. Sasabihin ko na naman kagaya ng sinabi ko sa inyo, paikot-ikot na lamang po kami.

Mr. Speaker, sasamantalain ko na po kung medyo hirap pa ho kayong sumagot muna. Bibigyan po natin ng halimbawa para siguro kahit papaano, from generalities to situational, or example, pag-usapan po natin iyong Republic Act No. 9209, Mr. Speaker, Your Honor. Itong Republic Act No. 9209, ito po iyong prangkisa ng Meralco. Tama po ba, Mr. Speaker, Your Honor?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, the line of questioning of the honorable Deputy Speaker Marcoleta can properly be addressed by another agency which is being handled by Rep. Mikey Arroyo, the Energy Regulatory Commission.

REP. MARCOLETA. Alam ko po iyon.

REP. DALIPE. But I will ...

REP. MARCOLETA. Sa kagustuhan ko lang makagawa po ng example kasi para lalo nating

masagot sana, gusto kong pagtulongan natin, hanapin natin ang isang pinakamabuting sagot na sa maraming panahon po ay hinahanap-hanap po ng ating mga ordinaryong consumers. Hindi ko po patatagalin ang tungkol dito kasi may babasahin lang po ako na isang section dito na kaugnay po noong Declaration of Policy na binanggit ko kanina sa Republic Act No. 9136. Magkakambal po kasi sila. Sa Section 4 po kasi nitong R.A. No. 9209, iyong grantee po, ito iyong Meralco, ano po, sabi: "The grantee shall supply electricity to its captive market in the least cost manner." Pagkatapos sinundan pa po ng, "The grantee shall charge reasonable, just and competitive power rates." So, may kakambal po siya.

Mula po doon sa Declaration of Policy ng Republic Act No. 9136, ganoon din po iyong nakalagay doon sa prangkisa ng Meralco. Ibig kong sabihin po, bilang pagtutulad, paghahalimbawa, talaga pong konektado doon. So, komo ang pinakamalaking distribution utility dito sa ating bansa ay ang Meralco, nagagawa ko po siyang, halimbawa kung ang pag-uusapan ay iyong tanong po kanina, papaano kaya mararamdaman at kailan mararamdaman ito ng pangkaraniwang consumer? Sapagkat matagal na po, 2001 na po, baka dumating po ang panahon, wala nang maniwala sa atin, Mr. Speaker, Your Honor. Baka ang sasabihin nila, e, "Parang bolahan na yata ito, parang paikot-ikot po tayo."

Mr. Speaker, Your Honor, I think we owe it to our people to give them an honest and reliable answer. Meron po ba kayong gustong isagot, Mr. Speaker, Your Honor?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, meron po tayong tinatawag na "Competitive Selection Process," CSP that will address the generation cost which covers around 50 percent of the entire cost. The Energy Regulatory Commission, ERC, although iba po iyong magha-handle sa pag-sponsor sa kaniya, regulates the transmission and distribution sectors, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. MARCOLETA. Baka hindi rin po maintindihan iyong sagot na iyon, Mr. Speaker, Your Honor.

Ang ERC po talaga ang regulator. Mag-apply siyempre po iyong distribution utilities ng rates niya at aaprubahan ng ERC. Ang problema, Mr. Speaker, ang sabi nga dito sa prangkisang sinabi ko o doon sa Declaration of Policy, kailangang transparent tayo.

Alam po ba ninyo, Mr. Speaker, Your Honor, doon sa rate fixing na ina-approve ng ERC, wala po akong makitang transparency. Bibigyan ko po kayo ng halimbawa. Iyon lamang pong formula ng pagko-compute ng rate ng Meralco magmula doon sa tinatawag nilang RORB na ngayon ay pumunta sa rehimen ng tinatawag nilang PBR o Performance-Based Rate, sinubukan ko po kasi na intindihin kung papaano po nila kinukuwenta. Pinadalhan po ako ng limang malalaking compendium po, ito po iyong formula. Mas mataas pa po sa akin iyong ibinigay na compendium. Kaya ko po bang unawain iyong formula na iyon, Mr. Speaker, Your Honor, na mataas pa sa akin?

Tinanong ko pa nga iyong isa sa kanila e, baka kako maging si Dr. Albert Einstein hindi maiintindihan ito e. Papaano magiging transparent ito kung ako hindi ko masyado, hindi ko rin maintindihan ito? Sino man po sa atin dito, Mr. Speaker, Your Honor, walang makakaintindi doon sa equation formula na ginagamit ng ERC kung ang pag-uusapan ay iyong rate fixing, kung magkano ang isisingil sa mga consumers.

SUSPENSION OF SESSION

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 4:20 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 4:22 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.

Distinguished Sponsor, please respond.

REP. DALIPE. Yes, Mr. Speaker, distinguished colleague, ang Department of Energy provided that there would be a Competitive Selection Process. The CSP, iyon

po iyong isang ginagawa ng Department of Energy to see to it that the cost, ang presyo, ang cost na babayaran ng ating mga consumers ay siguradong, ang tinatawag nila, the "least cost possible," but not necessarily the cheapest, the least cost possible based on the formula. So, the ERC, Energy Regulatory Commission, which is the next agency to be sponsored here on the floor, can probably answer the other questions being asked by the honorable or my distinguished colleague, Hon. Rodante Marcoleta. But to add, it can be gleaned that about 15 percent of the charges are assessments pursuant to the EPIRA and ERC Resolutions with respect to transmission, distribution, systems losses and charges. These are pursuant to pre-established formulas that are subject for evaluation and approval of the ERC. Sila po ang next na magpe-present sa floor dito. So, the pricing methodologies for generation charges are applied by the ERC for generation charges.

So, iyong katanungan ninyo po, probably Hon. Mikey Arroyo, who is the one sponsoring the Energy Regulatory Commission can best answer that. But as far as the Department of Energy is concerned, na-provide na po ng Department of Energy and they did their best by giving us what we call the CSP, Competitive Selection Process, so at least magiging least cost for our consumers based on the CSP, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, the Department of Energy is the primary agency that is supposed to operationalize Republic Act No. 9136. Is that correct?

REP. DALIPE. Yes, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. MARCOLETA. Thank you. And in relation to that, at the very least, we expect programs that will be undertaken by the Department of Energy in order to realize eventually the lowering of prices or the tariff of electricity. For example, this Representation is assuming that there are programs that will entail competition because only competition, in the final analysis, will eventually lower the price of electricity.

Sa ngayon po kasi, Mr. Speaker, Your Honor, sinasabi nga rito sa Declaration of Policy na kinakailangang mayroong economic efficiency and enhanced competitiveness of Philippine products in the global market. Kailan po natin magagawa iyon? Ang sabi rito po sa binasa ko na saknong dito, there should be a regime of free and fair competition and full public accountability. So, kung wala pong competition, Mr. Speaker, Your Honor, hindi po natin kailanman maa-achieve ang isang lebel ng presyo na kayang abutin natin kahit sa mga darating na panahon.

So, kinakailangang maipaliwanag natin, ano ba iyong nakalatag na programa para mapaniwala natin ang ating mamamayan, mga kaibigan na, “Magtiis-tiis lang po muna tayo, ito po ang programa po na nakikita namin sa Department of Energy. Kapag ito pong lahat na ito ay natapos, ako po’y naniniwala na ang presyo ng elektrisidad ay talagang abot-kaya na natin.” O, e ano po ang sasabihin ko sa kanila? Ano pong programa ang puwede kong sabihin sa kanila? Iyon po iyong hinihingi natin. Ilan po ba iyong mga power generation companies ngayon? Palagay ninyo mabibilang lang sa daliri—siguro mga anim, pito, walo. Tayo po ba’y magdadagdag ng mga power generation companies para sa ganoon ay marami iyong magko-compete? Kung wala pong competition, e ano iyong sinasabi po sa Declaration of Policy that there should be a regime of fair and free competition? Iyon po sana iyong gusto naming malaman mula sa inyo, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, if you look at the entire picture, we already have that Competitive Selection Process, which the Department of Energy put in place, keeping in mind the consumers.

REP. MARCOLETA. Kailan po iyon?

REP. DALIPE. Well, 2018, nailagay na po iyong Competitive Selection Process, Mr. Speaker.

REP. MARCOLETA. Kung nailagay na po iyong Competitive Selection Process,...

REP. DALIPE. And if I may, Mr. Speaker.

REP. MARCOLETA. ... bakit hindi po nararamdaman iyong pagbaba ng presyo?

REP. DALIPE. Well, Mr. Speaker, distinguished colleague, through the years, the long years that we have—e 2018 nailagay po iyan. So, the start is 2018 and iyan na po ang pinakamagandang policy na naibigay ng Department of Energy para mas maging transparent siya.

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, Your Honor.

REP. DALIPE. The Competitive Selection Process is open. It is open po. The Department of Energy requires the posting of the Terms of Reference, the details of the need of the consumers. So, ni-require rin po ng Department of Energy to also provide no hidden pass-on charges. So, doon pa lang po sa paglagay noong CSP ng DOE, at least nakikita po natin na nandoon po iyong concern ng Department of Energy for our consumers.

REP. MARCOLETA. Sana po, Mr. Speaker,...

REP. DALIPE. So, that is the ...

REP. MARCOLETA. ... ay magagamit po at ...

REP. DALIPE. ... best policy of giving it or making it open and transparent, the CSP, Competitive Selection process, na hindi na po sila puwedeng basta dumiretso sa isa, but there will be a selection process that will be transparent to all, Mr. Speaker, distinguished colleague.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). With due respect to the Deputy Speaker, your time is up.

REP. MARCOLETA. Isa na lamang po, magwa-wind up ako, Mr. Speaker.

Ito pong batas na ito ay naipasa natin 2001. Ang sinasabi po ninyo, iyong mga

competitive processes na binabanggit ninyo, 2018. Papaano po natin mapapaniwala – e bakit naman po mayroon tayong Declaration of Policy ng 2001? Ang sinasabi po ninyo, ginawa natin itong mga bagay-bagay na ito 2018 na. Papaano po tayo paniniwalaan ng ating mga consumers, Mr. Speaker, Your Honor? Kaya pala hanggang ngayon hindi natin nararamdaman. Ganoon po ba iyon?

REP. DALIPE. Well, actually, kung titingnan ninyo po, dapat nga 2013 pa siya, e kaso there was a delayed implementation due to a TRO or temporary restraining order. But the Supreme Court decided in May 2019, so ngayon pa, bago lang po siya. So, probably, in the years to come, with this new policy of Competitive Selection Process which is more transparent, which is more open, it will be for the benefit of our consumers, the different consumers in the different areas in the Philippines, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. MARCOLETA. Sige po, kung hanggang doon lamang po ang kaya nating ipaliwanag muna sa ating mga mamamayan ay wala po talaga, hindi ba, Mr. Speaker? Alangan naman sisihin ko iyong Korte Suprema na naman dito, baka hindi na ako paniwalaan.

Salamat po, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Thank you very much, Deputy Speaker Marcoleta.

Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, the next Member who wishes to interpellate our Sponsor is Rep. Edcel Lagman of the First District of Albay.

I move for his recognition.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The honorable Representative from the First District of Albay, Hon. Edcel Lagman, is recognized to interpellate the Sponsor.

Please proceed, Honorable Lagman.

REP. LAGMAN. Can I be heard, Mr. Speaker?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Yes, we hear you.

REP. LAGMAN. Can I now proceed?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Yes, you may proceed, Honorable Lagman.

REP. LAGMAN. Distinguished Sponsor, honorable Speaker, today, October 2 of 2020, there is a news report captioned, and I quote, “Duterte mulls BNPP opening.” BNPP refers to the Bataan Nuclear Power Plant.

Is the distinguished Sponsor aware of this news account?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Honorable Sponsor.

REP. DALIPE. Well, Mr. Speaker, distinguished colleague, Hon. Edcel Lagman, we confirm, it is true but such policy – we are still awaiting for further information from the Executive Department, from Malacañang, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Distinguished Sponsor, Mr. Speaker, the lead paragraph of this news report reads, and I quote, “President Rodrigo Duterte wants the Department of Energy to study the reopening of the nuclear power plant in Bataan.” What can the Department of Energy say about this statement?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, the Department of Energy welcomes – it welcomes the study. So, the pronouncement made and read by the distinguished colleague, Rep. Edcel Lagman, is not really on the actual operation already. But if the policy or the statement made was for the study, the Department of Energy welcomes the study because we really need to know, because we have to add other things to our energy mix. We cannot be reliant on certain sources, but if we can add more to our energy mix, it will be good for our country. So, ang nangyari po ay pinag-aaralan pa po iyan. So the Department of Energy welcomes that study. That is all, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Mr. Speaker, distinguished colleague, distinguished Sponsor, that is not my statement. That is what was written in the news account.

Now, let me proceed.

On October 24, 2020, President Duterte issued Executive Order No. 116—on July 24, 2020, entitled: DIRECTING A STUDY FOR THE ADOPTION OF A NATIONAL POSITION ON A NUCLEAR ENERGY PROGRAM CONSTITUTING A NUCLEAR ENERGY PROGRAM INTER-AGENCY COMMITTEE AND FOR OTHER PURPOSES. Is the distinguished Sponsor aware of Executive Order No. 116?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, can I request Hon. Edcel Lagman to repeat his question because iyong last two statements niya medyo garbled? So, can you please repeat your question, Hon. Edcel Lagman?

REP. LAGMAN. Yes, distinguished Sponsor.

On July 24, 2020, President Duterte issued Executive Order No. 116, entitled: DIRECTING A STUDY FOR THE ADOPTION OF A NATIONAL POSITION ON A NUCLEAR ENERGY PROGRAM CONSTITUTING A NUCLEAR ENERGY PROGRAM INTER-AGENCY COMMITTEE AND FOR OTHER PURPOSES.

Is the distinguished Sponsor aware of Executive Order No. 116?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, yes, the Department of Energy is aware of that.

REP. LAGMAN. Among the powers and functions of the Nuclear Energy Program Inter-Agency Committee is, and I quote, "To review the existing legal framework, study the viability of nuclear energy, and recommend the necessary steps in the utilization of nuclear energy, as well as existing facilities such as but not limited to the Bataan Nuclear Power Plant." Does the distinguished Sponsor confirm this power?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, yes, we confirm.

REP. LAGMAN. This is a virtual order that the Nuclear Energy Program Inter-Agency Committee recommend the utilization of the BNPP after that study. Is this correct?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, yes, but after the study, pag-aaralan pa po iyan, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Does the distinguished Sponsor, Mr. Speaker, know why the Bataan Nuclear Power Plant was mothballed and never became operational?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, through the years, particularly in the '70s and the '80s, there were allegations made by certain groups or sectors against the Bataan Nuclear Power Plant. But through time, these allegations which were raised by certain groups were probably addressed because the Bataan Nuclear Power Plant is still there. So, iyon po iyong dahilan bakit na-mothball siya, because of the allegations raised at that time, in the '70s and '80s, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Were these allegations validated, so much so that the Bataan Nuclear Power Plant was mothballed and never became operational, as early as the late 1970s?

REP. DALIPE. Well, Mr. Speaker, distinguished colleague, these allegations are still being validated. In fact, there were other nuclear power plants similar to the Bataan Nuclear Power Plant which were also checked and these other nuclear power plants are still in existence. So, iyong mga kasabay na nuclear power plants at that time which operated and are still operating are probably the answer to the allegations made at that time. So, it is not only the Bataan Nuclear Power Plant which was constructed, mayroon pa pong mga iba. The existence of the other nuclear power plants which are still operating right now—the nuclear power plants in Slovenia, the nuclear power plant in Brazil, and the nuclear power plant in Korea, which were built together with the Bataan Nuclear Power Plant, at that

time, in the '70s and '80s, these other nuclear power plants, which are just the same in the design, constructed in the same year and which operated after construction are still operating at present. So, iyong mga alegasyon po ay kinonsider and probably, we can say as an answer na iyong continued operation ng mga nuclear power plants sa Slovenia, Brazil and South Korea, na hanggang ngayon po ay umaandar, they are the answer to the allegations raised by certain sectors or groups, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Distinguished Sponsor, may we know whether these other nuclear power plants of the same vintage as that of the Bataan Nuclear Power Plant facility were constructed with corruption and greed, both official and private greed? May we know, Mr. Speaker, distinguished Sponsor.

REP. DALIPE. Well, Mr. Speaker, distinguished colleague, when we construct a nuclear power plant, may costing po iyan. So, the cost of the Bataan Nuclear Power Plant and the cost of the other nuclear power plants in other countries ay hindi naman po ganoon kalaki iyong diperensya. Halos magkakapareho lang sila. So probably, iyong allegations of corruption will be answered by the cost itself. So, magkano po ba iyong cost ng nuclear power plant doon sa Slovenia? Magkano po ba iyong cost noong nuclear power plant sa South Korea? Magkano po ba iyong cost noong nuclear power plant sa Brazil? And that, probably, by looking at the cost of the other nuclear power plants in other parts of the world which are still operating right now, and comparing them with the cost of the Bataan Nuclear Power Plant, diyan po makikita natin iyong allegations kung mayroon ba talagang corruption o wala po, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Now, distinguished Sponsor, with respect to this other nuclear power plants of the same vintage, how much was the cost of the erection or construction of the same?

REP. DALIPE. The construction cost of

the BNPP at that time, total cost po niya after completion was about \$2.2 billion, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. My question is not about the cost of the BNPP, the cost of the other comparable nuclear facilities in other countries because you were saying, distinguished Sponsor, that that should show us the solution to the allegations of corruption. Now, what is the cost, respectively, of the construction of these other nuclear facilities of the same vintage as the Bataan Nuclear Power Plant? Would you have any data on this to support your justification?

REP. DALIPE. Well, Mr. Speaker, distinguished colleague, we are trying to get the figures, but we will furnish you right away with the cost of the other nuclear power plants, particularly in Brazil, South Korea and Slovenia. Ibibigay po namin, kinukuha lang iyong datos, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Distinguished Sponsor, would you know whether these other nuclear facilities were constructed on top of an extinct volcano like Mount Natib, which was similar to Mount Pinatubo before its eruption in 1991?

REP. DALIPE. We will try to give you that information, Mr. Speaker, distinguished colleague, if the other power plants were constructed on such hazards as you stated. The data are not available to this Representation right now, who is the Sponsor of the Department of Energy budget, but as soon as we get the data, we will furnish Hon. Edcel Lagman with such, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. But would the distinguished Sponsor agree that the Bataan Nuclear Power Plant is perched on Mt. Natib, a dormant volcano?

REP. DALIPE. Okay, Mr. Speaker, distinguished colleague, before the construction of the Bataan Nuclear Power Plant, there was a US Geological Team which

inspected it. So, sila po iyong nag-inspect ng area ng Bataan Nuclear Power Plant. But just to answer the apprehension of my distinguished colleague, iyong pronouncement naman po ng Malacañang, ng Executive Department, ay pag-aralan muna po iyong Bataan Nuclear Power Plant. It does not mean that when such pronouncements are made, that the study will be made, e hindi pa naman po natin alam iyong resulta noong pag-aaral. So, let us wait until such time na lumabas po iyong pag-aaral, what the result will be, then that is the only time we can say whether we will operate or we will not operate the Bataan Nuclear Power Plant.

So, so far, as of now, we are still in the process of studying whether we will operate a nuclear power plant or not and the study will also include whether it will be the Bataan Nuclear Power Plant or it will not be the Bataan Nuclear Power Plant. So, pag-aaralan pa po iyan lahat. Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Mr. Speaker, distinguished Sponsor, my question was very simple. I was just asking for a confirmation from the distinguished Sponsor whether the Bataan Nuclear Power Plant is perched on Mount Natib, a dormant volcano. That is all I was asking for, a confirmation of that fact.

REP. DALIPE. Well, Mr. Speaker, distinguished colleague, although malayo pa tayo diyan, but I will try to give some of the information or details requested by the honorable colleague. Mount Natib is around 13 kilometers away. So, hindi po siya or iyong Bataan Nuclear Power Plant, although hindi pa, sinabi ko I will try to reiterate that it is the—we are not yet sure whether it will be Bataan Nuclear Power Plant or not, or whether it will be another nuclear power plant which will be considered, so depende pa po sa study. But just to answer, the data that we got here is that Mount Natib is 13 kilometers away from Bataan Nuclear Power Plant, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Mr. Speaker, distinguished Sponsor, 13 kilometers is a very short distance.

When Mount Pinatubo erupted, it affected areas much, much farther than 13 kilometers; it affected the rest of the world. So, that short distance is not a justification that it will be safe to construct a nuclear facility proximate to a dormant volcano.

My next question is, would the distinguished Sponsor affirm that the Bataan Nuclear Power Plant was constructed along a fault line?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, can I request our distinguished colleague, dahil medyo garbled po iyong dating dito because of the Internet connection, na pakiulit po.

REP. LAGMAN. The question is that, would the distinguished Sponsor admit that the Bataan Nuclear Power Plant was constructed along a fault line?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, the Bataan Nuclear Power Plant was not constructed on a fault line, Mr. Speaker, distinguished colleague. Hindi po siya naka-construct on top of a fault line.

REP. LAGMAN. Is the distinguished Sponsor aware of prior studies which recommended that the Bataan Nuclear Power Plant should not be made operational?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, there were studies. In fact, may study pero hindi lang po isa. Paiba-iba po iyong findings ng mga study. There is one study which says na delikado, tapos may ibang study na lumabas na sinasabi na hindi. So, hindi siya pare-pareho ang conclusion. The studies yielded different conclusions, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Distinguished Sponsor, with your documents, which studies said that the Nuclear Power Plant should be mothballed and should never be operationalized because of 4,000 defects?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, just to allay any fears, let me state that in the Nuclear Energy Program, there is what we call the “four cornerstones for the

Nuclear Energy Program.” One of these, isa po iyong national policy which is Executive Order No. 116; second is the legislative framework; third is the alignment with International Standards; and fourth are public awareness and acceptability. And with all that, Mr. Speaker, distinguished colleague, it will still go back to us here in Congress. It will still be upon Congress to check and review, see to it kung puwede ba o hindi. So definitely, after all of these studies which have been made and which I mentioned, even the things needed which we call the “four cornerstones for the Nuclear Energy Program,” Congress still has a say on that because of the legal framework or the law that will be needed, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. My question really, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, is that the distinguished Sponsor alleged that there are studies which documented that the Bataan Nuclear Power Plant should be mothballed for thousands of defects and should never be operationalized, and there are also contrary studies. My question really is, what are these studies which said that the nuclear power plant should be mothballed because of fatal defects?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, we will try to furnish you with a copy of such because we do not have the studies which you are requesting from us, Mr. Speaker, distinguished colleague. We will furnish you as soon as we are able to get hold of them. But to add again, and I reiterate that that is beside the point because we will still continue to have a new study, pag-aaralan po ulit. So, the studies which were made in the past will be disregarded. We will have a new study on this, whether the Bataan Nuclear Power Plant is feasible or not, whether there is a need to set up a new one. So we will go back again to zero and study it, then after the conduct of such studies, then that is the time we will find out kung puwede ba siya o hindi siya puwede, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Last question, last question, Honorable Lagman.

REP. LAGMAN. Well, I have not consumed 30 minutes compared to the time consumed by Deputy Speaker Marcoleta. I have barely touched the surface of my questions.

Now, is the distinguished Gentleman aware of the study of the Puno Commission?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, although there was the Puno Commission, as I have said earlier, whatever the results of the previous studies were, they will just be noted because we will go back again e. We will study again at the present time whether the Bataan Nuclear Power Plant can be operated or not. So probably, we can use it as a reference but it will not be—the studies conducted in the past will not give or will not yield to us a conclusion. So, hindi po siya conclusive e.

So, that is why if you look right now, ang statement na ni-release ng Executive Department, that is for study. Because if the studies in the past were only conclusive, bakit pa natin pag-aaralan ulit ngayon? So, if the review on the news article, as stated by the Hon. Edcel Lagman, ay pag-aaralan po natin ulit e, so we will. I suggest that we await the study and when the results come out, then that is the time that we will discuss the results of the study as stated by the Executive Department, as stated by Malacañang, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. LAGMAN. For the record, ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Excuse me, Honorable Lagman. Dep. Minority Leader Kit Belmonte wants to give you his 30 minutes, so you can continue.

REP. LAGMAN. Thank you very much, Hon. Kit Belmonte, for giving me your time.

Now, just for the record, considering that, most probably, the distinguished Sponsor is not aware of the findings of the Puno Commission, the Puno Commission was created by no less than President Marcos in 1979. Ricardo Puno was the Minister of Justice

and one of the findings of the Commission was that the BNPP was not safe. Its design was plagued with unresolved safety issues and it was full of potential hazards to the health and safety of the public. And I just wonder why, 41 years from the construction and mothballing of the nuclear power plant, it is only now that we are going to conduct a restudy of whether or not the Bataan Nuclear Plant should be revived, rehabilitated and operationalized.

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished...

REP. LAGMAN. That was my last question, I was just making an annotation. May we know from the distinguished Sponsor why the BNPP is monickered as the "monster of Morong"?

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, I did not – monster of?

REP. LAGMAN. "Monster of Morong," Morong is in Bataan.

REP. DALIPE. Ah, monster of ...

REP. LAGMAN. Morong.

REP. DALIPE. Mr. Speaker, distinguished colleague, hindi ko na po alam e. Kasi iyong issue po ngayon – opo, I cannot really give you the answer why it is called the "monster of Morong," but definitely, as how I understand the issue, hindi po natin puwede sabihin na eksakto na iyong Bataan Nuclear Power Plant na ang io-operate kasi it can be in Luzon, it can be in Visayas, it can be in Mindanao. That is the actual situation right now.

So, I do not – probably, I would just want to make the clarification as to the news report which was initially cited by the distinguished Gentleman, Rep. Edcel Lagman, na kung ang ating Nuclear Power Program ay doon ba sa Bataan o hindi. But definitely, what I can tell you right now, Mr. Speaker, distinguished colleague, ay hindi pa rin po natin alam. Even if we go back to previous studies, even if we go back to those allegations against the Bataan Nuclear Power Plant, but what I can say – and

I would like to reiterate that we are not yet sure if it will be the Bataan Nuclear Power Plant that will be operated. So, we will still wait for the policy, we will still wait for the study and by that time, doon po natin malalaman kung Bataan Nuclear Power Plant po ba ang io-operate natin o hindi, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, our fellow Congressman, the record shows that even on August 10, there were investigations conducted by the local regional DILG and by July – and August, reports were released for the said findings. There were actual actions taken by the DILG as late as in July and August.

REP. MARCOLETA. I did not understand the answer, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. JALOSJOS. Well, the action taken by the DILG was to conduct a preliminary investigation. Usec. Florece instructed the regional office to conduct an investigation based on your request. The findings of the regional ...

REP. MARCOLETA. Mr. Speaker, Your Honor, what I am asking is, how come the DILG, notwithstanding the existence of a memorandum circular stopping and postponing all evictions and demolition during the pandemic, how come he failed to even advise the LGU to discontinue the demolition?

SUSPENSION OF SESSION

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, my good colleague, the answer – may I ask for a one-minute suspension to gather the answer.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 10:48 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 11:08 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.

We would like to thank our Deputy Speaker Rodante Marcoleta and Secretary Año, and our Sponsor, Congressman Jalosjos, for doing things, what is right for the good of the plenary.

Majority Leader, next interpellator, please.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, may we, once again, recognize the Hon. Sarah Jane Elago of the KABATAAN Party-List for her interpellation.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Hon. Sarah Jane Elago of the KABATAAN Party-List is recognized to continue her interpellation, the second round, on the budget of the DILG.

REP. ELAGO. Thank you, Mr. Speaker.

On the role of the DILG in the Joint Task Force COVID Shield, there is a total of 372,929 persons who allegedly disobeyed authorities or violated curfews from March 17 to September 5. Does the DILG-PNP have the more recent numbers? How many of these people who allegedly violated quarantine protocols were arrested? How many are still in detention?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, our distinguished colleague, I just want to ask, is it quarantine – how many quarantine violators are there? Is that the right question?

REP. ELAGO. Yes, Mr. Speaker. And how many of these were arrested? How many are still in detention?

REP. JALOSJOS. Okay.

As of noon, quarantine detained – those still detained are 1,427 out of 18,689 arrested; in Visayas, we have 50 still detained out of 4,052 arrested; Mindanao, we have 32 still detained out of 8,748 arrested. So there is a

total of 1,509 still detained out of 31,489, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, hihingin ng Representasyon na ito ang kabuuang report ukol dito, ngunit nais ko lang maiparating sa ating Sponsor ang concerns natin hinggil sa mga pag-aresto ng quarantine violators. Noong May 1, Mayo 1, ang Q.C. police po ay nag-aresto ng 18 na community kitchen volunteers at mismong mga beneficiaries ng community kitchen o Kusinang Bayan. Kasama po sa mga community kitchen organizers ay tatlong estudyante mula sa UP; kasama rin po dito sa Marikina naman, 10 tao na inaresto rin na mga kasama sa paglulunsad ng Kusinang Bayan. Samantala, noong May 8 po, noong si General Sinas ng NCRPO ay nag-hold ng manyanita ay wala naman pong inaresto. Mayroon po bang double standard ang DILG, ang PNP pagdating dito? Ano na po ang update tungkol sa sinasabing ikinaso na administratibo laban kay General Sinas at sa mga nakasama niya po na lumahok sa manyanita?

REP. JALOSJOS. Wala pong double standard, pero po papaimbestigahan po ng ating pulisya, ng Chief PNP ang nangyari po – ang mga pangyayaring ito at ‘pag natapos iyong imbestigasyon, bibigyan po namin kayo ng kopya.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, ano po ang update doon sa kaso laban kay General Sinas? Kailan po ito naisampa at katulad po ba ng ibang kaso, wala pa pong update dito?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, ating iginagalang-galang na kasama sa Kongreso, as of today, nasa Fiscal’s Office pa po ang kaso at hindi pa po naifa-file sa tamang hukuman.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, kailan po balak na i-file ito? Dahil mayroon po tayo, ‘no, nagho-hold ng Kusinang Bayan, inaresto po agad at na-expose pa sa banta ng pagkakaroon ng COVID-19, samantalang ang mga opisyal ng PNP ay ganito po na walang inaaresto at gayundin ay hindi kinakasuhan.

REP. JALOSJOS. Bagama’t po wala sa kamay ng PNP po, nasa kamay na po ng fiscal, aalamin po namin sa piskalya kung saan siya na-under investigation kung kailan po niya puwedeng mai-file, kung sapat na po ang ebidensya para ma-file-lan po natin siya.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, nananawagan po ang Representasyon na ito ng pantay na proteksyon sa ilalim ng batas. Hindi po porke’t isang opisyal ay makakatakas pagdating sa kamay ng batas. Ngunit pinababantayan din po natin ito mismong pag-aresto sa quarantine violators dahil sa karanasan po ng Representasyon na ito, may mga kaso po tayo na sinuportahan na kung saan iyong mga nagpaparating lamang ng kanilang hinaing sa gobyerno, sa kinauukulan, halimbawa po iyong mga jeepney drivers ng PISTON na nagsagawa ng kalampagan para sa balik-pasada, nakaranas po ng ilegal na pag-aresto, gayundin na-expose sa banta ng COVID-19. Gayundin po iyong mga community kitchen volunteers at idagdag na natin iyong mga ikinulong dahil sa kanilang pagpoprotesta laban sa Anti-Terror Law na natagurian na “terror law” dahil sa maaaring mga implikasyon nito sa karapatang-pantao at mismo, na kahit hindi pa ito naging effective noong panahon na iyon ng Mayo hanggang bago ito mapirmahan ay nangyayari na ang mga pag-abuso. Kaya naman, Ginoong Speaker, nais ko ring maiparating sa Sponsor ang atin pong mga katanungan at mga nais malinawan hinggil sa mga binabawian ng buhay sa mismong mga selda ng PNP o iyong mga namamatay po na nasa custody ng pulisiya. Sa ngayon po ba, as of September 2020, ilan na po sa tala ng PNP ang mga deaths under police custody?

REP. JALOSJOS. The policy of our new Chief PNP does not tolerate such things happening inside the PNP and if indeed there is one, we can assure you that the PNP Chief is asking anybody who can help to just call him and he will act on it. But we are still looking for the actual number if, indeed, mayroon pong namatay under ng kustodya po ng PNP.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, I have here a copy of the report of the Philippine National Police-Internal Affairs Service released in October 2019 and according to the PNP-IAS, 461 suspects have died while under police custody. Ano na po ang ginawa ng PNP tungkol dito? Ano po ang dahilan kung bakit nasa 461 na suspects ang namamatay nang nasa ilalim ng kustodya ng pulis?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, the Chief PNP has not seen that report yet and he will look into it, and write a report and send it to your office for that question.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, the PNP-IAS is the internal police monitor. They are tasked to investigate police abuses. Maaari po ba tayong makakuha ng commitment mula sa PNP upang ito ay lubusan na maimbestigahan dahil nakakabahala ito, Ginoong Speaker. Hindi po biro ang bilang na 461, at sang-ayon din po sa kanilang report, na hindi pa sila tapos magbilang. At ang pinakanakabahala po dito, hindi ma-identify iyong aktuwal na dahilan ng mga pagkamatay na ito at mayroon pang na-note na irregularities tungkol sa deaths na ito. Ano po ang magiging assurance natin na sa loob po ng detensiyon ay maiiwasan ang ganitong mga pangyayari?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang na colleague, ako rin po ay nababahala sa laki po ng bilang na 461 po at ang ating Chief PNP ay nababahala rin po kaya po sa lalong madaling panahon po, sana po maibigay n'yo po ang report na iyan sa opisina ko para maipadala ko po sa ating Chief PNP para imbestigahang agaran kung ano ang mga totoong nangyari sa report po na hawak n'yo.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, dapat po nilang tawagan agad iyong PNP-IAS kasi nanggaling naman ito doon sa Internal Affairs Service na siya ngang dapat lumalaban dito sa mga abuso dahil iyan po ay mariing kinokondena ng Representasyon na ito, na imbes na mapanagot ay napapatay na agad or nagkakaroon ng ganitong mga pangyayari

sa ilalim ng kustodya ng kapulisan. Ngayon, Ginoong Speaker, bakit natin ito dinala sa atensiyon ng Kapulungan na ito? Dahil sa bagong Terror Law, sa bagong kakapirma na batas ay maaari nang malagay sa detensiyon, pinakamahaba ang 24 days, para sa isang pinagsususpetsahan na may kinalaman sa terorismo. Ano pong assurance natin na itong nangyayari ngayon na wala tayong kaalaman tungkol sa deaths under police custody ay hindi mangyayari sa bagong ipinasang batas?

REP. JALOSJOS. Hindi po hahayaan ng pamunuan ng DILG, ng ating Secretary at ng ating Chief PNP, Mr. Speaker, na magamit po iyan ng tiwaling kasamahan nila para sa report na mayroon po kayo. Asahan ninyo po na iimbestigahan nila po ito. Kung kaya ninyo pong mabigyan ako at since nasabi ninyo na po kung saan nakuha ang report ay sure na po na ang ating Chief PNP na sa lalong madaling panahon po, iimbestigahan niya po ang report.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, maaari ba nating malaman kung ilan pong mga kaso ng police abuse ang kasalukuyan na iniimbestigahan ng PNP-IAS? Nais ko pong malaman, hindi lang doon tungkol sa deaths under police custody, ngunit sa iba pang mga kaso pa ng police abuse?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, our dear colleague, we have 4,567 PNP personnel dismissed from service, ito po ay galing sa DILG, from July 16 to August 2020. As of August 2020, 835 personnel po were demoted po at 7,781 were suspended po regarding po sa mga abuses po ng ating mga PNP po.

REP. ELAGO. May we know, Mr. Speaker, the nature of such abuses? Ano po ang breakdown?

REP. JALOSJOS. It varies po but mainly po allegations sa drugs ang main concern dahil cleansing po ito sa misconduct ng mga PNP po.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, mayroon bang datos ang PNP na tungkol dito sa mga

nasuspende o nade-demote para matiyak na hindi po ito magpapatuloy sa krimen na kung saan sila kasangkot?

REP. JALOSJOS. Mayroon po, Mr. Speaker, ating kasamahan, mayroon po.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, sa mga kaso ba na ito may napapanagot hinggil sa pagpapakalat ng fabricated statements at iba pang tipo ng false viral claim?

REP. JALOSJOS. Mayroon po.

REP. ELAGO. Ilan na po ito at sino-sino, Ginoong Speaker? Ano pong mga units ang involved dito?

REP. JALOSJOS. Ginoong Speaker, kagalang-galang nating kasama sa Kongreso, pakiulit nga po ang katanungan para mas klaro ko pong sasagutin. Marami pong datos kasi.

REP. ELAGO. Sa mga kaso po na hinahawakan ng IAS, ilan po dito ang may kinalaman sa paglabag sa social media guidelines ng PNP?

REP. JALOSJOS. So far po, sa red-tagging po, isa pa lang po ang under investigation at ang—kasi under investigation po, hindi ko po puwedeng sabihin ang pangalan na involved.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, ang Representasyon po na ito ay hawak ang isang ulat o commitment po mula sa ating PNP na iimbestigahan nila ang pinakalat na naging viral na claim ng PNP Police Community Relations Group—PULISerbis page na ibinahagi din ng iba pang mga pages na may anonymous na post at anonymous pages. Sino po ba ang administrator ng PNP Police Community Relations Group na Facebook page?

REP. JALOSJOS. Ginoong Speaker, ating kagalang-galang na kasamahan sa Kongreso, nakadalawang memo na po ang ating Chief PNP at ang mga sites na ito po ay ipinababa na po, tanggal na po at two memos have already

been ano—kung ipagpapatuloy pa rin po nila ay magfa-file na po ng kaso sa kanila.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, dapat po may managot hinggil dito sa mga pagpapakalat ng mga fabricated statements dahil hindi po biro ang naranasan natin na pag-aakusa nang walang batayan, nang dahil sa peke naman na pahayag na ipinakalat mismo ng PNP Police Community Relations Group. Kaya hindi po tayo makakapayag na basta na lamang ito burahin nang walang pananagutan. Maaari po ba nating malaman, saan po ba naka-post, ano po ba ang polisiya ng PNP pagdating sa paggamit ng social media?

REP. JALOSJOS. Sa unang tanong ninyo po tungkol doon sa kung hindi pababayaan ng PNP, hindi lang basta tatanggalin ang site, mayroon pong formal investigation po ang ginagawa as of today. Isa po ang actual na nai-file na. Ang iba pa po is under investigation, ongoing po dahil po ang iba po kasing mga local, municipal PNP station po mismo ang naglagay ng site, kaya po pinag-aaralan po ngayon at iniimbestigahan po kung sino. Ang polisiya naman po, sa pangalawang tanong n'yo po, the PNP has taken steps to monitor and manage social media postings to avoid any form of violation online recently. A social media policy was crafted and approved on May 20, 2020, entitled: "Guidelines and Procedures on Social Media Content, Post and Engagement Utilizing Official Social Media Accounts and Individual Accounts of PNP Personnel." Upon its approval, it is being echoed to all offices and units, reiterating their observance and compliance to the policy to include action taken on the monitoring of the official account.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, ibig sabihin po, bago mag-May 20, wala pang guidelines ang PNP sa paggamit ng social media?

REP. JALOSJOS. Mayroon po, in-enhance lang po iyong guidelines, ni-reiterate lang po. Ang guidelines po niyan is, ang reference po is utilizing social media accounts, individual accounts of the PNP personnel—(a) Republic Act No. 10173 known as the "Data Privacy

Act of 2012” and R.A. No. 10175 known as the “Cybercrime Prevention Act.” We can give you a copy of the earlier memorandum circular regarding social media accounts of individuals or of PNP personnel and also the new guidelines of the PNP on social media po.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, sa ilalim ng naturang guidelines, ano ang pananagutan ng isang Facebook page ng kapulisan na nagpapakalat ng nakapapanganib at nakapapahamak na mga posts?

REP. JALOSJOS. “Any PNP personnel who violates any of the general guidelines of this MC shall be charged with less grave neglect of duty. However, if the act committed also constitutes a violation of law, he or she shall be charged for such an act depending on the duration of the imposable penalty in relation to NMC No. 2016-002,” and the Cybercrime Law.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, I just checked now on social media, sa Facebook, itong page ng Police Community Affairs and Development Group, ay nandito pa rin po at hindi naman po tine-take down. Ito po iyong may “#PULISerbis.” Ito po iyong nagpapakalat ng fake na statement, fabricated statement na lubos na nakapagpahamak at naglagay ng panganib sa Representasyon na ito at hindi po totoo na ito ay nabura na. Baka po nabura iyong certain post pero malaya pa rin po na nakakapag-share itong naturang page. At ito po ay may 218,000 na likes kaya hindi po biro ang impluwensiya, ang bigat ng naaabot ng page na ito na nagpapakalat po ng false allegations at ng mga fabricated statements. Kaya aasahan po ng Representasyon na ito ang commitment din ng Sponsor, na tayo po ay makakasingil ng pananagutan hinggil sa pagpapakalat po ng mga peke na pahayag at hindi po maaari na mag-act with impunity itong mga pages na ito dahil marami rin, anonymous ho talaga ang author at walang nakasaad na administrators. Ngayon, Ginoong Speaker, nabanggit kanina na P30,000 ang ginugugol ng NYC para sa social media posts. Sa PNP po, magkano po ang kanilang ginugugol para sa social media posting?

REP. JALOSJOS. None. Sa current budget and the 2021 Budget, wala pong nakalaan for social media. It is all embedded in the MOOE po.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, saan po kumukuha ng mga ipino-post ang mga municipal stations at ang mga Facebook pages na ito? Kasi sa amin pong pagtatala, pare-pareho po iyong kanilang mga ipino-post, lalo na iyong may kinalaman sa nakapampapahamak na terrorist-tagging. Saan, sino po ang gumagawa ng mga content na ito? Ano pong opisina ng PNP?

REP. JALOSJOS. That is under investigation po. If you can give the exact site so that our Chief PNP will be properly guided kung saan po ninyo po nakita because malaki po ang web po, ang Internet natin po is unlimited po, so if ever po mayroon tayong tinutukoy, pakibigyan na lang po kami ng hint. Pero po iyong alam po ng PNP ay under investigation na po ngayon.

REP. ELAGO. Ginoong Speaker, mayroon po kami dito na daan-daan na mga posts na hindi lang po tungkol sa Representasyon na ito pero maski ang aming pamilya at lahat po ng mga iba’t ibang mga organisasyon, mga personalidad na nagpapahayag ng kanilang mga saloobin o mga hinaing ay nagiging target at nagiging subject po ng mga fake news at false viral claims. Kung sa Kongreso po, naging subject din ng false viral claims ang mga Kongresista na bumoboto ng tutol sa mga bills ng administration. Kaya lubos po tayong nababahala sa role na ito ng PNP pagdating sa demokratikong mga proseso sa ating bayan at pagtitiyak ng proteksyon sa mandato ng mga Representante ng mamamayan para bigyan ng boses ang mga panawagan ng kanilang mga constituents. Kaya tiyak ko po, Ginoong Speaker, na ito ay muli ring bibigyang-pansin ng mga susunod na interpellators at muli tayo ay hindi titigil na mag-demand ng accountability sa lahat ng posts na ito. Kailangan ang immediate na takedown. Hanggang ngayon andiyan pa rin po ang mga posts at kinakailangan po ng accountability ng lahat ng involved dito, lalong-lalo na iyong

mga creators po ng mapanganib na content ng mga pages na ito. Maraming salamat, Ginoong Speaker. Maraming salamat, Mr. Sponsor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming salamat po. Majority Leader.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, the next House Member to interpellate is the Hon. Ace Barbers from the Second District of Surigao del Norte.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from the Second District of Surigao del Norte, Hon. Ace "Alas" Barbers, is recognized to interpellate the good Sponsor.

REP. BARBERS. Thank you, Mr. Speaker. Thank you, Majority Leader.

I really appreciate the scheduling of my time to interpellate the distinguished Gentleman from Zamboanga because I really wanted to, first and foremost, greet our DILG family, headed by the good Secretary, a good evening and few more minutes from now, it will become good morning, so uunahan ko na, Mr. Speaker, distinguished Gentleman.

May I know if the distinguished Gentleman would be willing to accede to some clarificatory points or questions from this Representation?

REP. JALOSJOS. Certainly, Mr. Speaker, especially coming from an idol.

REP. BARBERS. Maraming salamat, iyon po ang idol natin, iyong nakaupo po doon bilang Deputy Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Mas lalo po kayo, kahit ng mga nasa business sector.

REP. BARBERS. Mutual admiration club pala ito.

Anyway, hindi ko na po hahabaan, I would have asked a lot of questions, policy questions, but there are just a few which I would pursue as the rest have already been asked by some of

our colleagues in their time, during the time that they interpellated. So, ang tanong ko lang po, unang-una, ano pong provision doon sa Bayanihan 1 Law na kung saan ay nagbibigay ng assistance sa lahat po ng mga LGU? Is the distinguished Sponsor, Mr. Speaker, familiar with that provision of the Bayanihan Law?

REP. JALOSJOS. That provision, I have to check on our resources. The DILG, Bayanihan Act One is to give a one-month IRA to each LGU and one-half to the provinces po.

REP. BARBERS. So, they were authorized – to just put it clearly, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, the law authorized the local government units to spend on all COVID mitigating strategies. Is that correct?

REP. JALOSJOS. Yes, Mr. Speaker, yes, my dear colleague.

REP. BARBERS. So, sa madaling sabi po, sila po ay gumastos, ang mga LGUs, ang mga probinsiya, ang mga mayors ay gumastos po using iyong kanilang budget because this was allowed under the Bayanihan Law para gamitin sa mga COVID response expenses, 'di ba po, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, opo.

REP. BARBERS. Okay, so now that they have spent the money intended sana for other purposes within the purview of the expenses by a local government unit at ito ay inilagay nila diyan sa COVID response, isa ho doon sa provision sa Bayanihan Law, as far as I can recall, but the distinguished Sponsor can correct me if I am wrong, hindi po ba dapat ay mayroong liquidation noong expenses?

REP. JALOSJOS. Dapat ho mayroon po.

REP. BARBERS. And dahil po na-extend itong ating mga quarantine at itong pagtugon sa problema ng COVID ay every month, doon sa IRA ng mga LGUs ay gumagastos sila. Is that correct, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. Opo.

REP. BARBERS. So, masasabi natin na ang mga local government units, bilang frontliner din, have enough capacity and capability to be able to respond to a COVID-mitigating program. And in this case, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, natse-check ho ba natin na ang—is there a mechanism, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, na natse-check natin ang mga expenses nitong mga LGUs?

REP. JALOSJOS. May liquidation po kasi po may additional na one month nga po na ibinigay ang ...

REP. BARBERS. Okay. For instance lang, example lang po, an LGU bought PPEs at ang idineklara ho niya doon sa kaniyang expenses ay ginastusan niya iyong isang pirasong PPE nang P5,000. Iyan po ba ay tama?

REP. JALOSJOS. Depende po kasi dumadaan po lahat ng expenditure po sa daanan natin po, traditional expenditure program or ...

REP. BARBERS. Yes, I agree, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, pero ang akin pong tanong ay papaano ho mamonitor at mako-control at mare-regulate iyong paggastos ng pondo ng ating mga LGU officials sa mga sinasabi nilang ginastos nila para sa COVID response? Halimbawa, iyong Quezon City, bumili ng isang PPE na nagkakahalaga ng P5,000, bumili naman ang lungsod ng Maynila ng PPE din of the same quality, the same number, the same color, the same specifications, but they spent P7,000. Wala po ba tayong ceiling, wala po ba tayong regulasyon diyan, Mr. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. Lahat po kasi ito, ng ginagastos po, is under COA audit po.

REP. BARBERS. I agree. I absolutely agree with the distinguished Sponsor that this will all be subject to all government auditing rules pagkatapos, kaya lang nagastos na e. Ang punto ko lamang, Mr. Speaker, distinguished

Sponsor, ay kung nagastos na, kahit sabihin pa nating in-audit iyan ng COA and COA finally decides that disallowed iyan, ay nagastos na po ang pera ng taumbayan. Ang punto ko lamang po, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, siguro dapat in monitoring the expenses of the LGU with respect to expenses or expenditures relative to the COVID response, siguro dapat mayroon hong, ano ba ang tawag doon? Iyon parang may guidelines, iyon ho ang gusto kong malaman kung mayroong tayong guidelines.

Kasi, let me just be specific, in the city of Surigao which belongs to my district, apparently, iyong mayor ay namigay daw ng mga relief goods when the time that the lockdown or the quarantine was implemented at itong mga relief goods na ito ay, apparently, I may be wrong, cost P3,000 per bag. Sabi ko, aba, medyo may kamahalan siguro iyon, ano? Kung ang perang ito ay walang kontrol sa paggastos, hindi ba, any local chief executive can just say, I spent P5,000 on relief goods which I distributed to Barangay A, Barangay B and Barangay C. So, this Representation, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, knows that may mga local chief executives na inaabuso itong paggastos ng kanilang certain percentage of the IRA, 'no, for COVID response. I am sure you are all aware of that. In fact, there were already, I think, cases, if I am not mistaken, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, that were filed against some local chief executives. Tama po ba ako?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, tama po kayo. I agree po na during this time of uncertainty, marami po rin na minsan nagsasamantala sa sitwasyon. Rest assured po ang mga price po at kung mayroon po talagang violation na ginawa, ang DILG po, kasama po ang inyong Secretary, ay hindi pababayaang, iimbestigahan po niya ang pangyayari. Kung mayroon po kayong alam, puwede ninyo pong ipadala sa amin ang inyong reklamo. Kailangan lang po may reklamo para po maipakita naman po ng ating Secretary na hindi niya hinahayaan po ang pang-aabuso po sa paggamit ng pondo ng bayan.

REP. BARBERS. Maraming salamat, Mr. Speaker, distinguished Sponsor. Malaki naman po ang aking tiwala sa Kalihim, sa Secretary ng DILG, sa kaniyang unquestionable integrity and credibility dahil isa ho si Secretary Año na inaasahan at binibigyan ng full trust and confidence at kumpiyansa ng ating Pangulo. So, I am sure that if reports will reach his office with respect to some violations committed by the local chief executives ay hindi po uupuan ng ating Secretary iyan at iyan po ang isang nakakapagbigay ng kumpiyansa sa Representasyong ito because alam ko na hindi makakalusot iyong mga ganyang palusot na mga magagaling lumusot na mga local chief executives. But, you know, I will not belabor that point anymore, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, dahil nga aabutin na ho ng good morning. Isang tanong lang ho, can you please educate me, pardon my ignorance, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, can you educate me as to—ano ho ba'ng nangyari ngayon doon sa kampanya ng constitutional change being headed by the DILG?

REP. JALOSJOS. As of today po, naka-hold po ngayon ang constitutional amendment na programa ng DILG kasi po naka-focus po tayo sa COVID, sa ating recovery po.

REP. BARBERS. Okay. Salamat sa impormasyon, Mr. Speaker, distinguished Sponsor. Kaya ko po naitanong iyan because I was consulted by the municipal mayors in my district with respect to the core where I know Usec. Jonathan Malaya, a fraternity brother of mine, is in charge. So, the reason why I wanted to ask for an update on this particular strategy or this particular activity because ako po ay isa sa mga sumusuporta niyan. In fact, I have been advocating for charter change since I became a Member of this Congress in the Eleventh, Twelfth, and Thirteenth Congresses in the past, Mr. Speaker, distinguished Sponsor. So, maraming salamat po sa impormasyon na iyan.

Moving on to another topic, doon ho sa usapin ng contact tracers, kanina ho naitanong ni Cong. Kit Belmonte at nasagot naman po nang tama at maayos ang kaniyang mga katanungan. Gusto ko lamang pong dagdagan

ng konting tanong, 'no. I do not know if I heard it right earlier, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, iyong sagot na kung saan naitanong kung may training ba itong mga contact tracers. I do not know, ang pagkakarinig ko, correct me if I am wrong, ang sinabi ninyo ay wala. Is that correct? Is that accurate?

REP. JALOSJOS. Hindi po iyong contact tracers. Ang wala pong training, ano po, are the barangay officials and barangay health workers. Ang contact tracing team na 50,000 sa buong bansa natin ay may training po, either by LGA or by Zoom.

REP. BARBERS. Okay. So, sa madaling salita, meron po palang training. So, para alam ho nila kung ano ang gagawin nila, kasi mahirap iyong isasabak sila sa giyera na hindi nila naiintindihan. Unang-una, hindi natin nakikita iyong kalaban natin, hindi pa rin natin alam kung anong gagawin natin in the event that we discover or we get information na meron palang isang—mayroong positive. So, kung merong training, ang sunod kong katanungan, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, ay sino hong mamimili noong mga 50,000 tracers or contact tracers? Sino pong may authority to choose the contact tracers?

REP. JALOSJOS. DILG rin po.

REP. BARBERS. Mr. Speaker, distinguished Sponsor, are we referring to the DILG Office of the Secretary?

REP. JALOSJOS. Regional Directors and Provincial Directors, because localized po tayo, down to the municipal level, may certain allocation po each region, each province, based po sa population, at may qualification po, dalawang qualification, isa po ang medical at criminology. At meron po tayong selection board din.

REP. BARBERS. Okay. Thank you, Mr. Speaker, distinguished Sponsor.

Again for my education, distinguished Sponsor, iyon bang pipiliin natin na mga contact tracers, gaya po ng nasagot ninyo, ang pipili ay Regional Directors ng DILG. Tama po ba?

REP. JALOSJOS. Through a selection board process po. There is a selection board.

REP. BARBERS. So, each region will constitute.

REP. JALOSJOS. Each province din po.

REP. BARBERS. So, ano ba ang mamimili, ang province o ang region?

REP. JALOSJOS. Decentralized po sa province.

REP. BARBERS. So in other words, the answer to my question of who is in charge of choosing the contact tracers is the province. Is that accurate?

REP. JALOSJOS. Yes, Your Honor, the selection board of the province will decide who will be hired as contact tracers.

REP. BARBERS. And the selection board will be composed of who?

REP. JALOSJOS. The regular selection board po of the provincial level because in every provincial office of the DILG, there is a selection board na embedded na po. So, hindi po ang elected officials, kung hindi po ang DILG selection board na embedded na po sa provincial offices.

REP. BARBERS. Okay. So, salamat po sa inyong sagot.

Let me be parochial just for this particular issue, Mr. Speaker, distinguished Sponsor.

Halimbawa po ay ang may awtoridad o ang in charge sa pagpili ay ang provincial government. Nagkataon po na si Congressman at ang provincial governor ay hindi magkaalyado, hindi magkakampi at more often than not, iyong ganitong power to choose people who are contact tracers, that could be potentially abused by local chief executives. Kaya nga po, ano ba iyong – kung wala kayong sistema, siguro it is high time that the DILG come up with a system as to who will choose. What are the criteria in choosing these particular contact tracers?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, ang magtsu-choose po talaga ay ang DILG provincial office, not the provincial government. There is no elected official that can choose who will be hired.

REP. BARBERS. That is the best answer that I ever heard tonight, Mr. Speaker, distinguished Sponsor.

You know why? Because we do not want any activity related to the COVID response to be politicized. In other words, kung maaari, insulated from politics iyan. Because if you are giving power to one or two of those people to choose kung sino iyong contact tracers, then that is going to be a big problem because mapupulitika lang ho iyan. For all we know, pagka napulitika iyan, kahit ako walang COVID, dahil kalaban ko iyong contact tracer, sasabihin na-COVID ako. So, those are just points that I would like to raise so that the DILG will be aware. I am sure you are pretty much aware of the situation in politics all over the country.

So ito, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, I will not let this night pass without, first of all, congratulating the Drug Enforcement Group of the Philippine National Police. Ito pong DEG, in coordination with PDEA, ay napakaganda ng kanilang accomplishments. In fact, these accomplishments, as I am aware of, are accomplishments that are unprecedented. May I know if my information is correct as to the number of arrests or apprehensions made by the Philippine National Police on the anti-illegal drug campaign, Mr. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. The present PNP directive po ngayon is to not only focus on the small barangay level but now, they are introducing the high-value targets. In fact, in the recent activities of the PNP, they garnered more per gram of illegal drugs although a lower number of arrests because the targets now are the high-value targets na po.

REP. BARBERS. Thank you, Mr. Speaker, for that information, distinguished Sponsor, and I think that particular information you shared is an information na dapat siguro

ma-highlight, ano, na itong accomplishment na ito ng PNP-DEG should be highlighted in terms of letting the public know na ang apprehensions ngayon ay hindi na iyong ordinary street peddlers kundi iyong mga high-value targets identified by the Philippine National Police. Kaya napakagandang accomplishment iyan na hindi dapat nating hindi ina-announce.

So, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, doon ho sa aming lugar sa Siargao Island, mayroon hong na-discover na lumulutang-lutang na mga cocaine. I think it happened, if I am not mistaken, in 2019, and no less than the regional director, then Regional Director of the Philippine National Police in Caraga was the one who attended to it. I just wanted to be updated as to ano ho bang information that the Philippine National Police gathered as to saan ho galing iyon? Pangalawa, sino ho iyong recipient dapat noon? Pangatlo, ay marami pa sigurong sumunod because as far as I can recall, tatlong beses po nagkaroon ng floating cocaine doon sa aming probinsiya, doon mismo sa isla ng Siargao. Siargao is now becoming famous doon sa mga surfers and a lot of tourists come to Siargao, foreign and domestic tourists. So, siguro nakita na viable iyong merkado ng ilegal na droga doon kaya siguro mayroong ganyan.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, there were actual molecular testings that mayroong kaparehas na galing sa Australia. Meaning to say, hindi pa natin malaman kung totoong galing Australia but mayroong katulad sa Australia iyong drugs na nakita dito sa Pilipinas, but it does not mean na galing pong Australia. It only means that international po ang syndicate po na nagbagsak po niyan dito sa atin.

REP. BARBERS. Iyan po bang drogang iyan ay ibinagsak para sa mga Filipino consumers?

REP. JALOSJOS. As of today po, hindi po natin pa — under investigation pa po.

REP. BARBERS. Okay. The reason I wanted to get an update on that is because the area, before COVID happened, the pandemic

happened, the Island of Siargao has been frequently visited by a lot of tourists from all over the world and a lot of tourists as well from the different regions in the country. So, ayaw po namin na mabahiran ng negatibong issue itong aming probinsiya dahil dito ho kumukuha ng pangkabuhayan ang amin pong mga kababayan sa aming probinsiya. So, I do hope that this Representation will be updated as far as the status of this issue is concerned.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Good morning.

REP. BARBERS. Good morning. And since it is already good morning, Mr. Speaker, distinguished colleague, on my last point, the DILG is tasked to ensure peace and order. Incidentally, in relation to my concern, both the local government function and the police power of the agency are considered inseparably involved. Ibig sabihin, hindi po mapapaghiwalay iyong usapin tungkol sa peace and order. Am I correct, Mr. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. I do agree with the good Gentleman.

REP. BARBERS. Okay. Maganda ho ang performance ng ating Philippine National Police doon sa usapin ng droga. Let me ask you, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, papaano naman po iyong usapin tungkol sa illegal gambling? Do we have statistics on illegal gambling, Mr. Speaker, distinguished colleague?

REP. JALOSJOS. Yes, we do. Well, Mr. Speaker, our good colleague, dear colleague, we do have operations under illegal gambling by the PNP, with a total of 29,410 arrested and a total amount confiscated of P9,219,031.18 po.

REP. BARBERS. And these statistics are statistics of the illegal numbers game? Is that accurate, Mr. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. In total, illegal gambling...

REP. BARBERS. Total, so ...

REP. JALOSJOS. ... including illegal numbers game.

REP. BARBERS. So, kasama ho diyan iyong jueteng, masiao, Last Two at iba pa. Mayroon po ba kayong ibang maidadagdag diyan, Mr. Speaker, distinguished Sponsor na considered to be illegal gambling?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, distinguished Gentleman, this is the current report, covering January 1 to June 30, 2020, for illegal gambling activities.

REP. BARBERS. Mr. Speaker, ano po ba iyong mga illegal gambling?

REP. JALOSJOS. Medyo mababa po ngayon ang illegal gambling because of the pandemic, medyo nagtatago po lahat at wala pong pera.

REP. BARBERS. Pero ano po ba iyong mga sugal na masasabi nating ilegal?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Please wind up.

REP. JALOSJOS. Illegal gambling is gambling that is not authorized by the PCSO po.

REP. BARBERS. Okay. So, salamat po, Mr. Speaker, distinguished Sponsor. This Representation, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, was informed that there are a lot of illegal betting sites of the e-sabong. Are you familiar with that, Mr. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. Yes, Mr. Speaker, dear colleague, yes, I am aware of the e-sabong.

REP. BARBERS. Does this e-sabong have a legal basis to operate, Mr. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. As per our records and findings, there is none.

REP. BARBERS. Since there is none, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, what is the Philippine National Police doing with the e-sabong? May I be informed, Mr. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. JALOSJOS. Currently, right now, it is under investigation and as an ongoing illegal activity, it is to be considered also as one of the primary cybercrimes ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The time has expired.

REP. BARBERS. I will just wrap up, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Okay.

REP. JALOSJOS. Under Cybercrime Law, that is one of the violations that the PNP is looking into, ...

REP. BARBERS. Yes, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. ... the e-sabong.

REP. BARBERS. This is very important, Mr. Speaker, kasi po iyong e-sabong ay namamayagpag ngayon sa atin sa—in fact, in all of social media platforms, marami pong e-sabong. Kahit po doon sa aking lugar, marami po akong constituents na tumataya ho dito. So, my point being, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, since there is no law authorizing the operation of this kind of gambling which is e-sabong, therefore, this is illegal and if this is illegal, maybe it is just but right for the Philippine National Police to close them down. Marami pong illegal betting stations, Mr. Speaker, at apparently, I was also told na marami rin hong tumataya, hindi lamang ho lokal na Pilipino kundi marami rin hong tumataya from abroad. But how can the ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Honorable Barbers, ...

REP. BARBERS. ... local government unit...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). ... please.

REP. BARBERS. Yes, Mr. Speaker, last na po ito. I just wanted to clear this issue because this is a major illegal gambling issue today. And if this is illegal, and there are no taxes being paid to the national government, then, we are losing a lot of money, we are losing a lot of revenue and income. Kaya po naitatanong ko na siguro the good Secretary and the Chief PNP will probably start raiding or if not, closing down all these betting stations.

Mayroon pa, ang information po namin, iyong modes of payment nila, na iyong mga taya ho na galing sa abroad ay gumagamit ng WeChat Pay and PayMaya, which is an indication na hindi lamang ho Pilipino ang tumataya rito or maaaring hindi sila Pilipino...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). With all due respect to my colleagues in the Nacionalista Party, the three of us came from that party, please, your time has expired.

REP. BARBERS. Let me just get a commitment from the Philippine National Police and the good Secretary as to the campaign against this illegal e-sabong.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, the PNP and the Secretary will do that, especially if they can improve and enhance their cybercrime capability.

REP. BARBERS. Okay, maraming salamat po.

Mr. Speaker, dahil good morning na ho, hindi ko na po hahabaan, kagaya ho ng pangako ko kanina. So, maraming salamat, Mr. Speaker, distinguished Sponsor. And to the DILG family, maraming salamat po for your patience.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Thank you, Honorable Barbers. Majority Leader.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, may we recognize the Hon. Angelica Natasha Co of the BHW Party-List for her manifestation.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from the BHW Party-List, Hon. Angelica Natasha Co, is recognized for her manifestation.

REP. CO (A.). Magandang gabi po sa ating lahat, Mr. Speaker, ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Magandang umaga na po.

REP. CO (A.). ... Mr. Sponsor, gayundin sa ating butihing pinuno at kawani ng DILG, sa pangunguna ni Secretary Año.

Una po sa lahat, nais ko pong magpasalamat sa DILG sa maagap nitong pagtugon sa ilang mga kahilingan ng mga barangay health workers, lalong-lalo na po sa opisina ni Undersecretary Martin Diño at Undersecretary Jonathan Malaya. Ang una ko pong katanungan, actually po – sorry, ang una ko pong katanungan ay kung ano ang mga programang nakalaan para sa ating mga BHW sa ilalim ng DILG at sa harap ng COVID-19 pandemic?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, can you repeat the question?

REP. CO (A.). Ang katanungan ko po, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ay kung ano ang mga programang nakalaan para sa ating mga BHW sa ilalim ng DILG sa harap ng COVID-19 pandemic?

Mr. Speaker, Mr. Sponsor, I am actually asking this because it is a fact that our barangay health workers have been contributing greatly in our fight against COVID-19. For one, they are part of the Barangay Health Emergency Response Teams by virtue of the DILG's memorandum circular which was formed even long before this pandemic. Ibig sabihin po nito, Mr. Speaker, simula't sapul, ang atin pong mga BHWs ay laging gumagampan sa tungkulin bilang mga health frontliners sa harap ng public or health emergencies. Noon pa man o ngayon, marami pong dumaaan, whether it is an infectious disease or a noncommunicable disease gaya po ng dengue, SARS, TB, at ngayon nga po ang COVID-19, umulan, bumagyo, El Niño man o lindol, sa

harap po ng mga sakunang ito ay nariyan po lagi ang ating mga BHWs. Sa puntong ito po, Mr. Speaker, distinguished colleague, nais ko pong umapila sa DILG na tiyakin ang kapakanan at pangangailangan ng ating mga BHWs. Kung tutuusin, ang kanilang hinihiling, Mr. Speaker, ay ang suporta. Hindi naman mapupunta po sa pansariling kapakanan ng mga BHWs kung 'di upang mapag-ibayo at mapaghusay pa nila ang kanilang mga sarili para po sa serbisyo.

Sa akin pong patuloy na pag-iikot, ang kinakailangan po ng mga BHWs ay suporta: suporta sa PPE, mga basic na gamit tulad po ng stethoscope, BP and, of course, siguro under the DILG sa pagkakataong ito, hinihiling din po nila na mapagbigyan sila na magkaroon din ng uniporme, kahit po vest, dahil po minsan nagrereklamo na 'pag nagbabahay-bahay sila, hindi po kilala na sila po ay BHW, at saka po bisikleta para sa kanilang pag-iikot sa kanilang mga barangay, Mr. Speaker. Hinihiling po ng ating mga BHWs na sila ay ma-prioritize para po sa contact tracing program, bagay na praktikal lamang sapagkat ang mga BHW po ay may mga kasanayan na para sa gawaing iyan at sila ang sadyang lubog at pamilyar sa kanilang mga kabarangay. So, may I have a response from the DILG through the good Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, ating dear colleague, ang response po natin, opo, in fact, sinusuportahan po kayo sa inyong panukala na gawing institutionalized ang barangay health workers at i-amend ang Local Government Code nang maiparehas ang kanilang benepisyong sa isang barangay official. At ang isa naman po ay sa pagtutok o pagbibigay ng preparasyon sa mga ating kukuning contact tracer, e number one po sila sa tinitingnan po ng DILG na i-hire sa contact tracing sa bawat barangay o lungsod.

REP. CO (A.). I am very happy, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, for the positive response from the DILG. But let me just reiterate po, I hope mayroon din po silang iba pang mga benepisyong gaya po ng uniporme, kahit po vest man lang po doon po sa mga nagdyu-duty at nagbabahay-bahay, at saka po mga bisikleta

dahil kailangan po nila ito sa pag-iikot, lalo na po ngayong pandemic. So with that, Mr. Speaker, I hope that you would agree with me on this matter and let me go to my second question.

Ang akin pong pangalawang tanong, Mr. Speaker, ay may kinalaman naman sa pahayag ni Pangulong Duterte kamakailan lamang. Anya, palalakasin niya daw ang mga BHWs. Lubos pong nagpapasalamat ang Representasyong ito from the BHW Party-List dahil po ang BHW po sa buong kapuluan, sa pahayag na ito ng Pangulong Duterte, ay napakasaya. Ito po ay indikasyon ng pagpapahalaga sa susing papel na ginagampanan ng ating mga BHWs sa primary health care na naaayon sa Universal Health Care Act. Maaari po bang malaman mula sa DILG, through our distinguished Sponsor, kung ano-ano po ang mga kongkretong hakbang na ginagawa at gagawin ng DILG upang maisakatuparan ang pahayag na ito ng ating Pangulo?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, ang DILG po ay sumusuporta sa panukala ng ating Pangulo at naghahanap po sila ng karagdagang pondo para madagdagan ang benepisyong na maibibigay, hindi lang sa nasyonal, pati po sa mga lokal na pamahalaan po.

REP. CO (A.). Mr. Speaker, sa mahabang panahon po, kahabag-habag po talaga ang katayuan ng ating mga BHWs and I am pretty sure that all the Representatives here, lahat naman po ay may BHWs and you know na talagang kawawa ang ating mga BHWs. Nananatili pong hikahos ang mga BHWs at gayundin ang primary health care program o programang pangkalusugan sa mga pamayanan o barangay sa buong kapuluan. Sa ganang akin, Mr. Speaker, it is incumbent upon Congress now to revisit the law relative to health promotion and the plight of our BHWs at the local level. This Representation believes that our weak health system at the local level is due to the structural weakness, which requires immediate policy reforms. Time and again, Mr. Speaker, the BHWs are mistakenly considered as public

health workers as defined by the Magna Carta of Public Health Workers or R.A. No. 7305. BHWs have been considered and treated merely as volunteers for the longest time under the Local Government Code, thus they do not and cannot receive salaries nor the same benefits as may be contemplated under the said law.

Our BHWs do not even have security of tenure, Mr. Speaker. Madalas po pinupulitika ang katungkulan ng ating mga BHWs. Marami sa kanila ang matagal nang naninilbihan at tumanda na sa serbisyo nang wala man lang inaasahang matatag na suporta sa kanilang pagreretiro. Mr. Speaker, the volunteer status of our BHWs is not a reason at all to deny them of much needed benefits. To delay or deny them of their rights and welfare is tantamount to a grave injustice, and with this, our health programs at the community and barangay levels suffer severely and go down the drain because of structural and policy flaws.

Mr. Speaker, this predicament is something that the Executive Department and Congress must address. In this light, this Representation has filed H.B. No. 3985 since August 2019. This is entitled, "AN ACT STRENGTHENING AND INSTITUTIONALIZING THE BARANGAY PRIMARY HEALTH CARE PROGRAM, PROVIDING SECURITY OF TENURE, BENEFITS AND INCENTIVES TO BARANGAY HEALTH WORKERS, AND PROVIDING FUNDS THEREFOR."

I wish to entreat the support of the DILG on this proposed legislation, Your Honor, Mr. Speaker. May I know if the DILG would be willing to work with this Representation, Your Honor, in crafting critical policy reforms for our BHWs?

REP. JALOSJOS. Siyempre, Mr. Speaker, dear colleague. Siyempre po sang-ayon at tutulong po ang DILG at itong Representante ng Zamboanga del Norte ay hihingi pa po ng pabor sa inyo na puwede bang isama ninyo ako as coauthor diyan sa panukala ninyong iyan?

REP. CO (A.). Thank you very much for the positive response, Mr. Speaker, Mr. Sponsor. I have no other questions, and with that, I

want to end my interpellation. Thank you very much.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Thank you. Majority Leader.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, may we recognize the Hon. Sergio Dagooc of the APEC Party-List for his manifestation.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from the APEC Party-List, Hon. Sergio Dagooc, is recognized for his manifestation.

REP. DAGOOC. Hello? Hello?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). You may proceed, please.

REP. DAGOOC. Thank you, Mr. Speaker. Ginoong Sponsor, magandang umaga po.

REP. JALOSJOS. Magandang umaga din po.

REP. DAGOOC. Para mabilis lang po, I would like to inform that we have two existing laws that will address, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, the issues that were being raised during the interpellation on the budget of the Department of Energy and the ERC by our colleagues on system loss. Mayroon po tayong dalawang batas: Republic Act No. 7832, iyong Anti-Electricity Pilferage Act, at Republic Act No. 11361, iyong Anti-Power Lines Obstruction Act. Ang problema po diyan ay kung minsan hindi namin ma-apprehend iyong mga pilferers of electricity because of the lack of assistance from the PNP; hindi namin ma-clear iyong mga linya kung mag-resist iyong mga landowners, although it is allowed by law na i-clear siya. So, may I have the commitment, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, of the PNP to schedule, if possible, a meeting on Monday, virtually, to discuss the rules of engagement or memorandum of agreement on the assistance that we need during electricity pilferage apprehension and line clearing, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, yes po. Ang commitment po ng DILG ay it will partner with your group, starting po sa Monday, sa virtual meeting n'yo po. Rest assured that the DILG and the PNP are also concerned because it is a crime to steal and even if electricity cannot be seen, it is still a crime and our consumers are paying for their theft. So, rest assured, dear colleague, na makikipagtulungan po ang DILG at PNP sa inyo, especially sa meeting n'yo sa Monday.

REP. DAGOOC. That is all, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, for this Representation.

Maraming salamat po at magandang umaga po sa inyong lahat diyan, including Secretary Año and the DILG family.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming salamat po. Majority Leader.

REP. MACAPAGAL ARROYO. Mr. Speaker, next to interpellate is the honorable Deputy Speaker Eddie Villanueva.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The honorable Representative from the CIBAC Party-List, Deputy Speaker Eduardo "Bro. Eddie" Villanueva, is recognized.

REP. MACAPAGAL ARROYO. Mr. Speaker, he is not on Zoom. I would like to, for the record, after we texted him, make a second call for our distinguished Deputy Speaker "Bro. Eddie" Villanueva.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Deputy Speaker "Bro. Eddie" Villanueva, you are recognized.

REP. MACAPAGAL ARROYO. Mr. Speaker, since he is not on Zoom anymore, I would like to recognize from the Party-List ACT TEACHERS, the Hon. France Castro.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from the ACT TEACHERS Party-List, Hon. France Castro, is recognized.

REP. CASTRO (F.L.). Magandang umaga po sa ating lahat, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor, at siyempre po sa DILG.

REP. JALOSJOS. Magandang umaga po.

REP. CASTRO (F.L.). Mayroon po akong PowerPoint presentation, Mr. Speaker. Puwede po bang makiusap sa ating Secretariat na maipresinta ito?

Ito po iyong may kaugnayan din po sa mga tanong kanina ni Representative Sarah dahil ako po ay naniningil, Mr. Sponsor, sa ating PNP Chief regarding doon sa ni-raise ko doon sa briefing about iyong terrorist-tagging ng Makabayan bloc at iba pa pong mga lehitimong mga progresibong grupo na hiniling ko po na maimbestigahan at ma-take down itong mga post na ito. So, puwede po bang maipresinta, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang na ating kasamahan, puwedeng pakiulit lang po ang katanungan?

REP. CASTRO (F.L.). Ginoong Sponsor, mayroon po akong gustong ipakita sa inyo na mga posts ng mga PNP social media account para maipakita po sa ating Sponsor, sa Speaker, at siyempre sa DILG, at kay PNP Chief dahil nangako po sa akin ang PNP Chief, nangako po sa Representasyong ito na magbibigay ng ulat base doon sa imbestigasyon sa mga ni-raise po ng Representasyong ito na mga terrorist-tagging ng mga PNP social media na mga ano po, mga social media posts po, dahil sinabi po, na nag-commit naman na maite-take down kung sakali maiimbestigahan po ito at nakita ko po, hanggang ngayon ay nandoodon pa. So, halimbawa po, five days ago, tayo po ay nag-usap, Mr. Sponsor, Ginoong Speaker, September 10 po iyong briefing ng DILG, so mula po noong September 15 hanggang September 30, nag-monitor po tayo at nakita po natin na nandoodon pa rin iyong mga social media posts na kinu-question natin. Halimbawa po—so hindi na po ba maipapakita? So, anyway, halimbawa po, five days ago, iyong PNP-Ifugao, Aguinaldo, nakalagay po doon—at iyong mga ginamit ay iyong mga picture

namin, ng Makabayan bloc—“Teroristang NPA, nagbabalat-kayong aktibista.” So, iyon po, iyong PNP-Ifugao five days ago.

Ganoon din po iyong, Ifugao din po ito, PCAG Unit, nakalagay din po ito, one day, kahapon lang po ito, nakikita doon iyong picture ni Rep. Sarah Elago, okay, so nandodoon pa rin po ito: “Tigilan na ang pagre-recruit ng mga kabataan para maging terorista.” Iyan po. September 15, inulit po ulit ng PNP-Ifugao, iyong mga—ito po, iyong mga Makabayan bloc na nandidito pa rin po sa picture. So, kung maipapakita po sana ng ating Secretariat iyan po. Ipinabigay ko iyan kaninang umaga po. Okay, so, iyan po, ang dami pa po sa Dao MPS, September 2, nandidiyan pa rin; PMFC—ano ba ito—PMFC NOPPO, nandidiyan pa rin po, September 15. September 24, ayun po, iyong PMFC NCPO, PNP-Naga, (*Inaudible*) nandidiyan pa rin po iyong mga terrorist-tagging po sa Makabayan bloc. Surigao City Police, iyan January 27, nandidiyan pa rin po at saka January 9. Okay. So, puwede po bang malaman ang sagot ng Secretariat po o ng ating Speaker at hindi na po naipakita iyong aking presentasyon?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, I call on the Rules to act on the matter.

SUSPENSION OF SESSION

REP. JALOSJOS. May I ask for a one-minute suspension. Sir, may I ask for a one-minute suspension? (*Inaudible*) the Rules if it is allowed for a ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 12:30 a.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 12:34 a.m., the session was resumed with Rep. Anthony Peter “Onyx” D. Crisologo presiding.

THE PRESIDING OFFICER (Rep. Crisologo). The session is resumed. Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, may we allow our Sponsor and our distinguished colleague to continue with the interpellation.

THE PRESIDING OFFICER (Rep. Crisologo). The Chair recognizes Rep. France Castro to continue her interpellation.

REP. CASTRO (F.L.). Sige po. Thank you very much, Mr. Speaker.

So, iyon pong PowerPoint ko po, nagpapakita dito na basically, katulad ng sinabi ni Cong. Sarah kanina, na hindi pa talaga nate-take down. So ilang araw na po, September 10 noong nagkaroon po tayo ng briefing at iyong PNP ay nangako na mag-iimbestiga at narinig ko kaninang ongoing na ang investigation at isa lang iyong iniimbestigahan nila pero sangkatutak po na mga PNP, na mga social media posts na naririto po sa atin, na sayang lang po at hindi na naipakita. So, puwede po bang malaman sa ating PNP Chief, through our Sponsor, iyong kanilang dahilan bakit po hindi po tumupad sa commitment ang PNP Chief?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, isa lang po ang—marami po ang naimbestigahan pero isa pa lang po ang nai-file po nila.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Thank you, Mr. Sponsor.

Magbibigay po ako ng example—itung PNP-Ifugao, naimbestigahan po ba ito?

REP. JALOSJOS. Under investigation po siya at naglabas na po ng final memorandum ang ating Chief PNP sa mga complaints against the cybercrime po.

REP. CASTRO (F.L.). Ito po bang Dao MPS, inimbestigahan po ba ito, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor?

REP. JALOSJOS. Opo. Mr. Speaker, dear colleague, opo.

REP. CASTRO (F.L.). How about Surigao City Police?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, yes.

REP. CASTRO (F.L.). Naga, PNP-Naga CPS po? Nandidito po iyong sinasabi nating mga ilan sa mga kinu-question po natin na mga fake news, pagbabanta, pagpapahamak sa mga Makabayan bloc Representatives at iba pang mga lehitimong mga organisasyon. So, nabanggit ninyo kanina – puwede ko po bang malaman ang sagot, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Under investigation po lahat ng binanggit po natin at mayroon pa pong hindi pa po nababanggit, under investigation po.

REP. CASTRO (F.L.). So kung titingnan ninyo po, ang lahat po ng PNP, parang polisiya talaga ng PNP ang ganitong pagpapalabas sa kanilang mga social media platforms. Tama po ba ako na ito ay sa ngalan ng whole-of-nation approach at itong sinasabi nating Executive Order No. 70 ay naging policy na iyong magkaroon ng mga ganitong terror-tagging sa Makabayan bloc?

REP. JALOSJOS. It is not the policy of the PNP po, ...

REP. CASTRO (F.L.). Policy po ba?

REP. JALOSJOS. ... Mr. Speaker, dear colleague. Hindi po iyan ang polisiya po ng PNP. Rest assured po na iimbestigahan nila nang mabuti ang insidenteng nangyayari sa Internet na ito po.

REP. CASTRO (F.L.). Kailan? Hanggang kailan po iyong imbestigasyon kasi titingnan lang naman po lahat ng mga social media sites? Kasi ang bilis-bilis ninyo naman pong ano – ang dami pong mga pulis, ginagamit ang social media. So, ano po ba ang nag-iimbestiga dito, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor? Anong unit po ng PNP?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, alam – talagang mahirap po ang cybercrime dahil puwedeng ilagay, tanggalin,

hindi natin alam kung sino ang naglagay, puwedeng i-hack ang accounts kaya nga po kailangan natin na palakasin pa po ang cybercrime-fighting law – o ang capability po ng PNP, para po mas mabilis po nilang maaksyunan ito, at ang Cybercrime Law po. Sa ngayon po, kung kanina po nakinig tayo na wala po tayong budget para sa anti-cybercrime capability po ng PNP, pero sinisikap po ng ating Kagawaran ng PNP, kasama ng ating Chief PNP po na gawin ang makakaya niya na maimbestigahan at maparusahan ang mga taong lumabag sa batas.

REP. CASTRO (F.L.). So, salamat po, distinguished Sponsor.

With due respect, parang general – parang iyong sagot po ng ating taga-PNP ay general statements na lang po iyan kasi sila naman po talaga iyong nag-aano – malinaw po na sa mga nakikita natin, official Facebook account ito ng mga pulis sa iba't ibang mga lugar. Nabanggit ninyo dito iyong memorandum circular dated May 2020 regarding doon sa mga paggamit ng mga personnel ng PNP ng Facebook or social media. (*Inaudible*) memorandum, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. To guide the PNP personnel on the usage of media, social media.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, hawak-hawak ko po dito iyong kopya noong memorandum. Ang purpose po niyon ay tatlo. So, iyong una po, bukod po sa sinabi ninyo, to promote accountability and responsibility in information sharing using social media platform, so i-promote po iyong accountability and responsibility po noong pagshe-share ng ano mang mga information sa social media; number two, to encourage self-regulation and discipline in the use of social media accounts as public servants; pangatlo po, to provide a safer and more secure use of official PNP social media accounts and individual social media accounts. So, ito po ang malinaw na purpose nitong sinasabi ninyong memorandum circular. Ano po ba iyong guidelines para maipatupad ito, iyong mga purpose noong memorandum circular, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang na ating kasama sa Kongreso, ang guidelines po:

1. Ensure that all posts are not libelous, do not trigger cyber-bullying, and do not violate the Data Privacy Act and Intellectual Property Code of the Philippines;

2. Ensure that all posts shall not disclose confidential information detrimental to the safety of any individual;

3. Ensure that all posts shall not be inimical to the interest of the organization and to the national security;

4. Ensure that all posts shall not contain fake news, lewd materials, comments or rumors about someone that are mean, harmful and embarrassing;

5. Ensure that all posts shall not violate the rights of any individual;

6. Ensure that all posts pertaining to official press releases of the PNP or any post containing ideas that would affect the PNP as a whole or any of its units, shall observe due regard to protocols on chain of command for its approval;

7. PNP personnel are prohibited to post any grievance/complaints against the PNP if the subject of his/her grievance/complaints is covered by the PNP Grievance Machinery or Disciplinary Machinery; and to fully observe "exhaustion of administrative remedies principle";

8. Ensure avoidance of any reckless, pointless, defamatory expression of personnel reactions or emotions that may affect the institution; and

9. To observe PNP fundamental principles of social awareness that encourage PNP members and their immediate family members to actively get involved in religious, social and civil activities to enhance the image of organization without affecting their official duties even through online social media, and that would not be

detrimental to the doctrinal principle of the PNP organization.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Salamat po sa ating butihing Sponsor, doon sa guidelines. Nakikita po natin dito, malinaw po na una, dapat ay hindi po libelous; pangawala, hindi po ito detrimental, it is not safe – dapat safe po to any individuals at ensure the safety ng any individual. So, ito po iyong nakita natin na mga guidelines na ipinapatupad nitong MC na ito. So, nakikita n'yo po dito sa mga post na ito iyong mga libelous na mga materials na sinasabi po dito sa mga posts na ito. So, puwede po bang malaman, anong unit ng PNP iyong nagpapatupad nitong MC 2020 na ito, anong particular na unit ang nagtse-check po nitong mga ganito?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, Directorate for Police Community Relations.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, tama po, iyong directorate. So, katulad nga po ng nasabi ko kanina, mukhang naging policy po dahil hindi naman po tumugon iyong ating PNP Chief doon sa sinasabi nating report, hindi po siya nagbigay ng report kahit na sinasabi niyang mayroong isang inimbestigahan kaugnay nito. So, gusto lang nating i-reiterate itong mga ganitong mga pagre-red-tag, terror-tagging sa mga indibidwal – ang critics, mga oposisyon, mga nagpapahayag ng mga saloobin, complaints na gustong ipahayag sa ating gobyerno, hindi po masama ito, freedom of expression ito. In fact, noon nga pong nagkaroon ng findings ang Facebook Philippines regarding doon sa mga accounts, mga pages, profiles, dalawang networks po iyong tinatawag nilang o ang na-take down – 57 Facebook accounts, 31 pages and 20 Instagram accounts with links to military and police. The military- and police-linked network focused their inauthentic behavior on domestic politics and military activities against terrorism, the Anti-Terrorism Bill, criticism on communism, youth activities and opposition, the CPP, the NPA, and the National Democratic Front. So, kabilang po ang PNP na nagagamit itong Facebook doon

sa mga fake accounts na nagpapakalat ng mga fake news at mga hindi po talaga kaaya-aya at nakakapagpahamak na mga post sa mga indibidwal. So, ano po ba ang masasabi ng ating Sponsor dito kaugnay noong findings po ng Facebook at ano na po iyong ginagawa ng PNP kaugnay nito?

REP. JALOSJOS. Hindi naman po natin puwedeng ipagkait ang nakikita natin sa Facebook, ang pangyayari, kaya po ang PNP po ay iniimbestigahang mabuti at naglabas na po ng dalawang memorandum circular, at ngayon pong gabi, naglabas ng final warning sa mga PNP personnel at ahensiya ng PNP na patuloy na nagva-violate po ng direktiba po ng Chief PNP.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. So, ang ano po, kaugnay po niyan, iyon iyong mga fake accounts na patuloy po na ipinapakalat ng PNP po, ang Makabayan bloc po ay – anyway, dito sa findings ng Facebook na ito, nag-file na rin po ang Makabayan bloc ng House Resolution No. 1269, pushing for the probe into the use of social media by the AFP and PNP for red-tagging and demonizing progressive organizations and the possible use of public funds for these operations, dahil nakita naman natin sa findings ng Facebook, talagang mga warm bodies ng military at ng pulis ang gumagamit ng mga ganitong mga karumal-dumal na krimen sa Facebook, kaya po sana, dapat maimbestigahan at dapat maipakita iyong katotohanan. May masasabi po ba ang ating Sponsor, Ginoong Speaker, sa sinabi ko po?

REP. JALOSJOS. Ang report po, tama po kayo, na ang report po natin is, sa social media, sa FB, nagagamit, kaya nga po gusto sana po na palakasin po ang kakayahan ng PNP para makahuli or mapalakas ang paglaban niya sa cybercrime. At pangalawa po, seryoso po ang PNP na labanan pero mahirap po talaga dahil puwede mong i-post, puwede mong tanggalin, puwede mong i-repost at puwedeng i-hack, kaya nga hindi basta-basta kapag nakita mo na nasa site ng isang police station, sila na ang may kasalanan o sila na nag-post kasi baka na-hack po, mas marami pong hacker ngayon

po na may COVID pandemya na wala pong ginagawa sa mga bahay-bahay. So, ...

REP. CASTRO (F.L.). Salamat po, Ginoong Sponsor.

REP. JALOSJOS. ... rest assured po na ...

REP. CASTRO (F.L.). Siyempre po, 'no, kung sinsero po ang PNP sa kanilang mga sinasabi, dapat po mayroon silang isinabmit sa atin na report. But anyway, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, another ano po, 'no, memo, ito, another memo po noong September 18, 2020 from the Directorate for Police Community Relations. Ito po iyong guidelines – ah, Social Media Monitoring for Quarantine Violations. So again, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, paggamit na naman po ng social media para makita daw po iyong mga nagva-violate ng quarantine protocols, na hindi nagsusuot ng face mask, iyong mga nagva-violate doon sa IATF guidelines, walang face shield, mayroong social gathering at iba pa po, 'di ba? So, ang tanong ko lang po, 'no, mayroon po ba kayong guidelines dito? So, halimbawa po makakita at makapag-report po na mga social gatherings, basta-basta ba pong huhulihin na katulad ng ginawa natin doon sa mga nag-violate ng quarantine sa mga nakaraang panahon? Ano po ba iyong guidelines dito? Ito, kakaiba ito, using social media. Ano pong masasabi dito ng PNP through our Sponsor po?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, wala po tayong guidelines. Kung kanina po nasabi natin na wala nga pong enhanced capability po sa cybercrime po at wala pong pondo para sa paggamit po ng Internet, 'no, so definitely po, the PNP is relying on regular citizens para mag-report at magsabi sa kanila kung saan makikitang site ang mga violation. But regarding sa guidelines po, there are no guidelines being developed or have been released by the PNP Chief for the said violations.

REP. CASTRO (F.L.). Nabigla po ako diyan, Ginoong Speaker, Ginoong Sponsor. Mayroon kayong ganitong memo, Social Media Monitoring for Quarantine Violation,

September 18, 2020, bago lang ito, at nagtataka ako at nagugulat ako na wala kayong guidelines. So, paano ito ipatutupad ng ating PNP kung wala itong guidelines? Basta na lang ba kayong manghuhuli, basta na lang ba kayong—violation yata ito sa privacy, hindi ba, ng mga tao at malamang iyong human rights ng mga tao dito ay ma-violate din. Kung wala po kayong malinaw na guidelines kung paano niyo ipatutupad itong memo na ito, I suggest ibasura po itong guidelines na ito, Ginoong Speaker, distinguished Sponsor.

REP. JALOSJOS. Ang PNP is only guided ng local codes po, local government codes na ive-verify muna. Kung mayroon pong nag-report, ive-verify po, but hindi po gumawa ng guidelines po kasi po depende na po sa kaniya-kaniyang locality po kung ano po ang penalties, ang karampatang penalties sa mga violators po. Kaya po walang general code na ginawa dahil it depends on the locality po, LGUs, kung ano po ang kanilang kaparusahan sa mga violators sa lockdown.

REP. CASTRO (F.L.). So, iyon na nga po, 'no, Ginoong Sponsor, Ginoong Speaker, na talagang nagpapalabas kayo ng mga ganitong memo na walang malinaw na guidelines at incorporated sana iyong paano anuhin ano iyong karapatan ng ating mga mamamayan at ito ay iiwan ninyo na naman doon sa mga LGU iyong ano, 'no, iyong responsibilidad at iyong sinasabing guidelines doon sa LGU. So siguro, ano, dahil wala pa itong guidelines, dapat mayroon itong general guidelines mula man lang sa PNP kasi mayroon dito sa number 4, pertains to violation of quarantine rules such as social distancing, curfew hours, and non-wearing of mask. So, ibig sabihin po nito, gagamitin ninyo ang social media at iyong mamamayan na iyong bahalang magsumbong sa pulis. So, gagamitin ninyo pa iyong mga mamamayan na mag-"tsutsu" dito sa mga pulis, mga LGU para ituro iyong kanilang mga kabarangay. So, delikado po ito, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor.

So kung ako po ay magsa-suggest, dahil meron na rin po namang sinusunod na mga guidelines sa mga LGU in terms of curfew, iyong pagsusuot ng mask, et cetera ay puwede

na itong ibasura ng ating PNP. Ano po iyong masasabi nang ating Sponsor dito?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang nating kasamahan, susubukan po natin, ang kagawaran ng PNP, susubukang gumawa ng guidelines. Pero po kasi medyo mahirap po kasi iba-iba po ang local laws na para sa mga violators po natin sa lockdown sa pag-implement po. Katulad po ng curfew, iba-iba po ang iniimplemento po ng kaniya-kaniyang—sa NCR pa lang po iba-iba na pong oras ang kanilang curfew at pati ang kaparusahan po. So, susubukan po ng pamunuan ng PNP na magawan ng guidelines, maging flexible enough para maka-absorb kung ano ang local laws. Iyan po ang puwedeng gawin ng ating PNP.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you, Ginoong Sponsor.

Iyon pong kakaiba dito, iyong paggamit ng social media. So halimbawa po nag-post iyong isang tao noong mga gatherings, halimbawa kung merong gatherings, at nai-report ito ng isang mamamayan din, so iyon, wala iyong guidelines kung ano ang gagawin doon. Ano ba ito, papasukin ninyo iyong bahay, titingnan ninyo iyong tao doon sa post niya? Kasi ganyan din po iyong ginawa ninyo, ginamit ninyo iyong social media para hulihin din iyong mga nag-post ng, halimbawa, may nag-complain tungkol doon sa mga ayuda, nagko-complain po tungkol doon sa problema nila doon sa walang makain, na wala nang kung ano-ano pa, so madali na ginawa ninyo iyong pag-aresto sa mga taong ito. So, ito lang po, Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, reminder lang po doon sa ating mga kapulisan, sa ating PNP na igalang po natin iyong karapatan ng ating mga mamamayan sa kaniyang privacy, iyong karapatan niya sa pagpapahayag at dahil din po sinasabi ninyo na dapat igalang din iyong karapatan ninyo sa pagpapahayag. So, iyon lang po, Mr. Speaker at Ginoong Sponsor. Marami pong salamat.

At this juncture, Representative Crisolago relinquished the Chair to Deputy Speaker Raneo "Ranie" E. Abu.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Marami pong salamat. Majority Leader.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we recognize for his chance to interpellate, the Gentleman from the Third District of Cebu, Deputy Speaker Pablo John Garcia.

Mr. Speaker, it would seem that Deputy Speaker Garcia is not online. I shall move that we recognize Rep. Ferdinand Gaité of the Party-List BAYAN MUNA for his chance to interpellate the Sponsor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from the BAYANMUNA Party-List, Hon. Ferdinand Gaité, is recognized.

REP. GAITE. Thank you, Mr. Speaker.

May ilang katanungan lang po ako sa budget ng DILG kung pahihintulutan ng ating kapita-pitagang Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Maaari po, ikagagalak ko po na sagutin ang mga katanungan.

REP. GAITE. Maraming salamat po.

Magandang umaga muna sa ating lahat. At may mga ilang questions lang ako hinggil sa usapin ng DILG, ngunit bago ko po ipagpatuloy, tulad ng nabanggit ng una nating nag-interpellate, si Cong. France Castro, ipinapaalala muli natin sa PNP, sa kanilang mga ipino-post sa social media, na mismo ang internal guidelines nila ang kanilang vina-violate. At gaya ng nabanggit nga ni Cong. France Castro, ang Kinatawang ito ay kasama rin doon sa na ni-red-tag o tinerorist-tag ng mga iba't ibang opisina ng PNP.

Patungkol po rin sa DILG, patungkol naman sa kalagayan ng ating mga persons deprived of liberty o PDLs, isa sa mga ahensiya sa ilalim ng DILG ang BJMP, ngunit ang kalagayan ngayon, lalo na sa panahon ng pandemya, ay naglalagay sa kanila sa matinding panganib. Ayon sa World Prison Brief ng University of London, Birkbeck, ang Pilipinas daw ang ikalawa sa buong daigdig na may mataas na occupancy level by more than 500 percent based on official capacity. Kasama na rito iyong National Bilibid Prison

na nasa ilalim ng Department of Justice. Ang total population ng PDLs ay 130,667 as of December 31, 2019, exceeding iyong total capacity of – ang capacity lang ay 24,306. Kaya itong sinasabing variance ay napakalayo, talagang siksikan na talaga sa mga kulungan. This is despite the fact that in Rule 10 of the United Nations Standard Minimum Rules for the Treatment of Prisoners, dapat daw ay: “All accommodation provided for the use of prisons and in particular all sleeping accommodation shall meet all requirements of health, due regard being paid to climatic conditions and particularly to cubic content of air, minimum floor space, lighting, heating and ventilation.”

Maraming jails nagko-comprise ng district jails, city jails, municipal jails, at iba pa na nasa ilalim ng BJMP. Pero tulad sa nabanggit, napakataas ng congestion rate. Dito sa data nga, 438 percent in excess of the capacity of the current jail population. On the other hand, sabi rin dito, may mga iba't ibang moda naman ng pag-release. Dahil congested nga ang ating mga kulungan, may mga paraan para i-decongest tulad noong Recognizance Act of 2012, granting the release on recognizance which aims to, one, guarantee the appearance of the accused before any court when so required; two, prevent the undue incarceration of an accused who may be released after trial unless proven guilty; and three, protect the people and the peace of the community which may be disturbed upon the temporary release of the accused.

So, sa ganitong sitwasyon, kahit ang Kamara de Representantes ay naglabas din ng kaniyang rekomendasyon for the temporary release on bail of low-level offenders as well as the sick elderly prisoners and especially now because of the coronavirus pandemic which further threatens our country. So, marami rin na mga iba't ibang organisasyon na nanawagan na rin ng prisoner release: UN, Human Rights Watch, Karapatan, Kapatid, United Nations Committee Against Torture. Other countries, because of the COVID-19, have followed suit: Afghanistan, Indonesia, Iran and the United Kingdom, and yet, the OSG made a position opposing the plea of inmates seeking temporary release dahil tinitake advantage daw ng, again, mga komunista

ang pagkakaroon ng temporary liberty ng mga nakakulong.

Isa pang nagpalala sa bilang ng congestion sa loob ng mga preso ay iyong lumalaking bilang, hindi lamang ng sinasabing suspects ng droga at iba pa which comprise a large portion of those currently incarcerated, but also political prisoners na ganyan na rin ang kalagayan. Based sa data, there are 635 political prisoners, among them are 53 elderly and 95 sick around the Philippines. Ang isang preso, si Rodrigo Lazar, died from an illness just this September 9 during the COVID-19 pandemic. Lazar died from complications from hypertension and diabetes in the Sorsogon Provincial Jail. More recently, political prisoner Reina Mae Nasino, who spent her pregnancy in jail, gave birth on July 1 and was separated from her newborn daughter on August 13. Mga katanungan, Mr. Speaker, noong April, nag-submit ng report ang BJMP na may inisyal itong listahan ng 3,300 PDLs na higit na ang edad sa 60 years old at mayroon lamang light offenses. Mula Abril hanggang ngayon, may idadagdag pa ba sa listahan na ito? Ilan na po ang nasa listahan na ito ang aktwal na nakalaya na, Mr. Chair, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleagues, ang total na na-release during this pandemic is 34,123. Special release within the 34,000 is iyong mga elderly natin, iyong may sakit, at saka iyong buntis o pregnant ay 1,728 na po.

REP. GAITE. Mr. Speaker, 1,728 at 34,000 na special release, so dito po, practically, nadagdagan pa iyong sa listahan na 3,300 noong inisyal itong ilabas, tama po, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Yes po, kasi po ang datos na ito is April 1 to September 27.

REP. GAITE. Thank you, Mr. Speaker. But if we will again measure the congestion, this will just be a small dent on the current congestion being experienced by the BJMP in their existing jails. Tanong pong sunod, anong naging tugon ng BJMP sa rekomendasyon

mismo ng Committee on Justice sa House of Representatives para palayain ang mga maysakit, bulnerable, at low-risk na PDLs, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mase-secure po natin sa Department of Justice ang release order ng mga presong ito. Ang BJMP po ay ibibigay ang kanilang release, lalo na po ngayong pandemya na pati po ang mga – marami rin po sa ating mga guard po sa BJMP ay nagkakasakit din po dahil po sa congestion ng mga kulungan natin. Kaya nga mas gugustuhin din nila kung pagbibigyan lang ng Department of Justice ang kanilang release ay gagawin po ng BJMP po at tatanggapin po nang mas maayos dahil po, sabi ko nga kanina, kasama po ang mga guards na nagkakasakit po.

REP. GAITE. Yes, Mr. Speaker. Nakuha rin namin iyong impormasyon na iyon pero hindi nakatulong iyong ginawa ng PNP doon sa pagpapakulong na I had a firsthand experience, doon sa ating mga driver ng jeep, iyong “PISTON 6” diyan sa Caloocan na kung saan anim sa kanila ay hinuli hindi dahil sa ginawa nilang mapayapang protesta, kundi dahil pinatigil ang kanilang pagpapasada. Bunga nito, iyong anim ay mahigit isang linggo, dinala sa kulungan sa Caloocan at sa kasamaang palad, dalawa sa kanila ang nagkaroon ng COVID. Ang isa rito’y mahigit 70 anyos na – at buti na lang at hindi naging seryoso ang kaniyang sakit na COVID – at ang pinakaposibilidad ng kaniyang pagkahawa ay mismo sa loob ng kulungan. Dahil ayon mismo sa jail guards na nakausap namin, mayroon nang nag-positive doon sa loob ng kulungan ng Caloocan City Jail noong sila ay dalhin sa naturang lugar.

Mr. Speaker, ano ang datos ng bilang ng mga PDLs na nakakulong pa rin sa mga pasilidad ng BJMP nang higit pa sa dapat na maximum na penalty ng pagkakulong na maaaring ipataw sa kanila? Meaning, Mr. Speaker, lagpas na doon sa maximum na penalty na batay doon sa kasong isinampa sa kanila. Mayroon ho bang datos ang BJMP patungkol dito, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, Ginoong colleague, sa ngayon po ay dahan-dahan na pong nawawala na dahil sa paralegal po ng ahensiya ng BJMP. Kapag wala naman pong nagfa-file ng kaso, pinapakawalan na po ang mga nakakulong po doon.

REP. GAITE. Salamat po, Mr. Speaker, pero ang tanong ko lang ...

REP. JALOSJOS. Iyan po ang tinatawag na mga "overstaying" po.

REP. GAITE. Opo, iyon po. Ang tanong ng Kinatawag ito, kung ilan pa ang nakakulong na mga PDLs na lagpas na doon sa maximum penalty ng imprisonment at nananatili pa rin sa kulungan? May datos po ba ang BJMP, Mr. Speaker?

SUSPENSION OF SESSION

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, one-minute suspension.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 1:11 a.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 1:12 a.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.

REP. GAITE. Yes, Mr. Speaker, puwede po bang masagot iyong katanungan hinggil sa kung ilan pa ang nakakulong sa mga pasilidad ng BJMP na higit pa sa dapat na maximum penalty na imprisonment na ipapataw dapat sa kanila, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Dahil po sa paralegal efforts natin, naiwasan na natin na tumagal pa ang mga preso nang higit sa kanilang dapat itagal. Ang total po na paralegal natin na napalaya po natin, ang releases natin sa buong Pilipinas ay 28,860 po.

REP. GAITE. Mr. Speaker, hindi pa rin nasasagot iyong tanong ko. Ilan po ba ang nakakulong pa rin sa mga pasilidad ng BJMP nang higit pa sa dapat na maximum na penalty of imprisonment na maaaring ipataw sa kanila?

REP. JALOSJOS. Wala na po dahil sa sistema, paralegal system, po ngayon na binabantayan po na ang overstaying po ay mapalaya na. Iyon po iyong katumbas ng pinalaya natin na 28,860 po.

REP. GAITE. Hihingiin po namin iyong datos hinggil sa nabanggit para ma-validate natin doon sa aktuwal na mga PDLs na lumabis doon sa kanilang maximum penalty of imprisonment. Puwede ho bang mahingi iyan, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Pakiulit po ang katanungan.

REP. GAITE. Puwede ho bang makuha iyong istatistika o datos ng mga binabanggit na napalaya para ma-validate po iyong sitwasyon na sinasabing wala na daw nananatili sa kulungan na labis na doon sa maximum penalty of imprisonment na maaaring ipataw sa kanila?

REP. JALOSJOS. Ginoong Speaker, Mr. Speaker, Ginoong kasama, ito po ba iyong mga overstaying?

REP. GAITE. Opo.

REP. JALOSJOS. Itong binabanggit ko? Puwede po, puwede naming ibigay. Ready po ang BJMP na magbigay ng datos para sa inyo.

REP. GAITE. Kasi sinasabi ninyo po, wala na po pero iyong term na sinabi ninyong "overstaying" indicates that they have overstayed.

REP. JALOSJOS. Ngayon lang po kasi dahil po sa sistema ng paralegal, na tinutukan po ngayon ng BJMP, ayaw na nilang sumobra sa araw o mag-overstay pa kaya pinalaya na po ng BJMP po, kaya po umabot ng 28,000.

REP. GAITE. Thank you, Mr. Speaker.

Parang hindi klaro iyong sitwasyon na nabanggit dahil the term itself, when you say “overstay,” nanatili nang labis doon sa itinatakda ng penalty. Nevertheless, ano ho ba ang mga dahilan bakit nasasabi minsan na nagkakaroon ng ganyan ngang sitwasyon na, actually, you used the term “overstaying”? Bakit ho ba nag-overstay in the first place?

REP. JALOSJOS. Legally po, Mr. Speaker, Ginoong kasama sa Kongreso, isa po sa rason is wala na pong interes sa kaso, natural death na po ng case, kaya hindi na po umandar. Kaya ang paralegal po ang nagsasabi sa korte na i-dismiss na lang at palayain na po ang mga presong ito dahil wala na pong interesadong magtuloy ng kaso sa kanila.

REP. GAITE. Wala na pong interes iyong nagsampa ng kaso para i-pursue iyong kanilang reklamo. Tama po, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Tama po.

REP. GAITE. Kung gayon, talagang dapat may internal guidelines pa rin ang BJMP kung paano mafa-facilitate ito and at the same time ma-decongest iyong ating mga kulungan. Patungkol naman sa kalagayang pangkalusugan ng ating mga BJMP, ilan ho ang medical doctors na currently employed sa BJMP sa kabuuan?

REP. JALOSJOS. Ang ating medical doctors ay 14 po.

REP. GAITE. Fourteen for how many – ilan po ang kulungan ng BJMP?

REP. JALOSJOS. Four hundred seventy po under the BJMP po.

REP. GAITE. So, 14 for 400 – hindi ho ba napakalayo ng bilang ng doctors to – and we are talking about the number of facilities. Hindi pa natin pinag-uusapan iyong ratio ng doctor sa PDLs. Tama po, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Tama po, sadyang mababa po ang number of doctors. Kaya nga

po nag-i-invite pa po tayo ng mga doktor sa kasalukuyan na gustong tumulong at pumasok sa serbisyo po sa BJMP.

REP. GAITE. Ilan po ba dapat ang idadagdag na medical doctors and other health workers sa BJMP, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Pakiulit po ulit ang katanungan.

REP. GAITE. Ilan pa po ba ang idadagdag na medical doctors at ibang health workers sa BJMP para matugunan iyong health requirements ng BJMP?

REP. JALOSJOS. Lima hanggang 10 po.

REP. GAITE. Lima hanggang 10 for 400 facilities, for 1,000 – sorry, 130,000 prisoners. Hindi ho kaya sobrang – in terms of ratio ay hindi iyan sasapat, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang na kasama, talaga pong kulang na kulang po ang doktor, pero sinasamahan po naman natin ng nurses na 1,092 po para ma-augment. Pero po sa aming ano ay kulang pa rin. Kahit na magdagdag pa tayo ng 10 ay malayo pa rin talaga po ang ratio ng mga preso at ng mga doktor. Hirap po kasi maghanap ng doktor ang BJMP dahil po sa salary grade na puwede nating ibigay sa isang doktor sa panggobyernong sweldo.

REP. GAITE. Salamat po doon sa kasagutan.

Isang concern ito dahil nga po – lalo na sa panahon ng COVID, tiyak na mas nangangailangan sila ng health services at tugon sa mga iba’t ibang suliranin pang bunga nito. Sa kasalukuyan, ilan ho ba sa datos ng BJMP ang kabuuang namatay na mga, una, ilan ang nahawa at ikalawa, ilan na po ang namatay na under the custody of the BJMP sa panahon ng COVID kung may datos po ang ating kagalang-galang na Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal na kasama, ang total na namatay ng COVID po is 20 po under sa BJMP.

REP. GAITE. At sa nahawa, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, 1,429 po.

REP. GAITE. Salamat po doon sa datos. Kaya po naitanong ng Kinatawang ito iyong kalagayang medikal at health sa ating mga overly congested na mga preso dahil hindi katakata na ganyan kataas ang bilang ng infections at pati na rin ang pagkamatay. Hindi pa siguro kasama diyan iyong bilang ng namatay hindi dahil sa COVID kung hindi sa iba pang sakit, Mr. Speaker. Tama po ba ako, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Tama po kayo.

REP. GAITE. Salamat po.

Ayon sa huling report ng inyong ahensiya, nasa 200 pa lang na isolation centers ang naitayo sa halos nabanggit ninyong 400-plus jail facilities. Ilan na ngayon ang isolation centers? Ito'y, as I understand, para sa COVID patients. Lahat ba'y may medical personnel para matugunan ang mga pangangailangan ng mga PDLs na infected, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Maliban sa mga selda ng BJMP, mayroon na po talagang isolation po doon na maliliit. Mayroon po tayong regional—sa NCR po, sa Quezon City Jail-LCC; sa Region III, San Fernando City Jail-LCC; sa Region VI, Talisay City Jail-LCC; Region VII, Cebu City Jail-LCC; at Mandaue City Jail-LCC; sa Region IX, Zamboanga City Jail-LCC; and Region X, Cagayan de Oro City Jail-LCC.

REP. GAITE. Salamat po, Mr. Speaker. Ang tanong kasi po kung 468 ang jail facilities, hindi ho ba dapat ang ratio is 1:1, isang isolation center for every jail or depende sa laki noong isolation center? Kaya lumalabas po kung kino-confirm ninyo ito, less than half of our jail facilities have isolation centers. Tama po, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Ang datos po is lahat po ng BJMP jail ay may nakalaan po talaga dapat, 'no, unless super congested po at medyo highly infected na po ang jail. Ang ano po ng

BJMP, mayroon po dapat talagang isolation, may mga isolation na ano sila na jail...

REP. GAITE. Maraming salamat.

REP. JALOSJOS. ... o kuwarto, hindi lang po dahil sa COVID, dahil po sa iba pa pong mga sakit noong una pa. So, ang problema lang po e minsan po sa isang jail po, sa isang lugar ng BJMP, medyo madami po ang nahahawa kaya po parang nawawala na po ang isolation center.

REP. GAITE. Maraming salamat po, Mr. Sponsor, sa sagot.

REP. JALOSJOS. Pero na-manage naman natin kasi out of 1,429, ang recovered po natin is 1,184. So, 82.86 percent ang recovery rate po natin.

REP. GAITE. Salamat po, Mr. Speaker. Panghuli po, ano po ba ang datos ngayon ng BJMP doon sa nabanggit na pagpapalaya sa ilalim noong Recognizance Act? Mayroon po ba na napalaya in the first place, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Latest po under R.A. No. 10389 is 1,172; under R.A. No. 6036, it is 175.

REP. GAITE. Mr. Speaker, 175 plus one thousand ...

REP. JALOSJOS. One hundred seventy-two.

REP. GAITE. Relatively, hindi ganoon kalaki iyong bilang, ano, kung kaya't again, this would only result in a small dent in the more than 130,000 currently incarcerated in the BJMP. Ano ho ba iyong mga dahilan kung bakit hindi masyadong nai-implement ang probisyon ng batas na ito para lalong ma-decongest ang mga kulungan sa ating bansa? Ano ho ba ang requirements para maisakatuparan iyong Recognizance Act?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, Ginoong kasama, ang court process po ang nagpapatagal.

REP. GAITE. So, talagang dapat mag—noong huling nagkaroon ng pagkakataon na maimbitahan namin ang mga kinatawan ng BJMP, marami rin silang ilang mungkahi tulad ng, although this will, of course, require legislation, sa ibang bansa, pinahihintulutan nila iyong community service instead of ginagawang direktang kulong ang mga preso, kahit doon sa mga minor na mga offenses lamang. Nagmungkahi sila ng mga iba't ibang paraan para iyong problema ng congestion ay mabigyan din ng kaukulang aksyon. At tama iyong binanggit n'yo kanina, this not only presents a threat to the PDLs but also to the jail guards who, as you have said—hindi ko na pala naitanong iyon. Ilan ho ba ang infected na employees ng BJMP ngayon bunga na nga rin ng COVID-19? Mayroon din po ba tayong datos? At huwag naman sana, mayroon din bang fatalities, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Ang personnel ng BJMP na nahawa is 738 na po.

REP. GAITE. Ang infected, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Ang infected—ang gumaling po is 610. Ang active cases po natin ay 124. Ang namatay po na jail guard po natin is apat po.

REP. GAITE. Apat?

REP. JALOSJOS. Apat.

REP. GAITE. Nakikiramay kami doon sa mga kasamahan natin sa BJMP na pumanaw sa COVID-19 sa kanilang pagtatrabaho ngunit talagang alam naman natin, bunga na nga ng congestion na, ito ay malinaw na naka-exacerbate noong sitwasyon, hindi lamang noong ating mga preso kundi pati rin iyong ating mga manggagawa sa loob ng BJMP. Kung kaya't iyon lang po ang aking mga katanungan. Maraming salamat po sa mga kasagutan. Thank you, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming salamat po. Majority Leader.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, the next to interpellate is the Hon. Carlos Isagani Zarate of BAYAN MUNA Party-List.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from the BAYAN MUNA Party-List, Hon. Carlos Isagani Zarate, is recognized for his interpellation.

REP. ZARATE. Maraming salamat po.

Magandang umaga po sa lahat, Mr. Speaker, at sa ating kagalang-galang na Sponsor, ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Magandang umaga po.

REP. ZARATE. ... at sa ating mga kasamahan at mga bisita diyan sa plenary.

Malinaw po ba ang dating ko diyan sa plenary, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Opo, Mr. Speaker.

REP. ZARATE. Maraming salamat po.

Bago po ako magsimula sa aking mga katanungan, noon pong budget briefing ay mayroon po akong mga katanungan na nangangailangan ng mga datos at dokumento na hindi po naibigay noong panahon ng budget briefing at nangako po ang pamunuan, especially ang PNP and the entire DILG, na ito po ay ibibigay nila bago dumating tayo sa plenaryo. Pero I have to register it for the record na hanggang ngayon po ay hindi pa ho natin natatanggap iyon, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Naipadala po natin sa House of Representatives, October 1, 2020. Hindi po sa opisina ninyo pero po sa House of Representatives through Chairman Eric Go Yap of the Committee on Appropriations po.

REP. ZARATE. Well, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, malinaw po ang commitment noon na magpapadala sa House of Representatives at sa Kinatawang ito dahil gagamitin po ng Kinatawang ito ang mga datos na iyon para

po sa ating gagawing debate sa plenaryo, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. Kaya kung kahapon lang po ipinadala iyan, October 1, ay napakahaba ng panahon na ibinigay natin sa PNP at iyan po ang isang problema ngayon at naabutan na tayo ng umaga ngayon ay wala man lang effort, especially from the PNP, na ipadala itong mga datos na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Opo, nagpunta po ang PNP no'ng September 18 sa opisina po ng ating Chairman ng Appropriations Committee, Eric Go Yap, at nag-furnish po ng copy, para sa inyong opisina, na-receive po ng House of Representatives noong October 1, 2020.

REP. ZARATE. Well, at any rate, Mr. Speaker, I have to register my disappointment and hindi ho natin natanggap iyon. At any rate, mayroon ho bang extra copy ang PNP ng nasabing report na atin pong hinihingi, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang nating kasamahan sa Kongreso, puwede pong pakiulit dahil garbled po ang...

REP. ZARATE. Salamat po. Ang sinasabi ko po, mayroon po bang extra copy na dala ang PNP as of now, habang nag-uusap po tayo ngayon?

REP. JALOSJOS. Mayroon po, hawak ko po ngayon.

REP. ZARATE. Well, mangyari po na ibigay ang kopyang iyan dahil iyan po ay atin ding magiging basehan sa mga susunod pa pong mga engagement natin, lalong-lalo na at tuloy-tuloy naman ang mga usaping ito pagkatapos ng plenary debate. Maaari po bang magbigay ng kopya, halimbawa po, sa ating kasamahan na nandiyan ngayon sa plenaryo, kay Kagalang-galang na Ferdinand Gaito o sa ating Deputy Minority Leader na si Kagalang-galang na Kit Belmonte, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, aming kasamahan, opo, mag-iiwan po kami ng kopya na hinihingi ninyo po.

REP. ZARATE. Well, punta na po ako doon within my interpellation po. Kanina po nabanggit na rin ng ating mga kasamahan ito at gusto ko lang ilagay din sa record iyon pong mga pagkakalat ng mga fake news and I can recall that during the budget briefing, General Cascolan committed, made the explicit commitment na all of these will be investigated and in fact maglalabas ng guidelines, at sa katumayan ay tatanggalin ito. Just for the information of the leadership of the PNP and the DILG for that matter, I just accessed one Facebook account of the First Abra Provincial Mobile Force Company. Ngayon lang po, in-access ko po iyan dahil para po mapatunayan natin na hindi ho sinunod ang mga—kung mayroon mang guidelines o mayroon mang kautusan na inilabas ang liderato ng PNP ay hindi ho sinusunod iyan ng Kagawaran ng PNP. At ito ngang sa First Abra Provincial Mobile Force Company ay ang naka-post po doon ay ganoon pa rin, mga fake news at ang atin pong—I take exception dito po dahil hindi na lang po ito sa aking personal, na apektado po ng fake news ang Kinatawang ito. Halal po tayo ng bayan at naiintindihan po natin iyan, pero ang hindi po natin mapapalampas, Ginoong Sponsor, Mr. Speaker, ay isinasama po ang mga pamilya ng mga Kinatawan, ang mga pribadong mga mamamayan. Can we get—this is now the consideration sa plenary ng budget ng PNP, ano po bang gagawin ng PNP dito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, nag-final warning na po ang ating Chief PNP at isa na po ang na-file-lan at marami na pong susunod na fa-file-lan po ng administrative cases po.

REP. ZARATE. Yes, certainly, we expect not just a warning, final warning. Kaya po pinangalanan ito, the First Abra Provincial Mobile Force Company na, this was posted actually July 5 pa. So, kung talagang nakikinig po sila sa pronouncement ng kanilang Chief at sinusundan nila itong budget deliberation dahil budget nila ito ay nalaman nila na mayroong ganoong kautusan. This was posted July 5 at 8:19 a.m. by one Facebook account, but ang Abra First Mobile Force Company ay

pinost po niya ito, ni-repost niya three days ago. So, from one site, it was reposted by the First Abra Provincial Mobile Force Company. So, if you can check that out, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, and this Representation expects a report on that matter kung ano na po ang nangyari.

Now, moving to my other questions and interpellation, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, during the budget presentation, I did inquire on the statistics, doon po sa conduct ng ating campaign, campaign ng pulis against illegal drugs. May we be informed, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, habang nag-uusap ho tayo ngayon, ano po ang pinaka-latest na istatistika ng PNP as far as those suspected drug personalities who were killed during anti-drug operations are concerned?

REP. JALOSJOS. The record po of those who died during police operations, September 15, 2019 to March 16, 2020, a total of 438 po.

REP. ZARATE. From September – what period Mr. Sponsor? March to September?

REP. JALOSJOS. September 15, 2019 to March 16, 2020, 438; March 17, 2020 to September 16, 2020, may karagdagan po, additional 448.

REP. ZARATE. Gusto ko pong linawin iyan, ano, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, dahil noon pa man ay sinabi na ng PNP na iyong mga personalities, persons who died during anti-drug operations ay umabot na sa mahigit 5,000. Bakit po mukhang lumiit yata ngayon? Are you saying that itong 438 na binanggit ninyo, high-value personalities lang ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker? Ganoon po ba ang pagkakalatag ninyo?

REP. JALOSJOS. Iyon po iyong period covered po ng report.

REP. ZARATE. Okay. Again, lilinawin ko po. Ang itinatatanong ko po na istatistika o numero ay mula po noong June 30, 2016 hanggang sa kasalukuyan na nag-uusap po tayo ngayon dito sa plenaryo. Ano na po ang bilang ng mga personalidad o mga

mamamayan natin na napaslang sa panahon ng anti-drug operations, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Actual po na datos po ng PNP, July 1, 2016 to August 22, 2020, ang total po is 5,857.

REP. ZARATE. So, 5,857, salamat po. Kasi po mayroon ho akong nabasang isang report na sinabi ng PNP na umabot na ito sa 7,000. Puwede po bang linawin ano ang pagkakaiba nito kung bakit mayroon pong discrepancy doon sa isang report na aking nabasa at ngayon po sa sinabi ninyo na 5,857, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama sa Kongreso, the 7,000 was the initial report during actual investigation po and evaluation. Ang totoo lang po is nagdoble-doble lang po iyong datos sa iba kaya naging 7,000, pero after evaluation po, 5,857 po ang accounted po na namatay during police operation.

REP. ZARATE. Thank you po. Salamat po doon sa sagot ninyo, kasi iyong nabasa ko nga, 7,884 na ang nasa tala ng PNP base po doon sa Directorate for Operations Report na sinasabi, so mayroon pong mahigit 2,000 na sinasabi ninyong double entry or – ano po ang nangyari dito sa 2,000 na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Ang iba po ay double entry, same incident na found twice.

REP. ZARATE. Hindi naman po double dead, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Iyong iba po hindi drug-related.

REP. ZARATE. Ah, sige, hindi drug-related. So ito pong – sige po, I will take that.

Ito pong sinasabi ninyong 5,857 na official figure, ito po lahat ay namatay during operations. Ano po ang kadahilanan? Bakit po sila napaslang during operations?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, nanlaban po noong during operations po.

REP. ZARATE. Yes, iyon po naman talaga ang official na rason diyan, nanlaban itong mga ito, 5,857. By the way, ilan naman din po iyong mga kinonsidera ng PNP na napaslang din na related sa drugs, iyong tinatawag po nating o kino-consider ng PNP na “death under investigation,” Mr. Sponsor, Mr. Speaker, “but related to drugs”?

REP. JALOSJOS. Ito na po iyon. Iyong kaninang binanggit ko po na “died during police operation.” Iyon ba po ang gusto nating itanong?

REP. ZARATE. Mayroon pong pagkakaiba. Iyong 5,000 po ay iyon ang namatay sa panahon ng police operations but mayroon pong kino-consider ang pulis na mga drug-related din but these are considered death or namatay under investigation dahil ito iyong mga ginagawa ng sinasabi nilang mga riding-in-tandem or mga vigilantes? Mayroon ho ba kayong mga istatistika patungkol po dito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, hindi na po natin puwedeng ma-verify pa ngayon or magkaroon ng final na listing dahil po viné-verify pa po ang mga kaso kung totoo ba pong drug-related or not at kung sino po ang perpetrators.

REP. ZARATE. But be that as it may, mayroon na po bang istatistika ang — siyempre, these are considered crimes even if these are not related directly to drugs but dapat ho mayroon tayong ganyan. But ilan ho ba iyong mga napaslang na ang mga perpetrators po e iyong mga sinasabi nilang mga riding-in-tandem or mga vigilantes? Mayroon po bang ganoong istatistika ang PNP, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, ibibigay na lang po namin ang report ng datos na iyan as soon as possible po dahil right now po, wala po kaming report.

REP. ZARATE. Well, thank you. Sige po, para po sa dahilang ano po tayo sa oras, ang sunod ko pong katanungan, balikan ko lang iyong binanggit ninyo kanina na 5,857 na mga nanlaban. So ang una ko pong tanong patungkol diyan, base po sa manual mismo ng PNP, sa panahon po, during operations, police operations, na mayroon pong napaslang or mayroong namatay, base po sa manual ng PNP, kailangang mag-conduct po ng inquest proceedings. So ang tanong ko po rito, out of the 5,857 na mga personalities na napaslang po during police operations, how many inquest proceedings were conducted by the police as against those PNP personnel who were involved in the operations, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. PNP personnel po?

REP. ZARATE. Well, hindi po ba itong 5,857 ay napaslang sa panahon ng police operations. Is that correct, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Tama po kayo, Mr. Speaker.

REP. ZARATE. Tama po. At base po sa manual ng PNP, kung mayroon pong napapaslang, mayroong namatay sa panahon ng police operations ay dapat nagkakaroon po ng inquest proceedings para po malaman kung totoo nga bang sila ay namatay, may pagsisiyasat na ginagawa ang mga piskalya kung ito nga, kung totoo ngang sila ay napaslang sa panahon ng operation at ito ay legitimate operation. Ginawa po ba ng PNP iyan? At kung ginawa nila sa kasong ito na 5,857, ilan po ang proceedings or inquest proceedings na ginawa po? Iyon po ang katanungan ko, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Opo, ginawa po ng ahensiyang may hawak sa PNP, under PNP. Yes, ang final listing po ay isasama na rin po namin sa mga isa-submit sa opisina n’yo po.

REP. ZARATE. Ilan po ba, kung natatandaan ng ating mga opisyal na nasa plenaryo po ngayon, kung maaalala nila, ilang

inquest proceedings po ang ginawa ng PNP out of these 5,857 deaths as a result of these police operations?

SUSPENSION OF SESSION

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, one-minute suspension.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 1:46 a.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 1:48 a.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker at iginagalang nating kasamahan, lahat po ito ay motu proprio cases po, pero may kasunduan po under ICAD na i-publish in November lahat po ng kaso arising sa mga death, sa mga drug operations po.

REP. ZARATE. Well, thank you. We will welcome that and I hope the PNP will also furnish this Representation as well as the Committee, iyong sinasabi nilang mga cases dito po sa 5,857 deaths na ito. Ang kasunod ko pong tanong and, in relation to that, dahil sinabi po ninyo na ito lahat ay napaslang sila sa panahon ng operations, ibig pong sabihin, sabi po ninyo nanlaban sila, e mayroon po silang mga dalang mga armas, tama po ba iyon, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Tama po iyon, kaya po nanlaban po, kaya po nagkaroon ng encounter.

REP. ZARATE. Yes. And dahil po sila ay nanlaban, nagkaroon ng encounter, armado po sila, mayroon pong na-recover na mga armas ang PNP. Is that correct, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear

colleague, tama po kayo, mayroon pong mga na-recover na mga firearms.

REP. ZARATE. Salamat po at iyan po ang isa nga po sa aking hinihingi na datos o data na mag-furnish ang PNP sa ating Komite at sa Representasyong ito noong imbentaryo noong mga armas na na-recover ng PNP dito sa 5,857 na mga personalities na napaslang during police operations, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. Mayroon po bang imbentaryo ang PNP, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Opo, magbibigay po as soon as ma-clear po sa mga korte po ang mga firearms because some are ongoing cases pa po.

REP. ZARATE. Well, paano po magkaroon ng ongoing cases kung napatay na po ito, napaslang na po itong mga 5,857 na personalities na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker? Sino po ang sinampahan nila ng kaso kung napaslang na itong 5,857 na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, medyo pakiulit nga po dahil medyo garbled na po dumating sa amin po ang ...

REP. ZARATE. Okay. Uulitin ko po, naririnig na po ba ako?

REP. JALOSJOS. Opo.

REP. ZARATE. Yes. I am just surprised na kaya wala pang inventory ngayon ay nasa korte pa. Kung napaslang po itong 5,857 personalities na ito, sino pa po ang sinampahan nila ng kaso kung napaslang na ang mga personalities na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Hindi naman lahat po ng engkuwentro ay lahat po namamatay, mayroon pong iba na nahuhuli kaya po may ongoing cases po at ang isa sa mga ebidensya rito is ang weapon na gamit ng drug suspect.

REP. ZARATE. Well, I will accept that for

now, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, but again, I expect, ine-expect po natin – naririnig po ba ako, Mr. Sponsor? Mr. Sponsor.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang nating kasama, makakaasa po kayo na maisasama ang listahan po ng mga firearms sa hinihingi ninyo.

REP. ZARATE. Salamat po. I will accept that for now, pero sana po ay mas maagang maipabigay sa atin iyan. So, ano na lang po, related pa rin diyan at ito na iyong last point ko sa usapin ng campaign against drugs. Sinabi po kanina na may mga high-value – nagshi-shift ang operations ng PNP at ito rin actually, ang sinabi rin ng PDEA, ganito rin, na ang operations ngayon are directed at high-value targets.

Sinabi po doon sa isang nabasa ko na report na mayroong 10,500 high-value targets ang mga law enforcement agencies natin, both the PNP and PDEA, but so far, out of that high-value targets of 10,500, other statistics say 10,308 so far ang nahuhuli pa lang po diyan or the so-called neutralized ay nasa 2,600 or barely 25 percent of that number. Maitanong ko lang po sa PNP, is this correct statistics at kung magkaganoon po, bakit kung identified na iyong high-value targets na iyan ay hindi pa rin ho sila nahuhuli? Bakit 25 percent lang po, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. With the 10,000 high-value targets, the PNP has to look into it pa po; 10,000 mismo po is accurate enough to get the percentage po.

REP. ZARATE. Yes, and in fact, my question is, if these personalities were already identified, 10,500, bakit ho napakaliit noong percentage or 25 percent ang nahuhuli pa lamang? Kung sila ay identified na ay bakit hindi ho natin nahuhuli at least 50 percent or 60 percent of these high-value targets, Mr. Sponsor, Mr. Speaker? No wonder na napakalaking problema pa rin ng droga ngayon dahil itong sinasabi nating mga high-value targets already identified by our law enforcement of both the PNP and PDEA, pero nakakapag-operate pa rin po sila. So, iyon po

ang gusto kong malinawan, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, dear colleague, ang high-value targets po natin is mahirap ho talaga. Kaya medyo mababa po ang nahuhuli dahil po mahirap, dahil halos hindi na po sila humahawak ng mga droga. Ang humahawak po ay ang barangay street-level po. Pero kapag nahuli naman po, malaki naman po. Katulad po ng ah – kasi kakaumpisa pa lang po nito, ng direktiba ng PNP under sa bagong Chief PNP na subukan nang isama na pala ang high-value targets sa mga prayoridad. Sa 448 na operations po ha, drug operations, ang katumbas na droga ay 1.5 million-plus na gramo, kontra noon sa 438 na halos pareho lang ang operations, ang nakuha lang is 868,000 grams po. So doon po ang diperensya. Mahirap po talagang makuha ang high-value targets dahil po maingat po sila, at pangalawa po, kakaumpisa lang natin sa ating pagtutok sa high-value targets po.

REP. ZARATE. Salamat po. Gusto ko nang tuldukan iyong aking mga katanungan diyan, ‘no, but it is very unfortunate that after more than 5,000, almost 6,000 officially killed in anti-drug operations ay ngayon lang na-realize ng PNP na iyong matagal nang sinasabi ng maraming sektor na puro ang napapaslang dito iyong mga maliliit, mga mahihirap, karamihan ay mahihirap. Dapat tutukan kung saan ba talaga iyong source ng droga at ito iyong mga high-value targets, at hindi na sana nagresulta sa ganitong napakaraming napaslang. Naging madugo po ang kampanya laban sa droga. And to say that it is unfortunate, is very light pa nga, in fact, nakakapanggalit dahil it took more than four years bago nakita kung paanong dapat pala ay tutukan ng mga law enforcement natin ang pag-neutralize or ang pagsugpo nag pinagmumulan ng mga droga.

So, now to my last point in the interpellation, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. I already inquired also about dito, ‘no, during sa budget briefing but ang Representasyon na ito ay hindi ho satisfied doon sa naging kasagutan noong ating PNP. I am referring doon ho sa mga imbestigasyon na ginawa po sa mga political

killings and I mentioned four just this year na political killings. Una, iyong pagpaslang kay Jory Porquia ng Iloilo City, who was the coordinator ng BAYAN MUNA sa Iloilo City. Napakaaktibo po niya, involved siya sa feeding operations sa Iloilo during the lockdown at siya po ay pinaslang. But prior to that, siya din po ay subject to intense vilification and terrorist-tagging sa Iloilo. Siya po ay pinaslang noong April. Pangalawa na pinaslang ay ang Secretary General ng urban poor group na Kadamay, si Mr. Carlito Badion. At ito po, sinabi ko during budget briefing, siya po ay in-abduct doon sa Leyte at noong makita ang kaniyang bangkay, itinapon na lang sa tabing daan at sinunog pa, at hanggang ngayon ay wala ho kaming narinig na resulta ng masusing imbestigasyon na ginawa dito. Pangatlo, iyong pagpaslang kay Mr. Randall Echanis, at ang pang-apat, iyong pagpaslang kay Ms. Zara Alvarez doon sa Bacolod City nitong Agosto rin, na halos ilang mga araw or linggo lang pagkatapos mapaslang si Mr. Randall Echanis. So, ano po ba ang maibibigay na ulat ng PNP tungkol dito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker at ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Isang minuto na lang ho ang natitira.

REP. JALOSJOS. ... mahal nating kasamahan, the PNP will dig into those cases that you mentioned. We will write a formal report on the said cases that, ah ...

REP. ZARATE. Pasensiya na po pero iyon din po ang binanggit na sagot sa akin noong mag-budget presentation and we expect a development on those cases, Mr. Sponsor, at least for now. Kung gaano po tayo kabilis magresponde doon ho sa panghuhuli ng kahit na violation lamang ng quarantine or health protocol violation, huling-huli kaagad ang marami, pero dito po, bakit po napakabagal ng pag-usad noong imbestigasyon ng ating PNP, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. At meron bang naitalagang mga task force tungkol dito na magkokonsentra sa pag-iimbestiga sa mga high-profile political killings na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, kasama pala ito sa mga itinanong ninyo at meron pong report na ibibigay po, kasama po rin ngayon na maibibigay natin sa mga kasamahan natin dito.

Okay, the date was September 18, submitted through Rep. Eric Go Yap, Chairman ng Committee on Appropriations, pertaining to your queries during the Department of the Interior and Local Government budget hearing for Fiscal Year 2021, September 10, 2020, regarding the following cases po: 1. case of Jose Reynaldo Porquia y Castillo, 53 years old; 2. case of Carlito Badion y Paroma, 52 years old; 3. case of Randall Anacleto Echanis y Barber, 70 years old; and 4. case of Zara Alvarez y Ribotan. May report po siya na kasama po noong ipinasa po sa ating Chairman of Committee on Appropriations noong October 1. Isasama na rin po natin doon sa hinihingi ninyo po noong una.

REP. ZARATE. Salamat po.

Sige na lang po, bilang panghuli, dahil wala na ho akong oras.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Time expired, time expired na po tayo.

REP. ZARATE. Ang hinihinging report na iyan ay isang substantial report at hindi ho gaya noong nabanggit during budget briefing na sinasabi lang diyan ay tinitingnan iyong mga anggulo, at sana po ay pagtuunan din ng pansin dahil ito po ay malinaw na sila po ay mga biktima ng extrajudicial killings as opposed to other killings. Prior to their deaths, bago po sila napaslang, sabi ko nga po, sila ay biktima ng matinding red-tagging, terrorist-tagging at iyan po ang pinakamasaklap, pinakamasama, nakakapanggalit na epekto ng terrorist-tagging na ginagawa rin ng mga kagawad ng PNP. Kaya sina-cite po natin iyong mga social media postings dahil meron pong matinding epekto itong mga ganitong mga gawain na walang basehan, na hindi lang ang masampahan ka ng gawa-gawang kaso, ang pinakamasaklap po ay ikaw, kayo po ay mapapaslang. So, ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Marami pong salamat. Time expired na po tayo.

REP. ZARATE. Yes, po, I am just wrapping up, Mr. Speaker.

So, iyon lang po ang ating panawagan diyan at ine-expect po natin iyong mga report nating hinihingi ay atin pong matatanggap sa Lunes while we continue considering their budget for 2021. Maraming salamat, Ginoong Sponsor. Maraming salamat sa mga resource persons natin from the PNP and DILG at maraming salamat din, Mr. Speaker. Magandang umaga pong muli sa ating lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Salamat po. Magandang umaga din po. Majority Leader.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, the next House Member to interpellate is the Hon. Eufemia “Ka Femia” Cullamat of BAYAN MUNA Party-List.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from BAYAN MUNA Party-List, Hon. Eufemia “Ka Femia” Cullamat, is recognized.

REP. CULLAMAT. Maraming salamat, Ginoong Speaker, at magandang umaga sa ating lahat at sa ating mga kagalang-galang na mga resource persons na nanggaling sa PNP at saka sa DILG.

Muli, magandang umaga sa ating lahat.

Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, ang tanong ko po ay hinggil po ito sa budget na nakasaad sa Local Government Support Fund ng LGU, na P12 billion ang nakalaang budget para sa financial assistance para sa mga LGU. Tama po ba, kagalang-galang na Speaker, kagalang-galang na Sponsor?

REP. JALOSJOS. Tama naman po.

REP. CULLAMAT. Hello, naririnig ba ako sa floor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, tama po kayo, P12 billion po.

REP. CULLAMAT. Okay. P12 billion para sa financial assistance sa LGU, habang P16 billion naman ng P19 billion na budget ng NTF-ELCAC ang nakalaan para sa Barangay Development Program. Tama po ba, Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, opo, tama po kayo.

REP. CULLAMAT. Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, hindi ba pareho lamang ang layunin ng mga pondong ito? Bakit pa kailangan ng P16 billion na budget mula sa NTF-ELCAC, Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor?

REP. JALOSJOS. Ang bagong programa sa P16 billion na Barangay Development Program, ito po ang mga projects na ibinibigay po natin sa mga barangay para sa programang ELCAC po ng ating Pangulo.

REP. CULLAMAT. Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, kung titingnan natin sa Special Provision, nakalagay na ang pondo mula sa NTF-ELCAC para sa Barangay Development Program ay maaaring gamitin sa farm-to-market roads, for school buildings, water sanitation systems, health stations, electrification, agricultural, livelihood, and technical-vocational training project, and assistance to indigent individual or family in any of the following forms of assistance: medical, burial, transportation, food, cash-for-work, and educational. Ngunit hindi ba tungkulin ng ibang ahensiya ng pamahalaan ang mga nakalagay dito? Hindi ba mayroong budget na rin na nakalaan para sa LGU at tulong pinansyal na P12 billion mula sa local government unit fund, kagalang-galang na Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang nating kasama sa House, ang budget na inilaan para dito ay para sa mga maliliit na barangay, sa outskirts ng mga bawat LGU na hindi napapansin dahil maliit lang ang mga

botante at malayo talaga. Kaya po nakita po ng ating pamunuan, ng ating Pangulo, na napapabayaan, kaya po nagkakarason po sila na sumali sa rebelyon, kaya ang tawag dito is “ELCAC,” to end communist rebels. Kaya po ang layunin po nito is, dahil nakalimutan sila ng local government dahil nga hindi sila vote-rich, ay bibigyan natin ng pondo, tutok, ang kanilang mga maliliit na barangay kahit na maliit lang ang botante para naman umabot sa kanila ang basic services ng gobyerno, para wala nang rason humawak ng baril o mag-revolt ang mga tao o mamamayan dito.

REP. CULLAMAT. Kagalang-galang na Speaker, kagalang-galang na Sponsor, redundant o hindi naman kailangan ng pondo na P16 billion mula sa NTF-ELCAC dahil kung susuriin ang mga maaaring paggamitan ng Barangay Development Program ay tungkulin ito ng mga iba’t ibang ahensiya ng pamahalaan, gaya ng DepEd, DSWD, DOH at iba pa. Maaari pang maging sanhi ng mas malalang korapsyon ang pondo ng NTF-ELCAC na hindi naman malinaw kung paano magagamit. Dagdag pa rito, baka ito ay maging posibilidad, ano, ng mga fake surrender batay na sa karanasan po, pag-harass o abuso ng mamamayan upang makuha ang clearance ng NTF-ELCAC para sa P20 million kada barangay.

Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, hinggil naman din sa fake news, bilyon-bilyon ang hininging pondo para sa mga kampanya ng DILG sa pagpapa-surrender ng mga ‘di umano’y NPA. May P19 billion sa NTF-ELCAC at may P99 million para sa E-CLIP. Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, ilan ang tinatayang bilang ng NPA, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, minamahal nating — can you repeat the question?

REP. CULLAMAT. Bilyon-bilyon ang hininging pondo para sa mga kampanya ng DILG sa pagpapa-surrender ng mga diumano’y NPA, may P19 billion sa NTF-ELCAC at may P9 million para sa E-CLIP. Ilan ang tinatayang bilang ng NPA, ilan ang nag-surrender noong 2019, at ilan na

NPA ang surrenderees mula 2016 hanggang 2020, Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, distinguished colleague, ang total po natin is 4,625 surrenderees, 2,882 po ay galing sa Militia ng Bayan at 1,743 ay galing sa regular NPA po.

REP. CULLAMAT. Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, lahat ba sila na nabanggit ay talagang mga armado dahil sa mga report ng nakaraang taon, kasama sa bilang ang mga diumano’y supporter? Ilan dito ang mga armadong rebelde at ilan ang diumano’y supporter, kagalang-galang na Sponsor, kagalang-galang na Speaker?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang na kasama sa House, ang regular na rebelde po ay 1,743.

REP. CULLAMAT. Ginoong Speaker, 1,700...

REP. JALOSJOS. ...43 po.

REP. CULLAMAT. ...43, at ilan naman iyong sinasabi diumanong supporters?

REP. JALOSJOS. Ang Militia ng Bayan po is 2,882.

REP. CULLAMAT. Ah, 2,882 — Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, noong February, ayon kay dating AFP Chief Año, may 3,700 na NPA, pagkatapos ng tatlong araw, noong February 7, 2017, sinabi naman ni Secretary Lorenzana, inamin ng DND na dumami sa 5,000 ang NPA. Noong Enero 2018, sa simula ng taon, sinabi ni Armed Forces of the Philippine Chief General Rey Guerrero na nasa 3,700 ang NPA. Bago matapos ang taon, noong December 2018, ayon kay Col. Noel Detoyato ng AFP, may 11,000 na NPA at supporters ang sumuko.

Ngayon, sinabi na 2,808 ang Militia ng Bayan at 1,743 ang regular na NPA. Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, patuloy nating pinopondohan ang mga programang andito na tila hindi naman magkakatumaga

ang mga numero. Sa mga sumurender, ilan ang nakatanggap ng assistance sa ilalim ng mga programa para sa mga surrenderees mula 2016? Lahat ba ay nakatanggap? Magkano ang nagastos para sa assistance sa mga surrenderee mula 2016, Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasamahan sa House, mayroon po tayong 4,353 na immediate assistance po na tig-P15,000. Mayroon din po tayong 2,665 livelihood assistance na tig-P50,000 po per surrenderee. Mayroon po tayong 962 firearms remuneration po. Mayroon po tayong 3,629 reintegration assistance worth P21,000 per surrenderee.

REP. CULLAMAT. Ilan bang indibidwal ito, kagalang-galang na Sponsor? May 2,000 livelihood, 962 na ...

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, 2,662 po sa livelihood assistance na tig-P50,000; 962 firearms remuneration; at mayroong 4,653 na immediate assistance po na tig-P15,000 po.

REP. CULLAMAT. Ginoong Sponsor, ilang indibidwal lahat mula 2016 hanggang sa kasalukuyan?

REP. JALOSJOS. Pakiulit po ang katanungan, medyo garbled po at huli ko na lang po napakinggan—o dumating na maliwanag.

REP. CULLAMAT. Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, milyon-milyon ang inilalaan sa E-CLIP sa mga nakaraang taon at ngayon, humingi ulit ng P99 milyon, ngunit sa aktuwal, ang programang ito ay nagtutulak ng puwersahang pagpapa-surrender sa mga inosenteng mga magsasaka at katutubo para lang makuha ang milyon-milyong pondo na hindi naman umaabot sa mga dapat ay benepisyaryo. Libo-libo ang inire-report na surrenderees, ngunit iilan lang ang nakatatanggap ng assistance. At katunayan nito, kagalang-galang na Speaker, Ginoong Sponsor, mayroon po tayong nakausap na bahagi nitong nag-surrender na wala daw

silang natanggap. Ibig sabihin, ang mga sinasabi ng mga nagsi-surrender ay hindi lahat nakatanggap ng ipinangakong ayuda.

Sa komunidad namin mismo, Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, napakaraming inosenteng sibilyan ang puwersahang pina-surrender at madalas ay wala talagang natanggap. Saan po napunta ang mga pondo? Napakabulnerable ng pondong ito sa korapsyon. Kung ganito lang naman ang nangyari sa daan-daang milyong pera ng taumbayan, mas mainam na ilagay na lang ang pondong ito sa mga serbisyong pangkalusugan at ayuda. Malinaw pa na makikinabang ang mga taumbayan lalo na sa hinaharap, kagalang-galang na Sponsor, kagalang-galang na Speaker, hindi pa natin alam kung kailan tayo makakaiwas dito sa COVID-19.

Ang inaasahan po ng Kinatawang ito, na ang pondo na ilalaan natin sa 2021 na national budget ay sana mapunta doon sa mga batayang pangangailangan ng mga mamamayan tulad ng pagtugon na ayuda para sa mga biktima ng COVID-19, free mass testings at contact tracing para sa ating mga kababayan na nabiktima ng COVID-19. Ginoong Speaker, kagalang-galang na Sponsor, wala na po akong ibang tanong. Maraming salamat sa pagbibigay ng pagkakataong makapagbahagi at magandang umaga sa ating lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming salamat po, Kagalang-galang na Cullamat.

Majority Leader.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, may we recognize the Hon. Arlene D. Brosas of GABRIELA Party-List, our last but not the least interpellator for today.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Representative from GABRIELA Party-List, Hon. Arlene Brosas, is recognized.

REP. BROSAS. Thank you, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Kagalang-galang na Arlene Brosas, okay ka na ba?

REP. BROSAS. Okay na po, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Bawal ang mapuyat sa iyo.

REP. BROSAS. Opo, opo.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Kailangang magpalakas ka.

REP. BROSAS. Opo.

Okay na, Mr. Speaker. Hindi lang natin mapalampas iyong interpellation para dito sa DILG. Alam ninyo naman po kung paano ko himayin at alamin kung ano ang nilalaman ng DILG budget.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Sige po, tapusin na po natin at nang makapagpahinga na kayo at baka kayo ay hindi maka-recover nang maganda.

REP. BROSAS. Okay.

Salamat, Mr. Speaker. Huwag ka pong mag-alala, kaya ko po iyan.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Salamat po.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, ang mga katanungan ko po ay kaugnay sa—actually, naitanong ko na po ito last time pero gusto po nating malinawan pa doon sa Fabel Pineda case.

Mr. Speaker, matapos po magtanong ng Representasyong ito sa DILG budget deliberations sa committee kaugnay po sa status ng kasong isinampa in relation to Fabel Pineda, sinabi po sa press conference ni PNP Chief Cascolan na hindi raw dismissed ang administrative charges. Batay din sa case update na natanggap namin mula kay Police Brigadier General Alessandro Abella, ongoing pa ang proceedings hinggil sa administrative charges, subalit hindi nabanggit kung ano ang status ng acts of lasciviousness case laban kay PSSg Marawi Torda. Para po mas klaro, baka puwedeng isa-isahin iyong kaso, iyong case status.

Unang-una po, iyong admin charges, sino-sino pong pulis ang sinampahan, PNP-

IAS po ba ang nag-file? Pangalawa, acts of lasciviousness, ano po ang status nito? Rape case, ano po ang status nito at saan nakasampa? Murder case, ano pong status nito at saan nakasampa, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Sa kaso po ni Ramos, na-dismiss po, 'no, for conduct unbecoming, for immorality, and for having sexual intercourse aside from his wife. He filed a motion for reconsideration which is being deliberated pa po. The status of the criminal case of rape and murder is still with the DOJ-Manila, which was jointly filed by IMEG and Ilocos Sur PPO. We are waiting for the conduct of the preliminary investigation and subsequent issuance of a warrant of arrest.

As for Torda, on the Fabel Pineda case, the acts of lasciviousness case was dismissed due to a lack of substantial evidence because the complaint-affidavit was unsigned before she was killed. According to lawyers from the RIAS and the case investigator, considering that it was not signed, it cannot be used in any proceedings. This is the reason why we filed an admin case for neglect of duty against the WCPC personnel who took cognizance of the case. With regard naman po sa—nevertheless, Torda and Ramos are still facing several admin cases such as breach of discipline, conduct unbecoming of a police officer, including the admin case for the murder of Fabel Pineda being investigated by the IAS crime—under Attorney Alfegar Triambulo.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, linawin po natin. Si PSSg Torda na sinasabing nanggahasa sa biktima ay wala pong kaso sa ngayon except for the administrative cases, saka iyong nakahain sa kaniya. Tama po ba, facing administrative cases lang ngayon? Wala pong sanction sa kaniya ngayon, so malaya po siya?

REP. JALOSJOS. Si Randy Ramos po ay may rape case number na po, 2060086; murder case po, Marawi Torda, 2060094. Subject personnel were directed to submit their counter affidavits and the case are pending a resolution at the DOJ po.

REP. BROSAS. Thank you, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

Inaalam po natin itong mga cases na ito kasi apparently, lumalabas nga po sa inyong sinasabi ngayon na malaya pa at wala pa talaga, 'no, hindi pa – dahil ongoing pa lang iyong case, hindi pa o wala pang sanction both kay PSSg Torda at PSSg Ramos. Iyong kay PSSg Ramos, except for na-dismiss po siya at nag-go on iyong kaniyang administrative case, ano po, 'no, Mr. Speaker.

Mr. Speaker, Ginoong Sponsor, sobrang glaring po ng kaso na ito ni Fabel Pineda sa pang-aabuso at pagpaslang ng mga miyembro mismo ng kapulisan sa kababaihan sa panahon ng COVID-19. Napakahalaga po na mahatulan at maparusahan ang mga pulis na sangkot dito. As far as we can remember, wala pa nga pong mga nasentensiyahan pero ito nga, at least nalaman natin iyong case na ito, mayroon tayong pagsisimulan. Nakatutok po kami dito, ang GABRIELA Women's Party, para sa kasong ito para mabigyan ng hustisya ang biktima at hindi po namin titigilan, lalong-lalo na ang PNP at lokal na awtoridad, sa kasong ito para matiyak nga iyong katarungan para kay Fabel Pineda.

Now, my next question, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ay tungkol sa NTF-ELCAC. Under the proposed 2021 Budget, nasa P19.1 billion po ang kabuuang budget ng NTF-ELCAC. Ngayon, may line item po na budget under the DILG and other agencies, pero gusto po nating malaman – kasi noong nakaraang hearing po, nag-request kami sa DILG na magbigay ng report kaugnay sa paggastos ng pondo sa mga programang ito, kabilang ang programa ng PNP na End Local Communist Armed Conflict dahil for next year, the program will continue to receive P1.008 billion, same as its budget for this year. Ngayon, may maibibigay na bang report ang DILG kaugnay dito? Ang sinabi lang po ni Secretary Año last time ay para sa operations ng PNP, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasama, nag-submit po ang DILG noong September 17, through Committee on Appropriations Chairman Eric Yap, copy furnished po si Rep. Arlene D. Brosas,

regarding po sa breakdown po ng ELCAC fund na P1,084,,433,000.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, wala pa pong natatanggap ang Kinatawang ito kaugnay sa report na iyan. Maaari pong i-follow up siguro sa Committee ng Appropriations.

Mr. Speaker, Mr. Sponsor, I will go on with my question. Lumalabas po kasi – actually, nahihiwagaan po kami dito sa P19 billion na ito e kasi, in fact, malaki iyong budget na ito kaysa sa pinagsamang budget ng Department of Trade and Industry at Department of Tourism. Ang Department of Trade and Industry nga po ay P5.34 billion at ang Department of Tourism mayroon lamang P3.84 billion, pero ang NTF-ELCAC, may P19 billion. So, lumalabas po mula sa kabuuang P19 billion, napakaliit ng naka-line item sa DILG at maging sa iba pang ahensiya. Ang P16.44 billion ay nasa porma po ng Special Purpose Fund. Tsinek po natin iyong GAB at tiningnan po natin, lump sum pa rin siya. In short, may menu man pero hindi naman identified iyong mga barangays na paglalagakan nitong sinasabi natin na P16.44 billion na LGSF. Now, can the Sponsor confirm if the DILG is the one issuing circulars and guidelines for LGSF in the past at may say ba ang DILG kaugnay sa P16.44 billion Barangay Development Program na kino-consider na part ng LGSF, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. JALOSJOS. Tama po iyon, pero po ang P16 billion po ay hindi po nakalagay sa DILG funds po. Ito po ay nasa loob ng LGSF po. Hindi po ang DILG po. DBM po ay may hawak, not DILG.

REP. BROSAS. Linawin ninyo po, ano po ang magiging role ng DILG kaugnay dito?

REP. JALOSJOS. Isa lang po siya sa task force that will identify po ang mga barangays na makakatanggap or kasali sa requirements – may requirements na makakatanggap ng project, bilang sa pondong ito po.

REP. BROSAS. So, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, they are the ones who will identify iyong mga barangay? Tama po ba, iyon ang sinasabi ninyo?

REP. JALOSJOS. Kasama na po sa task force. Ang task force po ay ang local government, ang DILG, ang AFP, ang lahat ng ahensiya po, kasama po sa task force na ito para po ma-identify ang mga barangay na infested po ng mga rebelde.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, may malaking hiwaga sa amin ito e, kung paanong iyong task force ay may pribilehiyo na magkaroon ng line items sa iba't ibang ahensiya habang may Special Purpose Fund pa. Daig pa nito iyong Office of the Vice President e at ilang key agencies at mga legislative districts in terms of budget for next year. Lumalabas, mga P20 million, ano, iyong budget for – mga ipapamigay dito, ipapamahagi dito. Wala po akong ibang choice kundi humingi ng clarification dito sa DILG, sa NTF-ELCAC budget dahil DILG ang naglalabas ng guidelines hinggil sa Local Government Support Fund, bukod sa si Secretary Año po ay miyembro ng NTF-ELCAC. Wala rin po sa budget deliberation schedule ang pagdepensa nitong NTF-ELCAC sa kaniyang multi-billion na budget dahil hindi nga klaro kung anong entidad mayroon dito. Kaya gusto po nating itanong sa Sponsor, Mr. Speaker, kung ano po iyong naging basehan nito? Mayroon po bang batas, enabling law, bilang legal basis ng Executive – ng ano na ito, ng NTF-ELCAC na ito?

REP. JALOSJOS. E.O. No. 70 po.

REP. BROSAS. Executive Order No. 70. It is an Executive Order, the enabling law?

SUSPENSION OF SESSION

REP. JALOSJOS. May I ask for a one-minute suspension, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 2:33 a.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 2:35 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, mahal nating kasamahan sa Kongreso, ang batayan po na ginamit po ng E.O. No. 70, ang ginamit pa pong clause is, “maintenance of peace and order, the protection of life, liberty, and property, and promotion of the general welfare are essential for the enjoyment by all the people of the blessings of democracy,” from Article 2 po of the 1987 Constitution.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, Constitution po iyang sinasabi ninyo, sina-cite ninyo. Ang itinatanong ko po ay kung may enabling law tayo na pinagbasehan nito.

REP. JALOSJOS. There is no enabling law needed because it is a constitutional provision and it is within the powers and mandate of the President.

REP. BROSAS. Kasi dapat may legal basis po kahit ang creation ng Executive Order No. 70, ano po. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, gusto ko pong tanungin sa inyo ang itinanong ko rin sa NSC at sa NICA. Mayroon po bang National Peace Framework na siya dapat naglalaman ng prinsipyo, plano at programa kaugnay sa operasyon ng NTF-ELCAC. May kopya po ba ang DILG nito?

REP. JALOSJOS. Opo. Mayroon pong National Peace Framework and the DILG can provide the good Congresswoman a copy po.

REP. BROSAS. Nasaan po?

Mr. Speaker, Mr. Sponsor, paano natin bibigyan ng malaking budget ang NTF-ELCAC kung hindi po natin makikita iyong kopya na ito? Wala po tayong mechanism for audit and accountability hangga't hindi natin ito nakikita. Sa GAB pa lang po kitang-kita natin, wala po ditong mga barangay, listahan ng barangay. Even Secretary Año said na magbibigay siya ng listahan ng mga barangay kung saan po mapupunta iyong mga budget na nandito.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang nating kasama sa House, actually po, naibigay na po sa Chairman, sa Appropriation Committee po, ang listahan ng barangay at mga project niya po noong September 29 pa po.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, bakit hindi po siya inilagay sa NEP kung mayroon ng listahan o sa GAB?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, aalamin po namin sa DBM bakit hindi po niya isinama agad, ipinasa naman po ng DILG or ng ELCAC. Hindi pala DILG, ELCAC po ang nagpasa po ng listahan. Kasi po ang listahan na ito ay ginawa po noong 2016 to 2019. Hindi pa po kasama kasi sa validation po iyong 2020 to 2021. Iyan po ang kasama po. So, matagal na po ang listahan na ito dahil ang namili po ng mga proyekto na dapat sa bawat barangay, ang mga barangay din po, sa halagang P20 million bawat barangay po.

REP. BROSAS. Iyon nga, Mr. Speaker, Mr. Sponsor. Kung sila ang pumili at mayroon na palang listahan, bakit hindi ito inilabas o inilagay sa NEP para ma-cross check? Sila po iyong naghain 'di ba?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang na kasama, aalamin po namin as soon as possible po ang rason bakit hindi isinama po sa NEP.

REP. BROSAS. Kahit po ang mga district Representatives natin inilagay kung ano iyong mga menu at ano iyong mga lugar no'ng mga proyekto. At bakit po mae-exempt itong P19 billion ng NTF-ELCAC para doon, Mr. Speaker, Mr. Sponsor? Mr. Speaker, Mr. Sponsor, bagong opisina ba ito, ang NTF-ELCAC? Saan pong opisina nito? May staffing pattern ho ba ito?

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, it is a coordinating body created by the President with all agencies to end communist rebels in our country po.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, may we request Secretary Año to provide

this Chamber with a copy of the NTF-ELCAC organizational and staffing pattern, and details of their salary levels. Kasi, Mr. Speaker, kung may organizational at staffing pattern ang NTF-ELCAC, bakit hindi ito inilagay sa NEP? Kung separate office siya, new ba siya, bagong office siya? E di dapat mayroon siyang ganon. Halimbawa po, may PS allotment ba ito? Makikita natin iyon doon, hindi ba? At kahit pa po sabihin ninyo, sinasabi ninyo na coordinating body ito, kahit pa sabihin nating convergent at whole-of-nation approach ang prinsipyong pinaiiral dito, malinaw po dapat na may staffing pattern ito. Saan po kinukuha iyong pampasuweldo, halimbawa, ng mga NTF-ELCAC executive ninyo, staff ninyo, ganyan po.

REP. JALOSJOS. Mr. Speaker, kagalang-galang nating kasama, sige po magpapasa po kami. Ang secretariat po ng opisina po is sa Office of the President po. Katulad po ng sinabi ko, hindi po under the DILG po ang pondong P16 billion po. Under the DBM po siya, under the NTF-ELCAC. Kaya hindi po ang DILG ang nararapat na magbigay kung hindi ang Office of the President po. Pero bagama't ganon pala, si Secretary Año ay tutulong po para makuha at maibigay sa opisina ninyo po ang hinihingi ninyo pong mga requirements po.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ganon pa man, we are asking questions like these sa DILG because it is a member-agency of the NTF-ELCAC at inaasahan po namin o pine-presume namin na si DILG Secretary Año knows this very well dahil siya po iyong nagsusuporta sa Executive Order No. 70. Kaya, Mr. Speaker, wala pong reason para hindi ito alam at masabi ng DILG. Mr. Speaker, ito ang kakaiba e, very striking sa NTF-ELCAC. Hindi po siya ahensiya, pero lahat ng ahensiya ay sa kaniya. Hindi siya new office, pero may pinapasuweldong Executive Director, may mga staff. It has programs in various agencies including the DILG, yet, it cannot fully submit to us iyong copy ng National Peace Framework.

Ngayon pa lang sinasabi ninyo, mayroon po bang ano niyan, soft copy niyan? The DILG,

in fact, should have furnished us a copy of the peace framework in advance at iyong several line items in support of the NTF-ELCAC. And it regularly issues memo circulars to the LGUs. In fact, inisa-isa nga namin iyong mga circulars e. Mayroon po kayong inilabas ng July 24, 2019 that led to the constitution of society organizations; tapos Guidelines for the Local Government Units noong August 6, 2019; tapos iyong Guidelines on the Implementation of the Retooled Community Support Program; October 11, Declaration to Condemn all Forms of Atrocities and Acts of Violence; November 25 – pinaka-new nga itong June 22, Remedial Measures on the Localization of Executive Order No. 70 and all DILG peace-building initiatives. So, ito po iyong mga ipinalabas na kopya ng mga memo circulars to LGUs to ensure their support and implementation ng EO No. 70. Now, why would we allow billions to be allocated into this task force? Shady po ito without any semblance of checks and balances and accountability. Kaya, Mr. Speaker, yaman din lang na marami pang issues ang ating mga kasamahan at kahilingan, I move to defer the deliberations on the budget of the DILG.

SUSPENSION OF SESSION

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 2:44 a.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 2:45 a.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.

Majority Leader.

REP. ROMUALDO. I move that we suspend the consideration of the proposed budget of the Department of the Interior and Local Government and its attached agencies.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

Majority Leader.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 7727

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move to suspend the consideration of House Bill No. 7727.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

Majority Leader.

SUSPENSION OF SESSION

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we suspend the session until Monday, October 5, 2020, at ten o'clock in the morning.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended until Monday, October 5, 2020, at ten o'clock in the morning.

It was 2:46 a.m.